The

WESTMINSTER CONFESSION *of* FAITH

TAGALOG-ENGLISH DIGLOT VERSION

In 1643, during a period of civil war, the English "Long Parliament" (under the control of Presbyterian Puritans) convened an assembly of theologians mostly composed of Puritan ministers, but included a few Scottish commissioners) at Westminster Abbey in London. Their task was to advise Parliament on how to bring the Church of England into greater conformity with the Church of Scotland and the Continental Reformed churches.

The Westminster Assembly produced documents on doctrine, church government, and worship that have largely defined Presbyterianism down to this day. These documents included a Confession of Faith (1646), a Larger Catechism (1647), and a Shorter Catechism (1647), often collectively called "the Westminster standards."

The great Princeton theologian B. B. Warfield called the Westminster Confession "the most thoroughly thought out and most carefully guarded statement ever penned of the elements of evangelical religion…. filled with the expressed essence and breathing the finest fragrance of spiritual religion."

The

WESTMINSTER CONFESSION *of* FAITH

TAGALOG-ENGLISH DIGLOT VERSION

The

WESTMINSTER CONFESSION *of* FAITH

TAGALOG-ENGLISH DIGLOT VERSION

©2008 by Napoleon F. Malabuyo

All rights reserved.

Unless otherwise indicated, Scripture quotations are from *The Holy Bible, English Standard Version*®, copyright © 2001 by Crossway Bibles, a publishing ministry of Good News Publishers. Used by permission. All rights reserved.

Printed in the Republic of the Philippines.

Table of Contents
Talaan ng mga Nilalaman

PAUNANG SALITA
ANG KASAYSAYAN NG WESTMINSTER CONFESSION OF FAITH AT NG TEKSTO NITO
Kapitulo 1 Ang Banal Na Kasulatan 13
Kapitulo 2 Ang Diyos At Ang Banal Na Trinidad 18
Kapitulo 3 Ang Walang Hanggang Pagtatakda Ng Diyos 21
Kapitulo 4 Paglikha 24
Kapitulo 5 Tungkol sa Probidensiya
Kapitulo 6 Ang Pagkahulog Ng Tao, Ang Kasalanan, At Ang Kaparusahan Nito 29
Kapitulo 7 Ang Covenant Ng Diyos sa Tao 31
Kapitulo 8 Si Cristo, Ang Tagapamagitan
Kapitulo 9 Ang Kalayaan Ng Kalooban Ng Tao 38
Kapitulo 10 Mabisang Pagtawag 40
Kapitulo 11 Ang Pagpapahayga na Matuwid 42
Kapitulo 12 Ang Pagkukupkop 45
Kapitulo 13 Ang Pagiging Banal 46
Kapitulo 14 Ang Nakaliligtas Na Pananampalataya 48
Kapitulo 15 Ang Pagsisisi Tungo Sa Buhay 50
Kapitulo 16 Mabubuting Gawa 52

PREFACE
THE HISTORY OF THE WESTMINSTER CONFESSION OF FAITH AND ITS TEXT
Chapter 1 Of the Holy Scriptures
Chapter 2 Of God and the Holy Trinity
Chapter 3 Of God's Eternal Decree
Chapter 4 Of Creation
Chapter 5 Of Providence
Chapter 6 Of the Fall of Man, of Sin, and of Its Punishment
Chapter 7 Of God's Covenant with Man
Chapter 8 Of Christ the Mediator
Chapter 9 Of Free Will
Chapter 10 Of Effectual Calling
Chapter 11 Of Justification
Chapter 12 Of Adoption
Chapter 13 Of Sanctification
Chapter 14 Of Saving Faith
Chapter 15 Of Repentance unto Life
Chapter 16 Of Good Works

Kapitulo 17 Ang Pananatili Ng Mga Banal 55
Chapter 17 Of the Perseverance of the Saints

Kapitulo 18 Ang Katiyakan Ng Biyaya Ng Kaligtasan 57
Chapter 18 Of the Assurance of Grace and Salvation

Kapitulo 19 Ang Kautusan Ng Diyos 60
Chapter 19 Of the Law of God

Kapitulo 20 Ang Kalayaang Cristiano At Kalayaan Ng Budhi 70
Chapter 20 Of Christian Liberty and Liberty of Conscience

Kapitulo 21 Ang Banal Na Pananambahan At Ang Araw Ng Sabbath 73
Chapter 21 Of Religious Worship and the Sabbath Day

Kapitulo 22 Mga Matuwid Na Sumpa At Panata 78
Chapter 22 Of Lawful Oaths and Vows

Kapitulo 23 Pangmamamayang Pamahalaan 81
Chapter 23 Of Civil Authorities

Kapitulo 24 Ang Pag-Aasawa at Diborsiyo 84
Chapter 24 Of Marriage and Divorce

Kapitulo 25 Ang Iglesia 87
Chapter 25 Of the Church

Kapitulo 26 Ang Pakikisama Ng Mga Banal 89
Chapter 26 Of the Communion of Saints

Kapitulo 27 Ang mga Sakramento 91
Chapter 27 Of the Sacraments

Kapitulo 28 Ang Bautismo 93
Chapter 28 Of Baptism

Kapitulo 29 Ang Banal Na Hapunan 96
Chapter 29 Of the Lord's Supper

Kapitulo 30 Ang Disiplina ng Iglesia 100
Chapter 30 Of Church Discipline

Kapitulo 31 Ang mga Sinodika at mga Kapulungan 102
Chapter 31 Of Synods and Councils

Kapitulo 32 Ang Kalagayan Ng Tao Pagkamatay At Ang Pagka-buhay Na Mag-Uli Ng Patay 104
Chapter 32 Of the State of Men after Death, and the Resurrection of the Dead

Kapitulo 33 Ang Huling Paghuhukom
Chapter 33 Of the Last Judgment

APPENDISE Diksionaryo ng mga Mahahalagang Salitang Teolohikal 108
APPENDIX Dictionary of Key Theological Terms

Appendix 1 – Dictionary of Key Theological Terms

covenant – a unilateral solemn agreement made between God and man, in which God dictates all the terms.

covenant of works – the covenant God made with Adam wherein He promised life for obedience and death for disobedience to Adam.

covenant of grace – the covenant God made with all who believe in Jesus Christ as their substitutionary sacrifice for the forgiveness of their sins, with a promise of eternal life.

inihinga – inspired, as in "The Scriptures are inspired by God," which means that the Scriptrures were "breathed out" by God to human authors (2 Tim 3:16).

esensya – see **substansya.**

katiyakan – *assurance.***;** the state of being confident in one's salvation given by the word of God and the Holy Spirit.

ikintal – *to seal*; to assure, confirm, or bind with or as if with a seal.

pagkakadugtong – *ingrafting*; joining or uniting closely.

tanda – *sign.*

tatak – *seal*.

pagbabagong-espirituwal – *regeneration*. The act of the Holy Spirit whereby He gives new life to a spiritually-dead sinner by renewing his spirit.

pagpapala – *blessing, benefit*.

pagpapapayapa – *propitiation*. The turning away of God's wrath on sin by the sacrificial blood of Christ.

pagpapahayag na matuwid – ***justification***. the legal imputation of Christ's righteousness to the sinner, causing him to become acceptable to God.

rebelde – ***rebel, apostate***. those who fall away from the faith, who revolt against the truth of God's word.

substansya – ***substance.*** (1) the characteristic and essential components of a thing; (2) the essential nature or underlying reality of a thing.

testamento – *testament;* (1) a written document providing for the disposition of a person's property after death; a will; (2) either of the two major portions of the Bible: the Mosaic or old covenant or dispensation, or the Christian or new covenant or dispensation.

tn. – tingnan (*see*)

Paunang Salita

Ang pagsasaling ito sa wikang Pilipino ng Westminster Confession of Faith ay batay sa salin sa Tagalog ng 1689 London Baptist Confession of Faith na pinagtibay ng mga iglesiang Reformed Baptist noong 1991.

Ang pangunahing prinsipyo ng Westminster Assembly ay ipahayag lamang ang mga doktrina na "maliwanag na isinulat sa Kasulatan," o yaong mga galing sa "mabuti at kinakailangang paghihinuha ng Kasulatan." Ang resulta ng pagsisikap ng kapulungang ito ay hindi lamang ang pinaka-lohikal, ganap, dakila, at ang pinakamahalaga, pinaka-biblikal na Confession na ginawa ng Cristianismo.

Ang 1689 London Baptist Confession of Faith ay sinadyang itinulad sa 1646 Westminster Confession of Faith. Ang mga pangunahing pagkakaiba ng dalawang Confession na ito ay ang Kapitulo 7 (Tungkol sa Covenant ng Diyos sa Tao), Kapitulo 15 (Tungkol sa Pagsisisi Tungo sa Buhay), Kapitulo 23 (Tungkol sa Awtoridad na Sibil), Kapitulo 25 (Tungkol sa Iglesia), Kapitulo 27 (Tungkol sa mga Sakramento), Kapitulo 28 (Tungkol sa Bautismo), at Kapitulo 29 (Tungkol sa Banal na Hapunan). Ang 1689 LBCF ay nagdagdag ng Kapitulo 20 (Tungkol sa Ebanghelyo At Ang Abot Ng Biyayang Ito) at tinanggal ang Kapitulo 30 (Tungkol sa Disiplina ng Iglesia) at Kapitulo 31 (Tungkol sa

Preface

This translation of the Westminster Confession of Faith into the Filipino language (Tagalog) is based on the Tagalog translation of the 1689 London Baptist Confession of Faith which was approved by Reformed Baptist churches in 1991.

The leading principle of the Westminster Assembly is to declare only what is "expressly stated in Scripture" or those which are deduced "by good and necessary consequence" from Scripture. The result of the diligence of this Assembly is not only the most logical, complete, and noble, but also the most important and most biblical Confession ever produced by Christendom.

The 1689 London Baptist Confession of Faith was intentionally derived from the 1646 Westminster Confession of Faith. The major differences between these two confessions can be found in Chapter 7 (Of God's Covenant with Man), Chapter 15 (Of Repentance unto Life), Chapter 23 (Of Civil Authorities), Chapter 25 (Of the Church), Chapter 27 (Of the Sacraments), Chapter 28 (Of Baptism), and Chapter 29 (Of the Lord's Supper). The 1689 LBCF also added a chapter entitled "The Gospel and the Extent of Grace Thereof" (Chapter 20) and deleted Chapter 30 (Of Church Discipline) and Chapter 31 (Of

mga Sinodika at mga Kapulungan).

Ang mga pangunahing pagkakaiba at ang mga iba pang pagkakaiba sa mga salita ng LBC sa WCF ay isa-isang sinuri at pinag-aralan ng awtor ng saling ito. Upang makatulong sa pag-unawa sa mga terminong Tagalog, mayroong Appendise 1 na "Tagalog-English Dictionary of Biblical and Theological Words."

May mga salitang teolohikal na walang katumbas na isang salita sa Tagalog. Sa mga ganitong pagkakataon, gumamit ako ng mga prase na pinaka-malapit ang kahulugan sa Ingles. Ang isang halimbawa ay ang salitang "justification" na sa Ingles ang simpleng kahulugan ay "declaration of righteousness or being just." Ang matandang salin sa Tagalog na Banal na Kasulatan ay "pag-aaring ganap." Ito ay wasto ring salin, subali't mahirap maunawaan ng mga bagong henerasyon. Dahil dito ay ang ginamit kong salin ay "pagpapahayag na matuwid" na madaling maintindihan ng karamihan ng magbabasa. Gayundin ay ang mga salitang Ingles na "covenant," "covenant of works," "covenant of grace," "Old Testament," at "New Testament" ay pinanatili.

Maraming pagkakataon na ang mahirap humanap ng teolohikal na salita sa Tagalog na katumbas ng salita sa Ingles, kahit na gumamit ng mahabang prase. Dahil sa maraming salitang galing sa Ingles at Kastila ang

Synods and Councils).

The major differences and other differences in wording and use of words between the LBCF and the WCF were examined in great detail by the author of this translation. To aid the reader in understanding the use of Tagalog words and terminology, the author added an Appendix 1 entitled "Tagalog-English Dictionary of Biblical and Theological Words."

Some theological terms in English have no single-word equivalent in Tagalog. In these cases, the author used phrases closest in meaning to the English terms. An example is "justification" which in simple terms means "declaration of righteousness or being just." The old Tagalog Bible translates this as "pag-aaring ganap." This is a correct translation, but one that the younger generation would find hard to understand. Thus, I used the translation "pagpapahayag na matuwid" which is understood by many. As well, the translator retained the English words "covenant," "covenant of works," "covenant of grace," "Old Testament," and "New Testament," which are also understood by most readers.

It is sometimes difficult to find theological words in Tagalog which are closely equivalent to English words, even if long phrases are used. Because many English and Spanish words are commonly used in the

Subali't ang mga masasama na hindi nakakakilala sa Diyos at hindi sumusunod sa ebanghelyo ni Jesu-Cristo ay itatapon sa walang hanggang pagdurusa. Sila ay parurusahan sa walang hanggang kapahamakan malayo sa presensya ng Panginoon at sa kaluwalhatian ng Kanyang kapangyarihan.[5]

3. Ninanais ni Cristo na walang alinlangan na naniniwala tayong may darating na araw ng paghuhukom upang pigilin ang lahat ng tao sa pagkakasala; at gayon din, upang magbigay ng higit na kaaliwan sa mga banal sa kanilang kahirapan.[6] Subali't inililihim naman Niya ang petsa ng araw na yaon upang hindi magtiwala ang mga tao sa kanilang sarili; upang sila ay palaging magbabantay dahil hindi nila nalalaman ang oras ng pagdating ng Panginoon; at upang palaging nakahanda silang magsabi, "Bilisan mo ang pagparito mo, Panginoong Jesus! Amen." [7]

know God and who do not obey the gospel of Jesus Christ, shall be cast into eternal torments and be punished with everlasting destruction from the presence of the Lord and from the glory of his power.

3. As Christ would have us to be absolutely convinced that there will be a day of judgment, both to deter all men from sin and to give greater consolation to the godly in their adversity, so will he have that day unknown to men, that they may shake off all carnal security, may always be watchful, because they do not know at what hour the Lord will come, and may always be prepared to say, "Come, Lord Jesus. Come quickly. Amen."

[5] Matt. 25:31-46; Rom. 2:5-6; 9:22-23; Matt. 25:21; Acts 3:19; 2 Thess. 1:7-10; Mark 9:48.

[6] 2 Pet. 3:11, 14; 2 Cor. 5:10-11; 2 Thess. 1:5-7; Luke 21:27-28; Rom. 8:23-25.

[7] Matt. 24:36, 42-44; Mark 13:35-37; Luke 12:35-36; Rev. 22:20.

Kapitulo 33
Tungkol sa
Huling Paghuhukom

1. Itinalaga ng Diyos ang isang araw na dito ay huhukuman Niya ang sanlibutan sa katuwiran sa pamamagitan ni Jesu-Cristo[1] na Siyang binigyan ng Ama ng buong kapangyarihan at paghuhukom.[2] Sa araw na ito, hindi lamang ang mga rebeldeng anghel ang huhukuman[3] kundi pati na rin ang lahat ng mga taong nabuhay sa sanlibutan. Sila ay haharáp sa tronong hukuman ni Cristo upang magbigay-sulit sa kanilang mga isip, mga salita at mga gawa, at upang tumanggap ng hatol na naaayon sa mabuti o masamang ginawa nila sa kanilang mga katawan.[4]

2. Ang layunin ng Diyos sa pagtatakda ng araw na ito ay upang maipahayag ang kaluwalhatian ng Kanyang kahabagan sa walang hanggang kaligtasan ng Kanyang mga pinili, at sa kadakilaan ng Kanyang katarungan sa kapahamakan ng mga sinumpa na masasama at masuwayin.5 Sa araw na iyon, ang mga matuwid ay tutungo sa buhay na walang hanggan at tatanggapin ang kapuspusan ng kagalakan at kapahingahan na manggagaling sa presensya ng Panginoon.

Chapter 33
Of the Last Judgment

1. God has appointed a day in which he will judge the world in righteousness by Jesus Christ, to whom all power and judgment has been given by the Father. In that day not only shall the apostate angels be judged, but also shall all people who have ever lived on earth appear before the judgment seat of Christ in order to give an account of their thoughts, words, and deeds, and to receive judgment according to what they have done in the body, whether good or evil.

2. God's purpose in appointing this day is to manifest the glory of his mercy in the eternal salvation of the elect, and the glory of his justice in the damnation of the reprobate, who are wicked and disobedient. On that day the righteous shall go into everlasting life and receive that fullness of joy and refreshing which shall come from the presence of the Lord; but the wicked, who do not

[1] Acts 17:31.

[2] John 5:22, 27.

[3] Jude 6; 2 Pet. 2:4.

[4] 2 Cor. 5:10; Eccl. 12:14; Rom. 2:16; 14:10, 12; Matt. 12:36-37.

karaniwang ginagamit sa salitang Tagalog, at ang mga ito ay mas madaling mauunawaan ng mga nagbabasa, minarapat ko na sa mga pagkakataong ito ay gumamit ng mga Tagalog na transliterasyon ("Tagalized") ng Ingles o Kastilang salita. Dalawang halimbawa ay ang "adultery" at "fornication." Ang "adultery" ay tamang isinasalin na "pakikiapid" o "pangangalunya," subali't ang dalawang salitang ito ay hindi tamang gamitin sa pagsasalin ng "fornication." Ang ibig sabihin ng "fornication" ay ang pagkakaroon ng pag-uugnayang seksuwal ng dalawang taong hindi kasal sa isa't isa, at ito ay walang katumbas sa Tagalog. Ang ginamit ko dito ay "pornikasyon."

Ang isa pang halimbawa ng isang lubhang mahirap na isalin sa Tagalog ay ang salitang "substance" ("The three Persons of the Trinity are of one 'substance'"). Kahit na sa diksiyonaryong Ingles-Tagalog ay "sangkap" ang salin, ang ginamit ko ay "substansya" dahil sa mahirap humanap ng mas tamang salita o prase. At angkaraniwang kahulugan ng "sangkap" ay "ingredient."

Ang mga iba pang nakatulong sa pagsasaling ito ay ang mga sumusunod: *English-Tagalog Dictionary* ni Leo J. English (Manila, Philippines: National Bookstore, 2001); *Ang Bagong Ang Biblia* ng Philippine Bible Society (Manila: PBS, 2001); at ang *Tagalog-English Diglot Bible* ng PBS (Manila: PBS, 1994).

Tagalog language, these transliterations or derivations are understood easier by the reader. This is why the author used these "Tagalized" or transliterated English and Spanish words in some cases. A couple of examples are the words "adultery" and "fornication." "Adultery" is rightly translated "pakikiapid" or "pangangalunya," but these two words do not translate "fornication" correctly. "Fornication" means to have a sexual relationship between two persons who are not married to each other. This has no equivalent in Tagalog, so the author used "pornikasyon."

Another example of a very difficult word to translate into Tagalog is "substance," as in "The three Persons of the Trinity are of one "substance'". Although the English-Tagalog dictionary uses "sangkap," the author used "substansya" for lack of a better word or phrase, since "sangkap" is more often understood as "ingredient."

Other resources which the author found useful in producing this translation are: *English-Tagalog Dictionary* ni Leo J. English (Manila, Philippines: National Bookstore, 2001); *Ang Bagong Ang Biblia* ng Philippine Bible Society (Manila: PBS, 2001); and *Tagalog-English Diglot Bible* ng PBS (Manila: PBS, 1994).

lahat ng mga patay ay ibabangon sa kanila mismong mga katawan at wala nang iba,7 bagama't iba't iba ang katangian,8 at ang mga katawang ito ay masasàmang muli sa kanilang mga kaluluwa magpakailanman.[6]

3. Ang mga katawan ng mga di-matuwid ay ibabangong mag-uli sa kasiraang puri10 sa kapangyarihan ni Cristo. Ang mga katawan ng mga matuwid ay ibabangong mag-uli sa kaluwalhatian sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu,11 at sila ay magiging katulad ng Kanyang sariling maluwalhating katawan.[7]

shall be raised up with their selfsame bodies, and no other (although with different qualities), which shall be united again with their souls forever.

3. By the power of Christ the bodies of the unjust shall be raised to dishonor. The bodies of the just shall be raised to honor by his Spirit and brought into conformity with Christ's own glorious body.

[6] John 5:25-29; Acts 24:15; Job 19:26-27; Dan. 12:2; 1 Cor. 15:42-44.

[7] Acts 24:15; John 5:25-29; 1 Cor. 15:43; Phil. 3:21.

Kapitulo 32
Tungkol sa Kalagayan ng Tao Pagkamatay at ang Pagkabuhay na Mag-Uli ng mga Patay

1. Ang mga katawan ng mga tao ay nabubulok at bumabalik sa alabok pag-kamatay nila,[1] nguni't ang kanilang mga kaluluwa, na hindi namamatay ni natu-tulog man at may walang hanggang buhay, ay bumabalik agad sa Diyos na nagbigay sa kanila ng buhay.[2] Ang mga kaluluwa ng mga matuwid, na pinasa-sakdal sa kabanalan pagkamatay, ay tinatanggap sa pinakamataas na kalangitan. Doon ay nakikita nila ang mukha ng Diyos sa liwanag at kaluwal-hatian, habang naghihintay sila sa lubos na katubusan ng kanilang mga katawan.[3] Ang mga kaluluwa ng mga masasama ay itinatapon sa impiyerno at doon sila ay nananatili sa pagdurusa at lubhang kadiliman, at inilalaan sa paghuhukom sa dakilang araw.[4] Ang Banal na Kasulatan ay walang tinatanggap na ibang lugar na pagdadalhan sa mga kaluluwang nahi-walay sa kanilang mga katawan maliban sa dalawang itong nabanggit.

2. Sa huling araw, ang mga matatagpuang nabubuhay ay hindi mamamatay kundi mababago.[5] Ang

Chapter 32
Of the State of Men After Death and the Resurrection of the Dead

1. After death, the bodies of men decay and return to dust, but their souls, which neither die nor sleep, having an immortal existence, return immediately to God, who gave them. The souls of the righteous are then made perfect in holiness and received into the highest heavens, where they behold the face of God in light and glory as they wait for the full redemption of their bodies. The souls of the wicked are cast into hell, where they remain in torments and utter darkness as they are kept for the judgment of the great day. Scripture recognizes no other place except these two for the souls which have been separated from their bodies.

2. At the last day those who are alive shall not die but shall be changed. All the dead

[1] Gen. 3:19; Acts 13:36.

[2] Luke 23:43; Eccl. 12:7.

[3] Heb. 12:23; 2 Cor. 5:1, 6, 8; Phil. 1:23; Acts 3:21; Eph. 4:10; Rom. 8:23.

[4] Luke 16:23-24; Acts 1:25; Jude 6-7; 1 Pet. 3:19.

[5] 1 Thess. 4:17; 1 Cor. 15:51-52.

Ang Kasaysayan ng Westminster Confession of Faith at ng Teksto Nito

Ang teksto na ginamit sa saling ito ng Westminster Confession of Faith ay ang pinagtibay ng Ikalawang Asemblea-Heneral ng Orthodox Presbyterian Church sa Estados Unidos noong 1936. Maliban sa mga pagbabago na pinagtibay noong 1936 na Asembleya-Heneral, ang tekstong ito ay "hinango galing sa orihinal na dokumento na isinulat ni Cornelius Burgess noong 1646" sa Westminster Assembly. Ang mga pruwebang-teksto galing sa Banal na Kasulatan ay inihanda noong una ng mga delegado ng Westminster Assembly, at nirebisa at pinagtibay sa loob ng maraming taon ng mga sumusunod na komite at Asembleya-Heneral.

Dahil dito, kailangan na magbigay-ulat sa mga panimula ng Presbiteryanismo galing sa England at Scotland hanggang sa pagtatatag nito sa Estados Unidos, na kung saan nanggaling and OPC pagkatapos na ito ay humiwalay sa Presbyterian Church sa Estados Unidos.

Noong 1643, noong may digmaang sibil sa England, ang

The History of the Westminster Confession of Faith and Its Text

The text used in this translation is the Westminster Confession of Faith as adopted by the Second General Assembly of the Orthodox Presbyterian Church in the United States. Except for the revisions that had been adopted by the Second General Assembly in 1936, this text was "derived from the original manuscript written by Cornelius Burgess in 1646" during the Westminster Assembly. The Scripture proof texts were originally prepared by the Westminster divines, revised and approved over the years by a succession of committees and General Assemblies.

Thus, it is necessary to give an account of the beginnings of Presbyterianism from England and Scotland to its organization in the United States, where the OPC was formed after it separated from the Presbyterian Church in the U.S.A.

In 1643, during a period of civil war, the English "Long

"Long Parliament" (na kontrolado ng mga Presbiteryanong Puritan) ay nagtipon ng isang Asembleya ng mga teologo na ang karamihan ay mga ministrong Puritan at mga ilang mga komisyonadong galing sa Scotland. Ang kapulungan ay ginawa sa Westminster Abbey sa London. Ang kanilang atas ay ang magpayo sa Parlamento kung paano maitutulad ang Iglesia sa England sa Iglesia sa Scotland at sa mga Repormadong iglesia sa Europa.

Ang Westminster Assembly ay nakagawa ng mga dokumento sa doktrina, pamahalaan ng iglesia, at pananambahan na hanggang sa ngayon ay batayan ng Presbiteryanismo. Kabilang sa mga dokumentong ito na karaniwang tinatawag na "Westminster Standards" ay ang Confession of Faith (1646), Larger Catechism (1647), at ang Shorter Catechism (1647). Nguni't nakakalungkot na ang mga standard na ito ay hindi kahit kailan pinagtibay ng iglesia sa England dahil sa ang Long Parliament ay natalo sa digmaang sibil noong 1648. Pagkatapos ng digmaan, ang iglesia sa England ay ibinalik sa dating pamahalaang episkopal.

Pero iba ang mga pangyayari sa Scotland. Ang Asemblea-General ng Iglesia ng Scotland ay pinagtibay ang Confession of Faith noong 1647 at ang mga Katesismo noong 1648. Pinagtibay din ang mga ito ng

Parliament" (under the control of Presbyterian Puritans) convened an assembly of theologians mostly composed of Puritan ministers, but included a few Scottish commissioners) at Westminster Abbey in London. Their task was to advise Parliament on how to bring the Church of England into greater conformity with the Church of Scotland and the Continental Reformed churches.

The Westminster Assembly produced documents on doctrine, church government, and worship that have largely defined Presbyterianism down to this day. These documents included a Confession of Faith (1646), a Larger Catechism (1647), and a Shorter Catechism (1647), often collectively called "the Westminster standards." Tragically, the standards were never adopted by the Church of England as the Long Parliament lost the civil war in 1648, after which the church quickly reinstituted itself to its former episcopal system.

But things were different in Scotland. The General Assembly of the Church of Scotland adopted the Confession of Faith in 1647 and the Catechisms in 1648. The Scottish Parliament ratified them in 1649 and again (after a time of political and

mga sumbong ng hindi tamang pamamahala ng iglesia. Sila rin ang may autoridad na umaksyon sa mga sumbong na ito. Kung ang mg utos at pasya ng mga sinodika at kapulungan ay naaayon sa Salita ng Diyos, ang mga ito ay dapat na tanggapin ng may paggalang at pagsunod, hindi lamang dahil sa kanilang pagsang-ayon sa Salita ng Diyos, kundi dahil sa autoridad ng kanila pasya, na ang mga ito ay mga ordinansang itinalaga ng Kanyang Salita.[4]

maladministration in the church. If the decrees and decisions of these synods and councils are in accordance with the Word of God, they are to be received with reverence and submission, not only because of their agreement with the Word, but also because of the authority by which they are decided, as being an ordinance that God has appointed in his Word.

3. Mula pa noong panahon ng mga apostol, lahat ng mga sinodika at kapulungan, kahit na general o particular, ay maaaring magkamali, at marami ng nagkamali. Samakatwid, ang mga ito ay di dapat gagawin na regulasyon ng pananampalataya o buhay, subali't sila ay gagamitin na tulong patungkol sa dalawang bagay na ito.[5]

3. Since apostolic times, all synods and councils, whether general or particular, may err, and many have erred. Therefore, they are not to be made the rule of faith or practice, but are to be used as a help in regard to both.

4. Ang mga sinodika at kapulungan ay hindi hahawak o magpapasiya ng anuman kundi patungkol sa iglesia. Ang mga ito ay hindi dapat makikialam sa mga bagay-bagay na tungkol sa bansa, maliban sa kung ang iglesia ay may kahilingan na may pagpapakumbaba tungkol sa mga di-pangkaraniwang pangyayari. Ang iglesia ay maaari ding magbigay ng payo kung ito ay iniuutos ng mga autoridad ng bansa upang masiyahan ang konsensiya nila.[6]

4. Synods and councils are to handle or conclude nothing but what pertains to the church. They are not to intermeddle in civil affairs which concern the state, except by way of humble petition in extraordinary cases, or by way of advice, for satisfaction of conscience, if they are required to do so by the civil authority.

[4] Acts 15:15, 19, 24, 27-31; Acts 16:4; Matt. 18:17-20.

[5] Eph. 2:20; Acts 17:11; 1 Cor. 2:5; 2 Cor. 1:24; tn. Isa. 8:19-20; Matt. 15:9.

[6] Luke 12:13-14; John 18:36; Matt. 22:21.

Kapitulo 31
Tungkol sa mga Sinodika at mga Kapulungan

1. Upang lalong higit na pamahalaanan at pagtibayin ang iglesia, kinakailangan na magkaroon ng mga pagtitipon na ang karaniwang tawag ay sinodika o kapulungan.* [1] Ang mga tagapangasiwa at mga iba pang namamahala ng mga iglesia lokal ay may autoridad na humirang ng mga kapulungan at magtipon-tipon sa mga ito sa tuwing kinakailangan ito para sa pakinabang at ikabubuti ng iglesia.[2] Ang autoridad na ito ay nanggagaling sa kanilang mga tungkulin at kapangyarihan na ibinigay sa kanila ni Cristo para sa ikatitibay at hindi sa ikasisira ng iglesia.[3]

** Ang mga iglesia presbiteryana ay tinatawag ang synodika ("synod") o kapulungan ("council") na "general assembly" o kapulungang pangkalahatan. Ang tawag sa kapulungang pangdistrito ay "presbytery."*

2. Ang mga sinodika at kapulungan ay may autoridad na ministerial na magpasiya ng mga pagtatalo sa pananampalataya at sa mga kaso ng konsensiya. Sila ay gagawa ng mga patakaran at direksyon upang ang samasamang pananambahan sa Diyos at ang pamahalaan ng Kanyang iglesia ay maging higit na maayos. Ang mga kapulungan ay siyang tumatanggap ng

Chapter 31
Of Synods and Councils

1. For the better governing and further edifying of the church, there ought to be such assemblies as are commonly called synods or councils.* Overseers and other rulers of particular churches, by virtue of their office and the power which Christ has given them for edification and not for destruction, have authority to appoint such assemblies and to convene together in them as often as they judge it expedient for the good of the church.

** The term used byPresbyterian churches for synod or council is "general assembly," while a regional assembly is called a "presbytery."*

2. Synods and councils have authority ministerially to decide controversies of faith and cases of conscience, to set down rules and directions for the better ordering of the public worship of God and the government of his church, and to receive and authoritatively act on complaints of

[1] Acts 15:2, 4, 6.

[2] Acts 15:1-35; 20:17.

[3] Acts 15:1-35.

Parliamento ng Scotland noong 1649, at noong 1690 pagkatapos ng alitang politikal at pang-relihiyon. Ang katangiang Presbiteryano ng Iglesia ng Scotland ay napangalagaan n gang Scotland at England ay napag-isa iisang kaharian noong 1707. Maraming mga Presbiteryanong kapulungan ang natayo simula noon sa United Kingdom at sa buong mundo. Ang mga ito ay binuo ayon sa Westminster Standards.

Dahil sa imigrasyon ng mga taga-Scotland at Ireland sa Norte America, ilang iglesiang Presbiteryano ang natayo ditto. Ang Presbiteryanismong Amerikano ay pormal na nagsimula sa unang pagpupulong ng Presbiteryo ng Philadelphia noong 1706. Noong 1729, ang sinaunang Sinodika ng Philadelphia, na unang Sinodika sa Norte America, ay pinagtibay ang Confession of Faith at ang Larger and Shorter na mga Katesismo na "aming Confessions of Faith" sa naging tanyag na "Adopting Act." Noong 1788, ang Iglesia Presbiteryana sa U.S.A. ay pinagtibay na ang Westminster Standards ay "naglalaman ng sistema ng doktrina na itinuturo ng Banal na Kasulatan." Subali't nirebisa nito ang mga Kapitulo 20.4, 23.3 at 31.2 ng Confession sa pagtatanggal ng pamahalaang sibil sa pakikialam sa mga bagay tungkol sa iglesia. Tinanggal din ng

religious strife) in 1690. The Presbyterian character of the Church of Scotland was safeguarded when Scotland and England were united under one crown in 1707. Numerous Presbyterian bodies have been formed since then, both in the United Kingdom and around the world, and they have always been constituted on the basis of the Westminster Standards.

Because of Scottish-Irish immigration to North America, several Presbyterian churches were organized in the New World. American Presbyterianism officially began in 1706, when the Presbytery of Philadelphia held its first meeting. In 1729, the old Synod of Philadelphia, the first Presbyterian Synod in North America, adopted the Confession of Faith and Larger and Shorter Catechisms "as the Confessions of our Faith" in its famous "Adopting Act." In 1788, the Presbyterian Church in the U.S.A. adopted the Westminster Standards as "containing the system of doctrine taught in the Holy Scriptures." However, it revised chapters 20.4, 23.3, and 31.2 of the Confession, basically removing the civil magistrate (i.e., the state) from involvement in ecclesiastical matters. It also removed the phrase "tolerating a

Sinodikang ito mula sa talaan ng mga kasalanan sa Sagot 109 sa Larger Catechism ang "pagpapahintulot sa maling relihiyon." Ang salitang "depopulations" sa Sagot 142 ay pinalitan ng "depredation." Noong 1887, ang huling sentence sa Kapitulo 24.4 ng Confession, na nagbabawal ng pag-aasawa ng malapit na kamag-anak ng namatay na asawa, ay inalis.

Dahil sa mga impluwensiyang modernismo at liberal, at sa lumalawak na pagtutol sa mga doktrinang Reformada, pinagtibay ng PCUSA ang mga malawak na rebisyon ng Confession noong 1903. Inalis nito ang huling sentence sa Kapitulo 22.3, na nagbabawal ng pagtanggi sa tamang panunumpa na ipinag-uutos ng awtoridad ayon sa batas. Ang Kapitulo 25.6 tungkol sa pangulo ng iglesia ay nirebiso; at ang pagbabansag sa Papa ng Romano Catolico na Anticristo ay inalis din. Ang Kapitulo 34, "Tungkol sa Banal na Espiritu," ay idinagdag. Ang Kapitulo 35, "Tungkol sa Pag-ibig ng Diyos at Misyon," ay idinagdag din. Isang "Declaratory Statement" na ipinapaliwanag ang Kapitulo 3 at 10.3, ang tungkol sa paghirang at kaligtasan, ay idinugtong.

Noong 1936, ilang kongregasyon at mga tao ay sumuko sa kanilang mahabang pakikipaglaban upang mareporma

false religion" from the list of sins forbidden in Answer 109 of the Larger Catechism, and replaced "depopulations" in Answer 142 with "depredation." The Confession was amended again in 1887, when the final sentence of chapter 24.4, which banned the marrying of the close kindred of one's deceased spouse, was removed.

Because of modernist and liberal influences, and increasing opposition to Reformed doctrines, the PCUSA adopted more sweeping revisions of its Confession in 1903. Chapter 16.7, on the works of unregenerate men, was rewritten. The last sentence of chapter 22.3, which forbade the refusing of a proper oath when imposed by lawful authority, was removed. Chapter 25.6, on the head of the church, was rewritten, and the identification of the Roman Catholic pope as the Antichrist was removed. Chapter 34 ("Of the Holy Spirit") was added. Chapter 35 ("Of the Love of God and Missions") was also added. A "Declaratory Statement" explaining chapters 3 and 10.3 (on election and salvation) was appended.

In 1936, several congregations and individuals gave up their long struggle to reform the church and separated

ebanghelyo; at upang pigilin ang poot ng makatarungang Diyos na maaaring ipa-taw niya sa iglesia kung ito ay pahintulutan na ang Kanyang covenant at ang mga tatak nito ay lapastanganin ng mga makasalanang kilalang matitigas ang ulo.[3]

4. Upang ang mga layuning ito ay lalong higit na matamo, ang mga opisyal ng iglesia ay dapat na magpatuloy na may pagbababala sa pamamagitan ng pagtitigil ng pakikisalo sa sakramento ng Banal na Hapunan, at sa pagiiskomulga mula sa iglesia, ayon sa uri at antas ng kasalanan nito.[4]

gospel, and for averting the wrath of God which might justly fall on the church if it should allow his covenant and its seals to be profaned by notorious and obstinate offenders.

4. For the better attaining of these purposes, the officers of the church are to proceed by admonition, by suspension from the sacrament of the Lord's Supper for a time, and by excommunication from the church, according to the nature of the offense and the degree of the person's guilt.

[3] 1 Cor. 5:1-13; 1 Tim. 5:20; Matt. 7:6; 1 Tim. 1:20; 1 Cor. 11:27-34; Jude 23.
[4] 1 Thess. 5:12; 2 Thess. 3:6, 14-15; 1 Cor. 5:4-5, 13; Matt. 18:17; Tit. 3:10.

Kapitulo 30
Tungkol sa Disiplina ng Iglesia

1. Ang Panginoong Jesus, bilang Hari at Pangulo ng Kanyang iglesia, ay humirang ng pamahalaan nito. Ang pamahalaang ito ay pangungunahan ng mga opisyal ng iglesia, at ang mga ito ay iba at hiwalay sa mga autoridad na pangbayan.[1]

2. Ipinagkatiwala ng Panginoong Jesus ang mga susi ng kaharian ng langit sa mga opisyal na ito ng iglesia. Dahil dito, mayroon silang autoridad na panatilihin at magpatawad ng mga kasalanan. Mayroon din silang autoridad na isara ang kaharian laban sa mga hindi nagsisisi sa pamamagitan ng Salita ng Diyos at ng disiplina, at buksan ang kaharian para sa mga nagsisisi sa kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng disiplina, ayon sa kinakailangan ng situasyon.[2]

3. Ang disiplina ng iglesia ay kinakailangan para sa mga layuning ito: upang maibalik at makuhang mula ang mga kapwa Kristiyanong nagkasala; upang maging hadlang sa mga iba na gumawa ng kasalanang katulad nito; upang linisin ang masamang lebadura na makakahawa sa buong kongregasyon; upang maipagtanggol ang karangalan ni Cristo at ang banal na

Chapter 30
Of Church Discipline

1. The Lord Jesus, as King and Head of his church, has appointed a government in it, to be administered by church officers, distinct from the civil authorities.

2. To these church officers he has committed the keys of the kingdom of heaven. For this reason they have authority to retain and to remit sins, to shut the kingdom against the unrepentant both by the Word and by censures, and to open it to repentant sinners by the ministry of the gospel and by releasing from censures, as the occasion requires.

3. Church discipline is necessary for reclaiming and gaining fellow Christians who are guilty of offenses, for deterring others from committing similar offenses, for purging the leaven which might infect the whole lump, for vindicating the honor of Christ and the holy profession of the

[1] Isa. 9:6-7; Col. 1:18; 1 Tim. 5:17; 1 Thess. 5:12; Acts 20:17, 28; Heb. 13:7, 17, 24; Eph. 4:11-12; 1 Cor. 12:28; Matt. 28:18-20; John 18:36.

[2] Matt. 16:19; 18:17-18; John 20:21-23; 2 Cor. 2:6-8.

ang iglesia. Sila ay humiwalay mula sa PCUSA dahil sa mga deklarasyon nito na salungat sa mga katotohanan ukol sa Diyos, na nakikita sa mga idinagdag ng mga maka-modernismo sa Confession. Ang mga humiwalay ay nagsama-sama sa isang bagong iglesiang pinangalanan na Orthodox Presbyterian Church.

Ang unang Asemblea-Heneral ng bagong iglesia ay nagpulong sa Philadelphia at doon ay ipinahayag nito ang kanilang pagtutol sa lahat ng modernismo at mga iba pang uri ng kawalan ng pananampalataya na lumalaganap sa bayan. Ang aksyong ito ay isang pagpapahayag nila ng magalang na pagsang-ayon sa pagiging walang kamalian ng Old at New Testament, at ang pag-aakda ng Diyos sa mga ito. Ang Pangalawang Asemblea-Heneral noong Nobiembre 1936 ay pinagtibay ang Confession of Faith at mga Katesismo "sa kabuuang anyo nito" bago ito nirebiso noong 1903. Dalawang rebiso lamang ang pinanatili: ang rebiso ng Kapitulo 22.3, at ang pagtanggal sa pagbabansag sa Papa na Anticristo sa Kapitulo 25.6.

themselves from the PCUSA because of its official declarations in opposition to the truth of God, as evidenced by the church's modernist additions to the Confession. Those who separated banded together in a new church organization called the Orthodox Presbyterian Church.

The First General Assembly of this new organization met in Philadelphia and there displayed its opposition to all modernism and other forms of unbelief which were sweeping the nation. This action was a declaration of solemn adherence to the infallibility and divine authorship of the Old and New Testament books. The Second General Assembly in November 1936 adopted the Confession of Faith and Catechisms "in the form which they possessed" before the revisions of 1903 with two exceptions. The change in Chapter 22.3 and the removal of the reference to the pope as the Antichrist (but not the other changes) in Chapter 25.6 were retained.

elemento nito,[13] ay panloob din na kumakain at umiinom, sa pamamagitan ng pananam-palataya. Ito ay tunay na pagkain at pag-inom kay Cristo na ipinako sa krus at sa lahat ng pagpapala ng Kanyang kamatayan. Nguni't hindi pisikal kundi espiritu-wal ang pagkain at pag-inom na ito. Ang katawan at dugo ni Cristo ay hindi pisikal na nandoon, kasama, o nasa ilalim ng tinapay at alak. Subali't sa ordinansang ito, ang katawan at dugo ni Cristo ay tunay at espirituwal na naroroon sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya, kung paano ang tinapay at alak ay pisikal na nakikita, nahahawakan at nalalasap.[14]

also inwardly by faith, really and indeed, yet not physically but spiritually, receive and feed upon Christ crucified and all the benefits of his death. The body and blood of Christ are not physically in, with, or under the bread and wine; yet in this ordinance the body and blood of Christ are present to the faith of believers in as real a spiritual sense as the bread and wine are to their physical senses.

8. Kahit ang mga taong walang alam at napakasama ay tumanggap ng mga hayag na elemento ng sakramentong ito, hindi nila natatanggap ang bagay na inilalarawan nito. Bagkus, sa kanilang pakikisalo ng hindi nararapat, sila ay nagkakasala laban sa katawan at dugo ng Panginoon, sa kanilang kapahamakan. Samakatwid, dahil hindi sila karapat-dapat na makisama sa Panginoon, ang lahat ng mga taong walang alam at walang Diyos ay hindi rin karapat-dapat na makisalo sa Banal na Hapunan. Habang nananatili silang hindi karapat-dapat, hindi sila maaaring tanggapin sa hapag ng Panginoon,[15] o makisalo sa mga banal na misteryo nito ng walang malaking kasalanan laban kay Cristo.[16]

8. Even if ignorant and wicked men receive the outward elements in this sacrament, yet they do not receive that which is signified by the elements. Rather, by their unworthy coming to the sacrament, they are guilty of the body and blood of the Lord, to their own damnation. Therefore, all ignorant and ungodly people, because they are unfit to enjoy fellowship with the Lord, are also unworthy to participate in the Lord's supper. As long as they remain unworthy, they cannot be admitted to the Lord's table or partake of the holy mysteries without great sin against Christ.

[13] 1 Cor. 11:28.

[14] 1 Cor. 10:16. tn. 1 Cor. 10:3-4.

[15] 1 Cor. 11:27-29; 2 Cor. 6:14-16; 1 Cor. 10:21.

[16] 1 Cor. 5:6-7, 13; 2 Thess. 3:6, 14-15; Matt. 7:6.

5. Ang mga nakikitang elemento ng sakramentong ito na marapat na ibinukod sa paggamit na itinakda ni Cristo ay maliwanag na naglalarawan sa Kanya na napako sa krus, kung kaya't ang mga ito ay tinatawag paminsan-minsan sa mga bagay na kanilang inilalarawan: katawan at dugo ni Cristo. Ang mga ito ay totoong katawan at dugo ni Cristo,[10] bagama't sa spiritual na pamamaraan lamang. Ito ay totoo, kahit nananatili silang tunay na tinapay at alak lamang na walang pagbabago sa kanilang substansya at kalikasan.[11]

6. Ang doktrinang karaniwang tinatawag na *transubstantiation* na nagsasaad na ang substansya ng tinapay at alak ay nagiging substansya ng katawan at dugo ni Cristo sa pamamagitan ng pagtatalaga ng pari o anumang ibang paraan, ay kasuklam-suklam hindi lamang sa Banal na Kasulatan kundi maging sa karaniwang bait at katuwiran. Iginugupo nito ang kalikasan ng sakramento, at ito ay dati na at siya pa rin ngayong sanhi ng lahat ng uri ng pamahiin at labis na pagsamba sa diyos-diyosan.[12]

7. Ang mga karapat-dapat na tumatanggap ng sakramentong ito, na hayag na kumakain at umiinom ng mga nakikitang

5. The visible elements in this sacrament, when they are properly set apart for the uses ordained by Christ, have such a relationship to Christ crucified that they are sometimes called, truly, but only sacramentally, by the name of the things they represent, namely, the body and blood of Christ. This is true even though in substance and nature they still remain truly and only bread and wine, as they were before.

6. The doctrine which teaches that the substance of the bread and wine is changed into the substance of Christ's body and blood (commonly called transubstantiation) by the consecration of a priest, or in any other way, is repugnant not only to Scripture but even to common sense and reason. It overthrows the nature of the sacrament and has been and is the cause of many superstitions and gross idolatries.

7. Worthy receivers of this sacrament, outwardly partaking of its visible elements,

[10] Matt. 26:26-28.

[11] 1 Cor. 11:26-28; Matt. 26:29.

[12] Acts 3:21; 1 Cor. 11:24-26; Luke 24:6, 39.

1

Tungkol sa Banal na Kasulatan

1. Ang ilaw ng kalikasan at mga gawa ng Diyos sa paglikha at probidensiya, ay nagpapahayag sa Kanyang kabutihan, karunungan at kapangyarihan na anupa't ang tao ay walang maidadahilan.[1] Nguni't ang mga ito ay hindi sapat na makapagbigay ng kaalaman tungkol sa Diyos at sa kalooban ng Diyos na kailangan para sa kaligtasan.[2] Dahil dito, ang Panginoon ay nalugod, sa iba't ibang panahon at iba't ibang paraan, na ihayag ang Kanyang sarili at ang Kanyang kalooban sa Kanyang Iglesia.[3] At pagka-tapos, upang lalong matiyak ang pangangalaga at pagpapalaganap ng katoto-hanan, at ang pagtatatag at kaaliwan ng Iglesia laban sa likas na kabulukan ng makasalanang pagkatao at sa linlang ni Satanas at ng sanglibutan, ang Kanyang kalooban ay ipinahayag Niya sa pama-magitan ng pagsulat lamang.[4] Samaka-tuwid, ang Banal na Kasulatan ay lubos na kailangan[5], sapagkat ang paraan ng pagpapahayag ng Diyos ng Kanyang kalooban para sa Kanyang bayan noong una ay matagal nang natigil.[6]

2. Ang Banal na Kasulatan, o ang

Of the Holy Scriptures

1. Although the light of nature and the works of creation and providence manifest the goodness, wisdom, and power of God, to such an extent that men are without excuse, yet they are not sufficient to give that knowledge of God and of his will which is necessary for salvation. Therefore it pleased the Lord, at various times and in diverse ways, to reveal himself and to declare his will to his church; and afterward, for the better preserving and propagating of the truth, and for the more sure establishment and comfort of the church against the corruption of the flesh and the malice of Satan and of the world, to commit this revelation wholly to writing. Therefore the Holy Scripture is most necessary, God's former ways of revealing his will to his people having ceased.

2. Under the name of Holy

[1] Rom. 2:14-15; 1:19-20; Osa, 19:1-4; Rin, 1:32-2:1.

[2] John 17:3; 1 Cor. 1:21; 2:13-14.

[3] Heb. 1:1-2.

[4] Luke 1:3-4; Rom. 15:4; Matt. 4:4, 7, 10; Isa. 8:20.

[5] 2 Tim. 3:15; 2 Pet. 1:19.

[6] John 20:31; 1 Cor. 14:37; 1 John 5:13; 1 Cor. 10:11; Heb. 1:1-2; Heb. 2:2-4.

nasulat na Salita ng Diyos ay ang lahat ng mga sumusunod na mga aklat ng Old at New Testament:

Ang Old Testament

Genesis
Exodo
Levitico
Mga Bilang
Deuteronomio
Josue
Mga Hukom
Ruth
I Samuel
II Samuel
I Mga Hari
II Mga Hari
I Mga Cronica
II Mga Cronica
Ezra
Nehemias
Esther
Job
Mga Awit
Mga Kawikaan
Ecclesiastes
Ang Awit ng mga Awit
Isaias
Jeremias
Mga Panaghoy
Ezekiel
Daniel
Hoseas
Joel
Amos
Obadias
Jonas
Mikas
Nahum
Habakuk
Zefanias
Hagai
Zacarias
Malakias

Ang New Testament

Ang mga Ebang-helyo ayon kay:
Mateo
Marcos
Lucas
Juan
Mga Gawa ng mga Apostol
Ang mga Sulat ni Pablo sa (kay):
Mga Taga-Roma
1 Mga Taga-Corinto
2 Mga Taga-Corinto
Mga Taga-Galacia
Mga Taga-Efeso
Mga Taga-Filipos
Mga Taga-Colosas
1 Mga Taga-Tesalonica
2 Mga Taga-Tesalonica
1 Timoteo
2 Timoteo
Tito
Filemon
Ang sulat sa mga Hebreo
Ang sulat ni Santiago
Ang una at pangalawang sulat ni Pedro
Ang una, pangalawa at pangatlong sulat ni Juan
Ang sulat ni Judas
Ang Apocalipsis ni Juan

Scripture, or the written Word of God, are all the books of the Old and New Testaments, namely:

The Old Testament

Genesis
Exodus
Leviticus
Numbers
Deuteronomy
Joshua
Judges
Ruth
I Samuel
II Samuel
I Kings
II Kings
I Chronicles
II Chronicles
Ezra
Nehemiah
Esther
Job
Psalms
Proverbs
Ecclesiastes
Song of Songs
Isaiah
Jeremiah
Lamentations
Ezekiel
Daniel
Hosea
Joel
Amos
Obadiah
Jonah
Micah
Nahum
Habakkuk
Zephaniah
Haggai
Zechariah
Malachi

The New Testament

[7] Luke 16:29, 31; Luke 24:27, 44; 2 Tim. 3:15-16.

nakapipinsala sa isang tanging pagsasakripisyo ni Cristo na siyang tanging pagpapapayapa sa Diyos para sa lahat ng mga kasalanan ng mga hinirang.[4]

3. Sa ordinansang ito, hinirang ng Panginoong Jesus ang Kanyang mga ministro upang ipahayag ang salita ng pagkakatatag nito sa mga tao, upang manalangin at italaga ang mga elemento ng tinapay at alak. Sa ganitong paraan, ibinubukod ang mga ito mula sa karaniwang paggamit tungo sa banal na paggamit. Hahawakan at pagputul-putulin ng ministro ang tinapay, at pagkatapos ay ang saro, at kapwa ibibigay sa mga nagkokomunyon,[5] at siya ay makikisalo kasama ng kongregasyon. Nguni't hindi nila dapat ibigay ang mga elemento sa sinumang hindi naroroon sa kongregasyon.[6]

4. Ang mga sumusunod ay labag sa kalikasan ng sakramentong ito at sa pagtatatag nito ni Cristo[7]: ang mga pribadong Misa, o ang pagtanggap ng sakramentong ito galing sa pari, o sa sinuman, ng nag-iisa[8]; ang pagkakait ng saro sa mga kabilang ng kongregasyon[9]; ang pagsamba sa mga elemento, at ang pagtataas o ang pagdadala-dala ng mga ito para sambahin; at ang paglalaan ng mga ito para sa anumang kunwari'y relihiyosong paggamit.

fice of the mass (as they call it) is a detestable insult to Christ's one and only sacrifice, which is the only propitiation for all the sins of his elect.

3. In this ordinance the Lord Jesus has appointed his ministers to declare his word of institution to the people; to pray and consecrate the elements of bread and wine, and so set them apart from a common to a holy use; and to take and break the bread, take the cup, and give both to the communicants, and to partake with the congregation. But they are not to give the elements to any who are not then present in the congregation.

4. Private masses, or receiving this sacrament from a priest or anyone else, alone, are contrary to the nature of the sacrament and to the institution of Christ. For the same reasons it is forbidden to deny the cup to the members of the congregation, to worship the elements, to lift them up or carry them around for adoration, or to reserve them for any suppos-

[4] Heb. 7:23-24, 27; 10:11-12, 14, 18.
[5] Matt. 26:26-28; Mark 14:22-24; Luke 22:19-20; 1 Cor. 10:16-17; 11:23-27.
[6] Acts 20:7' 1 Cor. 11:20.
[7] 1 Cor. 10:16.
[8] Matt. 26:27-28; Mark 14:23; 1 Cor. 11:25-29.
[9] Matt. 15:9.

Kapitulo 29
Tungkol sa Banal na Hapunan

1. Itinatag ng ating Panginoong Jesu-Cristo ang sakramento ng kanyang katawan at dugo, na tinatawag na Banal na Hapunan, nang gabi ring yaon na Siya ay ipinagkanulo. Ito ay dapat gawin ng Kaniyang iglesia hanggang sa katapusan ng sanlibutan, upang palagiang alalahanin ang pagsasakripisyo ng Kanyang sarili sa Kanyang kamatayan; upang ikintal ang lahat ng pagpapala ng kamatayang iyon para sa mga tunay na mananampalataya; upang palusugin at palaguin ang kanilang mga espirito kay Cristo; upang palakasin ang kanilang pagganap ng lahat ng tungkulin na dapat nilang gawin para sa Kanya; at upang ito ay maging buklod at pangako ng pakikisama kay Cristo at sa isa't isa, bilang mga kaanib ng Kanyang mistikal na katawan.[1]

2. Sa sakramentong ito, hindi inihahandog si Cristo sa Kanyang Ama, at hindi rin ito tunay na handog na ginagawa para sa kapatawaran ng kasalanan ng buhay o patay.[2] Kundi, ang Banal na Hapunan ay isang pag-aalaala lamang sa tanging pagsasakripisyo ni Cristo ng Kanyang sarili sa krus, minsan at magpakailanman. Ito ay espirituwal na paghahandog ng pinakamataas na pagpupuri sa Diyos para sa pagsasakripisyong ito.[3] Kaya ang tinatawag na sakripisyo ng Misa ng Iglesia Romano ay lubhang kasuklam-suklam, at

Chapter 29
Of the Lord's Supper

1. Our Lord Jesus, on the night when he was betrayed, instituted the sacrament of his body and blood, called the Lord's supper. It is to be observed in his church until the end of the age for the perpetual remembrance of the sacrifice of himself in his death, for the sealing of all the benefits of that death unto true believers, for their spiritual nourishment and growth in him, for their increased commitment to perform all the duties which they owe to him, and for a bond and pledge of their fellowship with him and with each other as members of his mystical body.

2. In this sacrament Christ is not offered up to his Father, nor is any real sacrifice made at all for the forgiveness of the sins of the living or the dead. Instead, this sacrament is only a commemoration of that one sacrifice by which Christ offered himself on the cross once for all. The sacrament is a spiritual offering of the highest praise to God for that sacrifice. So, the Roman Catholic sacri-

[1] 1 Cor. 11:23-26; 10:16-17, 21; 12:13.

[2] Heb. 9:22, 25-26, 28; 10:10-14

[3] 1 Cor. 11:24-26; Matt. 26:26-27; Luke 22:19-20.

Ang lahat ng mga aklat na ito ay inihinga ng Diyos upang maging tuntunin ng pananampalataya at buhay.[7]

3. Sapagka't ang mga aklat na karaniwang tinatawag na Apocrypha ay hindi inihinga ng Diyos, ang mga ito ay hindi bahagi ng kanon ng Kasulatan. Kaya nga ang mga ito ay walang awtoridad sa Iglesia ng Diyos, at dapat na pagtibayin o gamitin ang mga ito gaya lang ng ibang aklat na sinulat ng tao.[8]

4. Dahil sa awtoridad ng Banal na Kasulatan, ito ay dapat na paniwalaan at sundin. Ang awtoridad nito ay hindi batay sa patotoo ng sinumang tao o iglesia,[9] kundi lubos na mula sa Diyos lamang, na may-akda ntio, at Siya mismo ang katotohanan. Dahil ditto, ito ay dapat tanggapin sapagka't ito ay

The Gospels according to:
Matthew
Mark
Luke
John
The Acts of the Apostles
The Epistles of Paul to:
Romans
1 Corinthians
2 Corinthians
Galatians
Ephesians
Philippians
Colossians
1 Thessalonians
2 Thessalonians
1 Timothy
2 Timothy
Titus
Philemon
The Epistle to the Hebrews
The Epistle of James
The 1st & 2nd Epistles of Peter
The 1st, 2nd & 3rd Epistles of John
The Epistle of Jude
The Revelation of John

All these are given by inspiration of God to be the rule of faith and life.

3. The books commonly called the Apocrypha, because they are not divinely inspired, are not part of the canon of Scripture, and therefore are of no authority in the church of God and are not to be approved, or made use of, in any manner different from other human writings.

4. The authority of the Holy Scripture, because of which it ought to be believed and obeyed, does not depend upon the testimony of any man or church, but entirely upon God, its author (who is truth itself); therefore it is to be received,

[8] Rev. 22:18-19; Rom. 3:2; 2 Pet. 1:21.

Salita ng Diyos.[9]

5. Ang patotoo ng Iglesia ay maaaring makaimpluwensiya at makahikayat sa atin na magbigay ng pinakamataas na paggalang at pagtatangi sa Banal na Kasulatan.[10] Ang mga sumusunod na pagpapaliwanag ay masaganang katunayan na ito ay Salita ng Diyos: ang makalangit na nilalaman; ang bisa ng mga turo; ang karangalan ng pagkasulat, na ang bawa't bahagi ay nagkakaisa at nagbibigay ng buong luwalhati sa Diyos; ang ganap na paghahayag tungkol sa tanging daan ng kaligtasan; ang marami pang ibang lubhang kagalingan; at ang kawalang-kapintasan ng kabuuan nito.[12] Gayon pa man, ang buong pananampalataya at katiyakan ng katotohanan nito na hindi maaaring magkamali at ng banal na awtoridad nito ay nanggagaling sa gawa ng Banal na Espiritu na nagpapatotoo sa ating puso, kasama na rin ang Salita ng Diyos.[11]

6. Ang kabuuan ng kapahayagan ng Diyos tungkol sa lahat ng bagay na kailangan para sa Kanyang kaluwalhatian, at sa kaligtasan, pananampalataya, at buhay ng tao ay maliwanag na isinulat sa Kasulatan, o di kaya ay sa pamamagitan ng mabuti at kinakailangang paghihinuha ng Kasulahat (matanda man o sanggol) ng mga taong itinakda ng Diyos na bigyan ng biyayang ito sa itinakdang panahon, sa pamamagitan ng Kanyang sariling kalooban.[17]

7. Ang sakramento ng bautismo ay minsang lang isasagawa sa isang tao.[18]

because it is the Word of God.

5. We may be moved and induced by the testimony of the church to a high and reverent esteem for the Holy Scripture. The heavenly character of its content, the efficacy of its doctrine, the majesty of its style, the agreement of all its parts, the scope of the whole (which is to give all glory to God), the full disclosure it makes of the only way of man's salvation, its many other incomparable excellencies, and its entire perfection, are arguments by which it gives abundant evidence that it is the Word of God. Nevertheless, our full persuasion and assurance of its infallible truth and divine authority is from the inward work of the Holy Spirit bearing witness by and with the Word in our hearts.

6. The whole counsel of God concerning all things necessary for his own glory and man's salvation, faith, and life, is either expressly stated in Scripture or by good and necessary inference may be deduced from Scripture, unto which nothing at any time

[9] 2 Pet. 1:19-20; 2 Tim. 3:16; 1 John 5:9; 1 Thess. 2:13; Rev. 1:1-2.
[10] 1 Tim. 3:15.
[11] 1 Cor. 2:9-10; Heb. 4:12; John 10:35; Isa. 55:11; Rom. 11:36; Psa. 19:7-11; 2 Tim. 3:15; 1 Cor. 2:4-5; 1 Thess. 1:5; 1 John 2:20, 27; Isa. 59:21.

by the Holy Spirit to all (whether adults or infants) to whom that grace belongs, according to the counsel of God's own will, in his appointed time.

7. The sacrament of baptism is to be administered only once to any person.

[17] Rom. 6:3-6; Gal. 3:27; 1 Pet. 3:21; Acts 2:38, 41.
[18] Rom. 6:3-11.

3. Ang paglulubog ng mananam-palataya sa tubig ay hindi kinakailan-gan, kundi ang pagbabautismo ay nararapat na isinasagawa sa pamam-agitan ng pagbubuhos o pagwi-wisik ng tubig sa binabautismuhan.[10]

3. Dipping of the person into the water is not necessary. Baptism is rightly administered by pouring or sprinkling water on the person.

4. Ang mga bibinyagan ay hindi lamang yaong mga taong nagpapaha-yag ng pananampalataya at pagsunod kay Cristo,[11] kundi ang mga sanggol ng isa, o parehong mananampalatayang magulang.[12]

4. Not only those who person-ally profess faith in and obedi-ence to Christ, but also the infants of one or both believing parents, are to be baptized.

5. Bagama't ang maghamak o magpa-baya sa ordinansang ito ay malaking kasalanan,[13] ang biyaya at kaligtasan ay hindi kakabit na hindi na maihihiwalay dito, na ang isang tao ay hindi magkakaroon ng bagong buhay o maliligtas ng wala ito.[14] Hindi rin totoo na ang lahat ng nabautismuhan ay tiyak na may pagbabagong-espirituwal.[15]

5. Although it is a great sin to despise or neglect this ordi-nance, nevertheless, grace and salvation are not so inseparably connected with it that a person cannot be regenerated or saved without it. Neither is it true that all who are baptized are undoubtedly regenerated.

6. Ang bisa ng bautismo ay hindi nakakabit sa oras na ito ay isinagawa.[16] Subali't sa tamang paggamit ng ordi-nansang ito, ang ipinangakong biyaya ay hindi lamang iniaalok, kundi ito rin ay totoong inihahayag at ipinagkakaloob ng Banal na Espiritu sa

6. The efficacy of baptism is not tied to that moment of time when it is administered. Nevertheless, by the right use of this ordinance, the grace prom-ised is not only offered but really exhibited and conferred

[10] Heb. 9:10, 13, 19, 21; Mark 7:2-4; Luke 11:38.

[11] Acts 2:41; 8:12-13; 16:14-15.

[12] Gen. 17:7-14; Gal. 3:9, 14; Col. 2:11-12; Acts 2:38-39; Rom. 4:11-12; Matt. 19:13; Mark 10:13-16; Luke 18:15-17; Matt. 28:19; 1 Cor. 7:14.

[13] Gen. 17:14; Matt. 28:19; Acts 2:38; tn. Luke 7:30.

[14] Rom. 4:11; Acts 10:2, 4, 22, 31, 45, 47.

[15] Acts 8:13, 23.

[16] John 3:5, 8.

latan. Walang anumang maaaring idagdag sa Kasulatan kahit kalian, maging ito'y ipinalagay na bagong pahayag ng Espiritu, o mga tradisyon ng tao.[12] Gayon pa man, kinikilala namin na ang pagpapaliwanag ng Banal na Espiritu ay kinakailangan upang maunawaan ang mga bagay sa Salita ng Diyos tungkol sa kaligtasan.[13] Kinikilala din naming na may mga bagay-bagay tungkol sa pagsamba sa Diyos at ng pamamahala ng iglesia na laganap sa mga asal ng tao o sa mga kaugalian ng mga lipunan. Ang mga bagay-bagay na ito ay kailangang nasa kaayusan ayon sa ilaw ng kalikasan at ng mabuting pagpapasiyang Cristiano ayon sa pangkalahatang pagtuturo ng Salita ng Diyos na siyang dapat nating palaging sundin.[14]

is to be added, whether by new revelations of the Spirit or by traditions of men. Nevertheless, we acknowledge that the inward illumination of the Spirit of God is necessary for the saving understanding of such things as are revealed in the Word. We also acknowledge that there are some circumstances concerning the worship of God and the government of the church, circumstances common to human activities and societies, which are to be ordered by the light of nature and Christian prudence, according to the general rules of the Word, which are always to be observed.

7. Hindi lahat ng mga nilalaman ng Kasulatan ay pare-pareho ang antas ng kalinawan, ni pare-pareho man ang antas ng kalinawan sa lahat ng tao.[15] Gayon man, yaong mga bagay na mahalaga sa kaligtasan ng tao na kailangan na malaman, sampalatayanan at sundin ay napakalinaw na inihayag at ipinaliwanag sa iba't ibang bahagi ng Kasulatan. Kaya hindi lamang ang mga taong may pinag-aralan, kundi yaon ding mga hindi nag-aral ay magkakaroon ng sapat na pagkaunawa ng mga ito kung sila lamang ay wastong gagamit ng mga

7. Not all things in Scripture are equally plain in themselves or equally clear to all; yet those things which are necessary to be known, believed, and observed for salvation are so clearly stated and explained in one place or another in Scripture, that not only the educated but also the uneducated may gain a sufficient understanding of them by a proper use of the

[12] 2 Tim. 3:16-17; Gal. 1:8-9; 2 Thess. 2:2.

[13] John 6:45; 1 Cor. 2:12, 14-15; Eph. 1:18; 2 Cor. 4:6.

[14] 1 Cor. 11:13-14; 1 Cor. 14:26, 40.

[15] 2 Pet. 3:16.

karaniwang pamamaraan.[16]

8. Ang Old Testament sa Hebreo (ang likas na wika ng lumang bayan ng Diyos) at New Testament sa Griego (ang wika na pinaka-karaniwan sa mga bansa noong panahon na isinulat ito) ay deretsong inihinga ng Diyos at sa pamamagitan ng Kanyang tanging pag-iingat at probidensiya ay pinanatili itong dalisay sa lahat ng panahon. Dahil dito, ito ay may awtoridad,[17] at dapat itong maging laging batáyan sa mga pagtatalong pang-relihiyon.[18] Ang mga mananampalataya ay may karapatang mabasa, at may mahalagang pakinabang sa Banal na Kasulatan, kaya ito'y ipinag-uutos na basahin at saliksikin ito[19] nang may takot sa Diyos. Dahil hindi lahat ng mga mananampalataya ay nakakaunawa ng wikang Hebreo at Griego, ang Kasulatan ay dapat isalin sa pangkaraniwang wika ng lahat ng mga bansa na mararating nito.[20] Ito'y upang ang Salita ng Diyos ay higit na manatili sa puso ng lahat, at sa pamamagitan nito ay sumamba sila sa Diyos sa katanggap-tanggap na paraan,[21] at sa pamamagitan ng pagtitiyaga at pag-aliw ng Kasulatan ay magkaroon sila ng pag-asa.[22]

ordinary means.

8. The Old Testament in Hebrew (which was the native language of the people of God of old) and the New Testament in Greek (which at the time it was written was the language most generally known to the nations), being directly inspired by God and by his unique care and providence kept pure in all ages, are therefore authoritative, so that in all controversies of religion the church is finally to appeal to them. But, because these original languages are not understood by all the people of God, who have a right to, and a vital interest in, the Scriptures and are commanded to read and search them in the fear of God, therefore the Scriptures are to be translated into the common language of every nation to which they come; so that, the Word of God dwelling abundantly in all, they may worship him in an acceptable manner and by perseverance and the encouragement of the Scriptures may have hope.

16 Psa. 119:105, 130; Deut. 29:29; Deut. 30:10-14; Acts 17:11
17 Matt. 5:18; Psa. 119:89.
18 Isa. 8:20; Matt. 15:3, 6; Acts 15:15; Luke 16:31.
19 John 5:39; Acts 17:11; Rev. 1:3; 2 Tim. 3:14-15.
20 Matt. 28:19-20; 1 Cor. 14:6; Mark 15:34.
21 Col. 3:16; Exod. 20:4-6; Matt. 15:7-9.
22 Rom. 15:4

Kapitulo 28
Tungkol sa Bautismo

1. Ang bautismo ay isang sakramento ng New Testament na itinatag ni Jesu-Cristo[1] hindi lamang para sa solemneng pagtanggap sa taong binautismuhan sa hayag na iglesia.[2] Ang bautismo ay tanda at tatak din ng covenant of grace,[3] ng kanyang pagkakadugtong kay Cristo,[4] ng pagbabagong-espirituwal,[5] ng pagpapatawad ng mga kasalanan,[6] ng pagbibigay ng kanyang sarili sa Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo upang siya ay makalakad sa panibagong buhay.[7] Sa pamamagitan ng pagtatakda ni Cristo, ang sakramentong ito ay kailangang ipagpapatuloy sa Kanyang iglesia hanggang sa katapusan ng sanglibutan.[8]

2. Ang hayag na elementong sa sakramentong ito ay tubig at dito ang mananampalataya ay binabautismuhan sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Banal na Espiritu, ng isang ministro ng mabuting balita na tinawag sa gawaing ito ayon sa batas ng iglesia.[9]

Chapter 28
Of Baptism

1. Baptism is a sacrament of the new testament, ordained by Jesus Christ, by which the person baptized is solemnly admitted into the visible church. Baptism is also for him a sign and seal of the covenant of grace, of his ingrafting into Christ, of regeneration, of forgiveness of sins, and of his surrender to God through Jesus Christ to walk in newness of life. By Christ's own appointment, this sacrament is to be continued in his church until the end of the age.

2. The outward element to be used in this sacrament is water, with which the person is to be baptized in the name of the Father, and of the Son, and of the Holy Spirit. Baptism is to be performed by a minister of the gospel, lawfully called to that office.

1 Matt. 28:19; 1 Cor. 11:20, 23; 4:1; Eph. 4:11-12.
2 1 Cor. 12:13; Gal. 3:27-28.
3 Rom. 4:11; Col. 2:11-12.
4 Gal. 3:27; Rom. 6:5.
5 John 3:5; Tit. 3:5.
6 Mark 1:4; Acts 2:38; Acts 22:16.
7 Rom. 6:3-4.
8 Matt. 28:19-20.
9 Acts 10:47; Acts 8:36, 38; Matt. 28:19.

ng mga ito,[7] kundi sa gawa ng Banal na Espiritu[8] at sa salita ng pagtatalaga ng mga ito. Ang pagtatalagang ito ay mayroong kautusan na nagbibigay-pahintulot ditto, at mayroon ding pangako ng pagpapala sa mga tumatanggap nito ng karapat-dapat.[9]

4. Dalawa lamang ang sakramentong itinatag ni Cristong ating Panginoon sa ebanghelyo: ang bautismo at ang Banal na Hapunan. Ang mga sakramentong ito ay hindi dapat pangasiwaan ng sinumang tao, kundi ng isang ministrong ordinado lamang, ayon sa Salita ng Diyos.[10]

5. Tungkol sa mga espirituwal na katotohanan na kinakatawan at ipinapakita, ang mga sakramento ng Old Testament ay kapareho ng diwa ng mga sakramento sa New Testament.[11]

ment depend on the piety or intention of him who administers it, but rather on the work of the Spirit and on the word of institution, which contains (together with a precept authorizing its use) a promise of benefit to worthy receivers.

4. There are only two sacraments ordained by Christ our Lord in the gospel: baptism and the Lord's supper. Neither sacrament may be administered by any person except a minister of the Word, lawfully ordained.

5. With regard to the spiritual realities signified and exhibited, the sacraments of the old testament were essentially the same as those of the new testament.

[7] Rom. 2:28-29; 1 Pet. 3:21.

[8] 1 Cor. 12:13.

[9] Matt. 26:26-28; Luke 22:19-20; Matt. 28:19-20; 1 Cor. 11:26.

[10] Matt. 28:19; 1 Cor. 11:20, 23; 1 Cor. 4:1; Eph. 4:11-12.

[11] 1 Cor. 10:1-4; Rom. 4:11; Col. 2:11-12.

9. Ang di maaring magkamaling tuntunin ng interpretasyon ng Kasulatan ay ang Kasulatan din mismo. Kaya't kung may pagtatalo ukol sa tunay at buong kahulugan ng isang bahagi ng Kasulatan, ang kasagutan ay dapat hanapin at tiyakin sa pamamagitan ng higit na malinaw na mga bahagi ng Kasulatan. Ang interpretasyon ng lahat ng bahagi ng Kasulatan ay hindi marami, kundi iisa lamang.[23]

10. Ang Banal na Espiritu, na nagsasalita sa pamamagitan ng Kasulatan, ang Siya lamang pinakamataas na hukom na magpapasiya sa lahat ng pagtatalo ukol sa relihiyon. Siya lamang ang magsusuri sa lahat ng mga utos ng anumang kapulungan, mga kuru-kuro ng mga sinaunang manunulat, mga doktrina ng mga tao, at mga pagsasalita ng pansariling kapahayagan. At tayo ay dapat manalig at masiyahan sa kapasiyahan lamang ng Banal na Espiritu.[24]

9. The infallible rule of interpretation of Scripture is the Scripture itself. Therefore, when there is a question about the true and full meaning of any Scripture (which is not manifold, but one), that meaning must be searched out and ascertained by other places that speak more clearly.

10. The supreme judge by whom all controversies of religion are to be settled and all decrees of councils, opinions of ancient writers, doctrines of men, and claims to private revelations are to be examined, can be only the Holy Spirit speaking in the Scripture. With his decision we are to be satisfied.

[23] Acts 15:15; John 5:46; 2 Pet. 1:20-21.

[24] Matt. 22:29, 31; Acts 28:25; 1 John 4:1-6.

2

Tungkol sa Diyos at ang Banal Na Trinidad

1. Mayroon lamang isa, at tanging isang,[1] buháy at tunay na Diyos.[2] Siya ay walang hangganan sa Kanyang pagka-Diyos at kasakdalan.[3] Siya lamang ang dalisay na Espiritu,[4] di-nakikita,[5] walang katawan, mga bahagi,[6] at mga silakbo ng damdamin.[7] Siya ay hindi nagbabago,[8] walang hangganan,[9] walang hanggan,[10] at hindi malilirip.[11] Siya ay makapangyarihan sa lahat,[12] marunong sa lahat,[13] kabanal-banalan,[14] ganap na malaya,[15] at lubos ang kaganapan.[16] Ginagawa Niya ang lahat ayon sa Kanyang di-nababago at pinakamatuwid na kalooban[17] tungo sa Kanyang sariling kaluwalhatian.[18] Siya ay puspos

Of God and the Holy Trinity

1. There is only one living and true God, who is infinite in being and perfection. He is a most pure spirit, invisible, with neither body, parts, nor passive properties. He is unchangeable, boundless, eternal, and incomprehensible. He is almighty, most wise, most holy, most free, and most absolute. He works all things according to the counsel of his own unchangeable and most righteous will, for his own

[1] Deut. 6:4; 1 Cor. 8:4, 6; tn. Gal. 3:20.
[2] 1 Thess. 1:9; Jer. 10:10.
[3] Job 11:7-9; Job 26:14; tn. Psa. 139:6.
[4] John 4:24.
[5] 1 Tim. 1:17; tn. John 1:18.
[6] Deut. 4:15-16; tn. John 4:24 at Luke 24:39.
[7] Acts 14:11, 15.
[8] Jas. 1:17; Mal. 3:6.
[9] 1 Kgs. 8:27; Jer. 23:23-24.
[10] Psa. 90:2; tn. 1 Tim. 1:17.
[11] Psa. 145:3; tn. Rom. 11:34.
[12] Gen. 17:1; Rev. 4:8.
[13] Rom. 16:27.
[14] Isa. 6:3; tn. Rev. 4:8.
[15] Psa. 115:3; tn. Isa. 14:24.
[16] Isa. 45:5-6; tn. Exod. 3:14.
[17] Eph. 1:11.
[18] Prov. 16:4; Rom. 11:36; tn. Rev. 4:11.

Kapitulo 27
Tungkol sa mga Sakramento

1. Ang mga sakramento ay banal na mga tanda at tatak ng covenant of grace.[1] Ang mga ito ay walang tagapamagitang itinalaga ng Diyos[2] upang kumatawan kay Cristo at sa mga pagpapalang galing sa Kanya, at upang pagtibayin ang ating pagkawili sa Kanya.[3] Ang mga ito rin ay inilalaan upang makita ang pagkakaiba ng mga kabilang ng iglesia sa mga kabilang ng sanglibutan[4]; at upang solemnong mag-atas sa mga Cristiano na maglingkod sa Diyos kay Cristo, ayon sa Kanyang Salita.[5]

2. Sa bawa't sakramento ay mayroong kaugnayang espirituwal o pag-iisang sakramental: sa nakikitang tanda at sa katotohanang kinakatawan ng tandang ito. Dahil dito ang mga pangalan at mga epekto ng tanda ay ipinalalagay doon sa katotohanan; at gayon din naman, ang katotohanan ay ipinalalagay sa tanda.[6]

3. Ang biyaya na ipinakikita ng mga sakramento, kung ginagamit ng nararapat, ay hindi nanggagaling sa anumang kapangyarihan ng mga ito. At ang bisa ng sakramento ay hindi rin batay sa kabanalan o intensiyon ng namamahala

Chapter 27
Of the Sacraments

1. Sacraments are holy signs and seals of the covenant of grace. They were directly instituted by God to represent Christ and his benefits and to confirm our relationship to him. They are also intended to make a visible distinction between those who belong to the church and the rest of the world, and solemnly to bind Christians to the service of God in Christ, according to his Word.

2. In every sacrament there is a spiritual relationship, or sacramental union, between the visible sign and the reality signified by it, and so it happens that the names and effects of the one are attributed to the other.

3. The grace which is exhibited in or by the sacraments, rightly used, is not conferred by any power in them. Neither does the efficacy of a sacra-

[1] Rom. 4:11; Gen. 17:7, 10-11.
[2] Matt. 28:19; 1 Cor. 11:23.
[3] Rom. 6:3-4; Col. 2:12; 1 Cor. 10:16; 1 Cor. 11:25-26; Gal. 3:27.
[4] Exod. 12:48; Gen. 34:14; 1 Cor. 10:21.
[5] Rom. 6:3-4; Gal. 3:27; 1 Pet. 3:21; 1 Cor. 10:16; tn. 1 Cor. 5:7-8.
[6] Gen. 17:10; Matt. 26:27-28; 1 Cor. 10:16-18.

3. Ang pagkakaisa ang mga banal kay Cristo ay hindi nangangahulugan na sila ay nakikisali sa substansya ng Diyos, o sa anumang paraan sila ay kapantay ni Cristo. Ang magpatibay ng ganito ay pagpapawalang-galang at paglapastangan sa Diyos.[6] At ang kanilang pakikisama sa isa't isa ay hindi rin nag-aalis o nanghihimasok sa pagmamay-ari o karapatan ng isang tao sa kanyang mga tinatangkilik at ari-arian.[7]

3. The communion which the saints have with Christ does not make them in any way partakers of the substance of his Godhead, or in any respect equal with Christ. To affirm either is irreverent and blasphemous. Nor does their fellowship with one another as saints take away or infringe upon any person's title to, or right to, his own goods and possessions.

[6] Col. 1:18-19; 1 Cor. 8:6; Psa. 45:6-7; Heb. 1:6-9; John 1:14; 20:17.

[7] Exod. 20:15; Eph. 4:28; Acts 5:4.

ng pagmamahal,[19] biyaya, awa, pasensya, kabutihan at katotohanan. Siya ay nagpapatawad ng kasamaan, pagsuway at kasalanan,[20] at nagpapala sa mga masikap na huma-hanap sa Kanya.[21] Nguni't Siya ay makatarungan at nakakatakot sa mga kahatulan Niya,[22] at napopoot sa lahat ng kasalanan.[23] Hindi Niya maaaring pawalang-sala ang mga may kasalanan.[24]

glory. He is most loving, gracious, merciful, longsuffering, abundant in goodness and truth, forgiving iniquity, transgression, and sin, and he is the rewarder of those who diligently seek him. He is also most just and terrifying in his judgments, hating all sin, and will by no means acquit the guilty.

2. Ang lahat ng buhay,[25] kaluwalhatian,[26] kabutihan[27] at pagpapala[28] ay matatagpuan sa Diyos at sa Kanya lamang. Ang Diyos lamang ang sapat sa Kanyang sarili, at hindi Siya nanganga-ilangan ng anuman sa Kanyang nilikha,[29] ni hindi Siya kumukuha ng anumang bahagi ng Kanyang kaluwalhatian mula sa kanila.[30] Sa halip ay Kanyang inihahayag ang Kanyang sariling kaluwalhatian sa kanila sa pamamagitan nila. Siya ang bukal ng lahat ng buhay, at ang simula, daluyan at patutunguhan ng lahat ng mga bagay.[31] Siya ang nakapangyayari sa ibabaw ng

2. God has all life, glory, goodness, and blessedness in and of himself. He alone is all-sufficient, in and to himself, not standing in need of any creatures which he has made, nor deriving any glory from them, but rather manifesting his own glory in, by, to, and on them. He alone is the fountain of all being, of whom, through whom, and to whom are all things. He has absolute sovereignty

[19] 1 John 4:8; tn. 1 John 4:16; John 3:16.

[20] Exod. 34:6-7.

[21] Heb. 11:6.

[22] Neh. 9:32-33. tn. Heb. 10:28-31.

[23] Rom. 1:18; Psa. 5:5-6; tn. Psa. 11:5.

[24] Exod. 34:7a; tn. Nah. 1:2-3, 6.

[25] Jer. 10:10; tn. John 5:26.

[26] Acts 7:2.

[27] Psa. 119:68.

[28] 1 Tim. 6:15; tn. Rom. 9:5.

[29] Acts 17:24-25.

[30] Luke 17:10.

[31] Rom. 11:36.

lahat ng Kanyang nilikha, at ginagawa Niya ang lahat ng Kanyang loobin sa kanila, sa pamamagitan nila, at para sa kanila. [32] Ang lahat ng mga bagay ay nakalantad sa Kanyang paningin.[33] Ang Kanyang kaalaman ay walang hanggan at hindi maaaring magkamali, sapagka't ito'y hindi nakasalalay sa anumang nilikha.[34] Wala Siyang pinagsasalalayan ng kahit anong bagay, at lahat ng bagay ay may katiyakan para sa Kanya.[35] Siya ay kabanal-banalan sa lahat ng Kanyang pasiya, mga gawain, at mga kautusan.[36] Ang mga anghel, ang mga tao, at anu pa mang nilalang ay dapat sumamba, maglingkod, sumunod, at ibigay ang anumang Kanyang ikinalulugod na hingin sa kanila.[37]

over them, to do by them, for them, or upon them whatever he pleases. In his sight all things are open and manifest; his knowledge is infinite, infallible, and independent of his creatures; so that nothing to him is contingent or uncertain. He is most holy in all his counsels, in all his works, and in all his commands. To him is due from angels and men, and every other creature, whatever worship, service, or obedience he is pleased to require of them.

3. Sa iisang Diyos ay may tatlong Persona na iisa sa substansya, sa kapangyarihan at sa kawalang-hanggan: ang Dios Ama, ang Dios Anak, at ang Dios Banal na Espiritu.[38] Ang Ama ay walang simula o pinanggalingan. Ang Anak ay bugtong na Anak ng Ama mula sa walang hanggan.[39] Ang Banal na Espiritu ay nagbuhat sa Ama at sa Anak mula sa walang hanggan.[40]

3. In the unity of the Godhead there are three persons, of one substance, power, and eternity: God the Father, God the Son, and God the Holy Spirit. The Father is of none, neither begotten nor proceeding; the Son is eternally begotten of the Father; the Holy Spirit eternally proceeds from the Father and the Son.

[32] Rev. 4:11; Dan. 4:25, 35. tn. 1 Tim. 6:15.
[33] Heb. 4:13.
[34] Rom. 11:33-34; Psa. 147:5.
[35] Acts 15:18; Ezek. 11:5.
[36] Psa. 145:17; Rom. 7:12.
[37] Rev. 5:12-14.
[38] Matt. 3:16-17; Matt. 28:19; 2 Cor. 13:14. tn. Eph. 2:18.
[39] John 1:14, 18; tn. Heb. 1:2-3; Col. 1:15.
[40] Psa. 33:11; Eph. 1:11; Heb. 6:17.

Kapitulo 26
Tungkol sa Pagsasamahan ng mga Banal

1. Ang lahat ng mga banal na pinag-isa kay Jesu-Cristo na kanilang ulo sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu at ng pananampalataya ay may pakikisama sa Kanyang mga pagpapala, pagdurusa, pagkamatay, pagkabuhay na mag-uli at kaluwalhatian.[1] Bukod dito, dahil sa sila ay nagkakaisa sa pag-iibigan, mayroon silang pakikisama sa mga kaloob at pagpapala ng isa't isa.[2] Sila rin ay may tungkulin, publiko man o pribado, na maglingkuran sa isa't isa upang itaguyod ang pang-espirituwal at pang-materyal na kapakanan ng bawa't isa.[3]

2. Ang mga banal na nagpapahayag ng pananampalataya ay may tungkulin na panatilihin ang banal na pakikisama at pagkakaisa sa pagsamba sa Diyos at sa pagganap ng mga iba pang espirituwal na paglilingkod para sa ikatitibay ng isa't isa.[4] Tungkulin din nilang magtulungan sa isa't isa sa kanilang mga materyal na bagay ayon sa kanilang iba't ibang kakayahan at pangangailangan. Sa pagkakaloob ng Diyos ang pagkakataon, ang ganitong pagsasamahan ay dapat ding ipaabot sa lahat ng tumatawag sa pangalan ng Panginoong Jesus sa lahat ng dako.[5]

Chapter 26
Of the Communion of the Saints

1. All saints, who are united to Jesus Christ their head by his Spirit and by faith, have fellowship with him in his graces, sufferings, death, resurrection, and glory. And, being united to one another in love, they participate in each other's gifts and graces and are obligated to perform those public and private duties which lead to their mutual good, both inwardly and outwardly.

2. It is the duty of professing saints to maintain a holy fellowship and communion in the worship of God and in performing such other spiritual services as help them to edify one another. It is their duty also to come to the aid of one another in material things according to their various abilities and necessities. As God affords opportunity, this communion is to be extended to all those in every place who call on the name of the Lord Jesus.

[1] 1 John 1:3; Eph. 3:16-18; John 1:16; Eph. 2:5-6; Phil. 3:10; Rom. 6:5-6; 8:17; 2 Tim. 2:12.
[2] Eph. 4:15-16; 1 Cor. 12:7, 12; 3:21-23; Col. 2:19.
[3] 1 Thess. 5:11, 14; Rom. 1:11-12, 14; 1 John 3:16-18; Gal. 6:10.
[4] Heb. 10:24-25; Acts 2:42, 46; Isa. 2:3; 1 Cor. 11:20.
[5] 1 John 3:17; 2 Cor. chs. 8-9; Acts 11:29-30; tn. Acts 2:44-45.

ang mga ito sa pamamagitan ng Kanyang presensya at Espiritu, ayon sa Kanyang pangako.[7]

4. Ang pangkalahatang iglesia na ito ay minsan ay nakikitang mabuti at kung minsan ay hindi masyadong nakikita.[8] Ang mga iglesiang local na kabilang sa pangkalahatang iglesia ay halos dalisay kapag ang doktrina ng ebanghelyo ay itinuturo at niyayakap, ang mga ordinansiya ay pinamamahalaan, at ang sama-samang pananambahan ay ginagawa na halos dalisay sa mga iglesiang ito.[9]

5. Ang pinakadalisay na mga iglesia sa sanglibutan ay maaaring bagabagin ng paghahalo at kamalian.[10] Ang ilan ay naging malala, kung kaya hindi na sila mga iglesia ng Panginoong Jesu-Cristo kundi mga sinagoga ni Satanas.[11] Gayon pa man, palaging mananatili ang iglesia sa sanlibutan na sasamba sa Diyos ayon sa Kanyang kalooban.[12]

6. Walang ibang pangulo ang iglesia kundi ang Panginoong Jesu-Cristo lamang.[13] At hindi maaaring sa anumang paraan na maging pangulo nito ang Papa sa Roma.[14]

and Spirit, according to his promise.

4. This universal church has been sometimes more and sometimes less visible. Particular churches, which are members of this universal church, are more or less pure to the extent to which the doctrine of the gospel is taught and embraced, the ordinances are administered, and public worship is performed more or less purely in them.

5. The purest churches on earth are subject to both mixture and error, and some have so degenerated that they have become no churches of Christ at all, but rather synagogues of Satan. Nevertheless, there shall always be a church on earth to worship God according to his will.

6. There is no other head of the church but the Lord Jesus Christ. Nor can the Pope of Rome be its head in any sense.

[7] 1 Cor. 12:28; Eph. 4:11-13; Matt. 28:19-20; Isa. 59:12.

[8] Rom. 11:3-5; Acts 9:31; 2:41, 47; 18:8-10.

[9] Acts 2:41-42; 1 Cor. 5:6-7; Rev. chs. 2-3.

[10] 1 Cor. 13:12; Rev. chs. 2-3; Matt. 13:24-30, 47.

[11] Matt. 23:37-39; Rom. 11:18-22.

[12] Matt. 16:18; Psa. 45:16-17; Psa. 72:17; Matt. 28:19-20; 1 Cor. 15:51-52; 1 Thess. 4:17.

[13] Col. 1:18; Eph. 1:22.

[14] Matt. 23;8-10; 1 Pet. 5:2-4.

3

Tungkol sa Walang Hanggang Pagtatalaga ng Diyos

1. Ang Diyos, mula sa walang hanggang pasimula, sa pamamagitan ng Kanyang sariling marunong at banal na kalooban, ay malaya at walang pagbabagong itinakda ang lahat ng mangyayari sa panahon.[1] Gayon pa man, inayos niya ang lahat ng bagay upang hindi Siya ang maging may-akda ng kasalanan.[2] Hindi rin Niya nilalabag ang kalooban ng alin mang nilikha. Hindi rin niya isina-isang tabi ang likas na kalayaan ng mga ikalawang sanhi, bagkus ang mga ito ay itinatag pa nga.[3]

2. Bagamat alam ng Diyos ang kahit anumang maaring mangyari ayon sa lahat na mga kundisyong maaaring isipin,[4] ang pagtatakda ng Diyos ay hindi batay sa Kanyang paunang kaalaman ng kinabukasan, o ayon sa mga mangyayari batay sa mga kondisyong ito.[5]

3. Ayon sa pagtatakdang nagtatanghal ng Kanyang kaluwalhatian, ang Diyos ay nagtalaga ng mga tao at mga anghel[6] sa buhay na walang hanggan; at ang iba ay itinalaga sa walang hanggang kamatayan.[7]

Of God's Eternal Decree

1. God, from all eternity, did, by the most wise and holy counsel of his own will, freely and unchangeably ordain whatever comes to pass. Yet he ordered all things in such a way that he is not the author of sin, nor does he force his creatures to act against their wills; neither is the liberty or contingency of second causes taken away, but rather established.

2. Although God knows whatever may or can come to pass under all conceivable conditions, yet he has not decreed anything because he foresaw it as future or as that which would come to pass under such conditions.

3. By God's decree, for the manifestation of his glory, some men and angels are predestined to everlasting life, and others are foreordained to everlasting death.

[1] Psa. 33:11; Eph. 1:11; Heb. 6:17.

[2] Psa. 5:4; Jas. 1:13-14; 1 John 1:5; tn. Hab. 1:13.

[3] Acts 2:23; Matt. 17:12; Acts 4:27-28; John 19:11; Prov. 16:33.

[4] 1 Sam. 23:11-12; Matt. 11:21, 23.

[5] Rom. 9:11, 13, 16, 18.

[6] 1 Tim. 5:21; Matt. 25:31, 41.

[7] Eph. 1:5-6; Rom. 9:22-23; Prov. 16:4.

4. Ang pagtatalaga ng mga anghel at tao ay isa-isa at walang pagbabago, at ang bilang nila ay may lubos na katiyakan at malinaw na ito ay hindi madadagdagan o mababawasan.[8]

4. These angels and men, thus predestined and foreordained, are individually and unchangeably designated, and their number is so certain and definite that it cannot be either increased or decreased.

5. Ang mga tao na itinalaga sa buhay na walang hanggan ay hinirang ng Diyos bago pa itinatag ang sanlibutan. Sila'y hinirang kay Cristo para sa walang hanggang kaluwalhatian, [9]ayon sa Kanyang walang hanggan at walang pagbabagong layunin, sa Kanyang di-matarok na panukala at sa mabuting kagustuhan ng Kanyang kalooban. Ang pagpili Niya sa mga iyon ay galling lamang sa Kanyang malayang biyaya at pag-ibig, at hindi dahil sa nakita Niya sa kanila na pananampalataya, mabubuting gawa, pagtitiyaga, o anumang iba pang nasa nilalang na kundisyon o sanhi ng Kanyang pagtatalaga.[10] Ang lahat ng ito ay para sa kapurihan ng Kanyang dakilang biyaya.[11]

5. Those people who are predestined to life, God, before the foundation of the world was laid, according to his eternal and unchangeable purpose and the secret counsel and good pleasure of his will, has chosen in Christ to everlasting glory. He chose them out of his free grace and love alone, not because he foresaw faith, or good works, or perseverance in either of these, or anything else in the creature, as conditions or causes moving him to do this; and all to the praise of his glorious grace.

6. Sa pagtatakda ng Diyos sa mga hinirang para sa kaluwalhatian, itinakda rin Niya ang lahat ng kaparaanan para sa layuning ito sa pamamagitan ng walang hanggan at lubos na malayang layunin ng Kanyang kalooban.[12] Dahil dito, ang lahat ng mga nahulog sa

6. As God has appointed the elect to glory, so he has, by the eternal and most free purpose of his will, foreordained all the means to that end. Therefore, his chosen ones, all of them being fallen in Adam, are

[8] John 13:18; 2 Tim. 2:19; tn. John 10:14-16, 27-28; 17:2, 6, 9-12.
[9] Eph. 1:4, 9, 11; Rom. 8:28-30; 2 Tim. 1:9; 1 Thess. 5:9.
[10] Rom. 9:11, 13, 15-16. Eph. 2:8-9; tn. Eph. 1:5, 9, 11.
[11] Eph. 1:6, 12.
[12] 1 Pet. 1:2; Eph. 2:10; 2 Thess. 2:13.

25

Tungkol sa Iglesia

1. Ang pangkalahatang Iglesia na di-nakikita ay binubuo ng lahat ng mga hinirang na tinipon noon, ngayon at sa hinaharap sa ilalim ni Cristong na pangulo niya. Ang iglesiang ito ay ang asawa, ang katawan, at kapuspusan ni Cristo na pumupuspos ng lahat sa lahat.[1]

2. Ang nakikitang iglesia ay pangkalahatan din at nasa ilalim ng ebanghelyo. Ito ay hindi nasa isang bansa lamang, katulad noong panahon ng Kautusan. Ang nakikitang iglesia ay binubuo ng lahat na nagsasabi na sila ay kasama sa tunay na relihiyon,[2] kasama ng kanilang mga anak.[3] Ito ay kaharian ng Panginoong Jesu-Cristo,[4] ang tahanan at pamilya ng Diyos,[5] at sa labas nito ay hindi maaaring magkaroon ng kaligtasan.[6]

3. Ibinigay ni Cristo ang ministeryo, mga kapahayagan, at mga ordinansiya ng Diyos sa pangkalahatan at nakikitang iglesia para sa pagtitipon at kaganapan ng mga banal sa buhay na ito hanggang sa katapusan ng sanglibutan. Para sa layuning ito, ginagawa Niyang mabisa

Of the Church

1. The catholic (that is, universal) church, which is invisible, consists of all the elect who have been, are, or shall be gathered into one, under Christ its head. This church is his bride, his body, and the full-ness of him who fills all in all.

2. The visible church, which is also catholic (that is, universal) under the gospel (that is, not confined to one nation, as it was before under the law), consists of all those throughout the world who profess the true religion, together with their children. It is the kingdom of the Lord Jesus Christ, the house and family of God, outside of which there is no ordinary possibility of salvation.

3. To this universal, visible church Christ has given the ministry, oracles, and ordinances of God for the gathering and perfecting of the saints, in this life, to the end of the age. For this purpose he makes these means effectual by his own presence

[1] Eph. 1:10, 22-23; 5:23, 27, 32; Col. 1:18.
[2] 1 Cor. 1:2; 1 Cor. 12:12-13; Psa. 2:8; Rev. 7:9; Rom. 15:9-12.
[3] 1 Cor. 7:14; Acts 2:39; Gen. 17:7-12; Ezek. 16:20-21; Rom. 11:16; tn. Gal. 3:7, 9, 14; Rom. 4:12, 16, 24.
[4] Matt. 13:47; Isa. 9:7; Luke 1:32-33; Acts 2:30-36; Col. 1:13.
[5] Eph. 2:19; 3:15.
[6] Acts 2:47.

pag-aasawa. Datapuwa't ang tanging sapat na dahilan ng pagbubuwag ng tali ng mag-asawa ay ang pakikiapid o ang kusang pag-alis upang iwanan ang asawa,[13] na hindi na malulunasan ng iglesia o ng awtoridad na sibil. Sa ganitong pagkakataon, ang paghihiwalay ay dapat na maayos at hayag sa publiko, at ang mag-asawang naghihiwalay ay hindi dapat pababayaan sa kanilang sariling kalooban at pagpapasiya.[14]

**Walang diborsiyo sa Pilipinas, datapuwa't mayroong legal na pagpapawalang-bisa (*annulment*) ng kasal.*

**incestuous: *isang seksuwal na pakikipag-ugnayan ng dalawang taong malapit na magkamag-anak.*

***fornication: *ang pagsasamang seksuwal ang dalawang taong hindi kasal.*

justify unwarranted separation of those whom God has joined together in marriage, nothing but adultery or such willful desertion as cannot be remedied by the church or the civil authorities is sufficient cause to dissolve the bond of marriage. In such cases a public and orderly procedure is to be observed, and the persons concerned are not to be left to their own wills and discretion in their own case.

kasalanan kasama ni Adan na hinirang ng Diyos ay tinutubos ni Cristo[13] at mabisang tinatawag sa pananam-palataya kay Cristo sa pamamagitan ng paggawa ng Espiritu sa takdang pana-hon. Sila ay ipinahayag na matuwid, kinukupkop, pinababanal[14] at iniingatan ng Kanyang kapangyarihan sa pamam-agitan ng pananampalataya tungo sa kaligtasan.[15] Walang ibang tinutubos ni Cristo, mabisang tinatawag, ipinapahayag na matuwid, kinukupkop, pinababanal, at inililigtas kundi ang mga hinirang lamang.[16]

redeemed by Christ and are effectually called to faith in Christ by his Spirit working in due season. They are justified, adopted, sanctified, and kept by his power, through faith, unto salvation. No others are redeemed by Christ, effectually called, justified, adopted, sanctified, and saved, except the elect only.

7. Sa kagustuhan ng Diyos, ang nalalabi sa mga tao ay iniwanan Niya at itinalaga Niya sa kahihiyan at sa poot dahil sa kanilang kasalanan, para sa kapurihan ng Kanyang maluwalhating katarungan at sa kaluwalhatian ng Kanyang kapangyarihan sa mga nilalang. Ito ay naaayon din sa di-matarok na panukala ng Kanyang kalooban na sa Kanyang kagustuhan, ay ibinibigay Niya o ipinagkakait Niya ang Kanyang awa.[17]

7. The rest of mankind God was pleased, according to the unsearchable counsel of his own will, whereby he extends or withholds mercy as he pleases, for the glory of his sovereign power over his creatures, to pass by; and to ordain them to dishonor and wrath for their sin, to the praise of his glorious justice.

8. Ang doktrina ng malalim na hiwaga ng pagtatalaga ay dapat na gamitin na may tanging mabuting pagpapasiya at pag-iingat.[18] Ito ay upang ang mga tao'y magpapasakop sa kalooban ng Diyos at sa Kanyang Salita at

8. The doctrine of this high mystery of predestination is to be handled with special prudence and care, so that men, taking heed to the will of God revealed in his Word and

[13] 1 Thess. 5:9-10; Tit. 2:14.
[14] Rom. 8:30; tn. Eph. 1:5; 2 Thess. 2:13.
[15] 1 Pet. 1:5.
[16] John 10:14-15, 26; John 6:64-65; Rom. 8:28-39; tn. John 8:47; 17:9; 1 John 2:19.
[17] Matt. 11:25-26; Rom. 9:17-18, 21-22; 1 Pet. 2:8; 2 Tim. 2:19-20.
[18] Rom. 9:20; Rom. 11:33; Deut. 29:29.

makakatiyak ng kanilang walang hanggang pagkahirang mula sa katiyakan ng kanilang mabisang pagkatawag.[19] Sa ganitong paraan, ang katuruang ito ay magbibigay-sanhi sa pagpuri, paggalang at paghanga sa Diyos. Ito rin ay Magiging dahilan ng pagpapakumbaba, pagsisikap, at masaganang kaaliwan sa lahat ng tunay na sumusunod sa ebanghelyo.

yielding obedience to it, may, from the certainty of their effectual calling, be assured of their eternal election. Thus, this doctrine shall provide reason for praise, reverence, and admiration of God; and for humility, diligence, and abundant consolation to all who sincerely obey the gospel.

[19] 2 Pet. 1:10; 1 Thess. 1:4-5.

sumpang heretikong turo.[7]

4. Hindi dapat na mag-asawa ang mga malapit na magkakamag-anak batay sa lahi o sa pag-aasawa na ipinagbabawal sa Salita ng Diyos.[8] Ang mga gayong ipinagbabawal na *incestuous***na pagpipisan ay hindi kailanman maaaring maging matuwid sa pamamagitan ng anumang batas ng tao o pagsang-ayon ng mga partidong kasama. Ang mga ito ay hindi kailanman maaaring magsama bilang mag-asawa.[9]

5. Ang pakikiapid at *fornication**** ng isang ipinagkasundong pakasal, kapag ito ay natuklasan bago makasal, ay makatuwirang dahilan ng nasaktan na partido upang sirain ang kasunduang pakasal.[10] Kung ang isang asawa ay nakiapid, ang pakikipag-diborsiyo ay naaayon sa batas.[11] Pagkatapos ng diborsiyo, siya ay maaaring mag-asawang muli na parang itinuturing na ang nagkasalang asawa ay patay na.[12]

6. Ang tao ay napakamakasalanan na sila ay palaging humahanap ng mga pangangatuwiran upang maging matuwid ang paghihiwalay na walang dahilan ng mga pinag-isa ng Diyos sa

way of living or hold to damnable heresies.

4. Marriage ought not to take place between persons who are within the degrees of close relationship by blood or by marriage forbidden by the Word. Such incestuous marriages can never be made lawful, so that such persons may live together as man and wife, by any law of man or by the consent of the parties involved.

5. Adultery or fornication committed after engagement, if detected before marriage, gives valid reason to the innocent party to break the engagement. In the case of adultery after marriage it is lawful for the innocent party to seek a divorce and after the divorce to remarry just as if the offending party were dead.

6. Although the corruption of mankind is such that people are apt to seek arguments to

[7] Gen. 34:14; Exod. 34:16; 2 Cor. 6:14; tn. Deut. 7:3-4; 1 Kgs. 11:4; Neh. 13:25-27; Mal. 2:11-12.

[8] Lev. 18:6-17, 24-30; Lev. 20:19; 1 Cor. 5:1; Amos 2:7.

[9] Mark 6:18; Lev. 18:24-28.

[10] Matt. 1:18-20; tn. Deut. 22:23-24.

[11] Matt. 5:31-32.

[12] Matt. 19:9; Rom. 7:2-3.

[13] Matt. 19:8-9; 1 Cor. 7:15; Matt. 19:6.

[14] Deut. 24:1-4.

24

Tungkol sa Pag-aasawa At Diborsiyo*

1. Ang pag-aasawa ay sa isang lalaki at sa isang babae. Hindi matuwid para sa kaninumang lalaki na magkaroon ng higit sa isang asawa ni para sa kaninumang babae na magkaroon ng higit sa isang asawa ng sabay-sabay.[1]

2. Itinatag ng Diyos ang pag-aasawa para sa pagtutulungan ng mag-asawa,[2] sa pagpaparami ng sangkatauhan at ng iglesia sa pamamagitan ng mga banal na anak ayon sa Kanyang mga kautusan,[3] at sa pagsansala sa kahalayan.[4]

3. Matuwid para sa lahat ng uri ng tao na mag-asawa, kung sila ay may pagkaunawa sa pagsang-ayon.[5] Datapuwa't tungkulin ng mga Cristiano na mag-asawa sa kalooban lamang ng Panginoon.[6] Dahil dito, ang mga nagpapalagay na sila'y mga Cristiano ay hindi dapat mag-asawa ng mga di-mananampalataya, mga Romano Catolico, at sa mga sumasamba sa diyus-diyusan. Hindi rin nararapat sa mga mananampalataya na makipamatok sa pamamagitan ng pag-aasawa ng mga taong namumuhay sa kasamaan o naniniwala sa kasumpa-

Of Marriage and Divorce

1. Marriage is to be between one man and one woman. It is not lawful for any man to have more than one wife, or for any woman to have more than one husband, at the same time.

2. Marriage was ordained for the mutual help of husband and wife, for the increase of mankind with legitimate offspring and of the church with godly children, and for the prevention of sexual immorality.

3. It is lawful for all sorts of people to marry who are able to give their intelligent consent. Yet it is the duty of Christians to marry only in the Lord. Therefore, those who profess the true reformed religion should not marry unbelievers, Roman Catholics, or other idolaters; nor should Christians be unequally yoked by marrying those who are notoriously wicked in their

[1] Gen. 2:24; Matt. 19:4-6; Rom. 7:3; Prov. 2:17.
[2] Gen. 2:18; Eph. 5:28; 1 Pet. 3:7.
[3] Gen. 9:1; Mal. 2:15.
[4] 1 Cor. 7:2, 9.
[5] Heb. 13:4; 1 Tim. 4:3; 1 Cor. 7:36-38; Gen. 24:57-58.
[6] 1 Cor. 7:39

4

Tungkol sa Paglikha

1. Nang pasimula ay nalugod ang Diyos - Ama, Anak at Banal na Espiritu[1] - na likhain mula sa wala ang sanglibutan at lahat ng bagay na nandoon, nakikita man o hindi nakikita, sa loob ng anim na araw. Ang lahat ng nilikha Niya ay pawang napakabuti,[2] at nagpapakita ang mga ito ng Kanyang walang hanggang kapangyarihan, karunungan, at kabutihan.[3]

2. Pagkatapos likhain ng Diyos ang lahat, nilikha niya ang tao. Nilikha niya sila na lalaki at babae,[4] at binigyan niya sila ng katuwiran at walang kamatayang kaluluwa,[5] at pinagkalooban Niya ng kalaaman, pagkamakatuwiran, at tunay na kabanalan – ang mga ito ay ang Kanyang wangis.[6] Ang Kautusan ng Diyos ay isinulat sa kanilang mga puso,[7] at mayroon silang kakayahang sundin ito.[8] Gayon man, dahil sila ay may kalayaang gamitin ang kanilang malayang kalooban na maaaring magbago, maaari silang magkasala.[9] Bukod sa

Of Creation

1. It pleased God the Father, Son, and Holy Spirit, for the manifestation of the glory of his eternal power, wisdom, and goodness, in the beginning, to create, or make out of nothing, the world and everything in it, whether visible or invisible, in the space of six days, and all very good.

2. After God had made everything else, he created mankind. He made them male and female, with rational and immortal souls, endowed with knowledge, righteousness, and true holiness, after his own image. They had the law of God written in their hearts and had power to fulfill it. They were, however, under a possibility of transgressing, being left to the liberty of their own will, which was subject to

[1] Rom. 11:36; 1 Cor. 8:6; Heb. 1:2; John 1:2-3; Gen. 1:2; Job 33:4.
[2] Gen. 1:1-31; Psa. 33:6; Heb. 11:3; Col. 1:16; Acts 17:24; Exod. 20:11.
[3] Rom. 1:20; Jer. 10:12; Psa. 104:24; Psa. 33:5.
[4] Gen. 1:27.
[5] Gen. 2:7; Eccl. 12:7; Luke 23:43; Matt. 10:28.
[6] Gen. 1:26; Col. 3:10; Eph. 4:24.
[7] Rom. 2:14-15.
[8] Gen. 2:17; Eccl. 7:29.
[9] Gen. 3:6, 17.

Kautusang ito na nakasulat sa kanilang mga puso, sila ay inutusan ng Diyos na huwag kumain ng bunga ng puno ng pagkakilala ng mabuti at masama. Habang sila ay sumusunod sa utos na ito, sila ay maligaya sa kanilang pakikisama sa Diyos,[10] at gayon din sila ay magpapapatuloy sa kanilang pamamahala sa mga nilikha.[11]

change. In addition to this law written in their hearts, they received a command not to eat of the tree of the knowledge of good and evil. As long as they obeyed this command, they were happy in their communion with God and had dominion over the creatures.

[10] Gen. 2:17; Gen. 2:15-3:24.

[11] Gen. 1:28; tn. Gen. 1:29-30; Psa. 8:6-8.

labis, o pananakit sa mga ibang tao. Iingatan din nila na ang lahat ng mga relihiyon at iglesia ay makapagtitipon ng walang nanghihimasok o nanggugulo.[9]

4. Tungkulin ng mga tao na ipanalangin at igalang[10] ang mga may awtoridad[11], magbayad ng buwis at iba pang mga kabayaran,[12] sundin ang kanilang mga batas, at magpasakop sa kanilang awtoridad alang-alang sa kanilang budhi.[13] Ang hindi pananampalataya at ang kaibahan ng relihiyon ay hindi maaaring magpawalang-bisa sa matuwid at legal na awtoridad ng mga may katungkulan, at hindi rin ito maaaring magbigay-laya sa mga tao, kasama na ang mga may katungkulan sa iglesia,[14] na hindi sumunod sa mga ito.[15]

At hindi rin maaari na ang Papa ay magkaroon ng kapangyarihan o sakop sa mga awtoridad na sibil sa kanilang mga lupaing-bayan o mga taong nasasakupan nila. Gayun din, wala siyang karapatan na alisin ang kanilang mga lupaing-bayan o mga buhay, kung hatulan niya na sila ay mga erehe o kung anumang dahilang hindi totoo.[16]

ever. They should also take care that all religious and ecclesiastical assemblies be held without interference or disturbance.

4. It is the duty of people to pray for those in authority, to honor them, to pay them taxes or other revenue, to obey their lawful commands, and to be subject to their authority for the sake of conscience. Neither unbelief nor difference in religion makes void the just and legal authority of officeholders nor frees the people, church authorities included, from their due obedience to them. Much less does the Pope have any power or jurisdiction over civil authorities in their domains or over any of their people, nor can he deprive them of their domains or lives if he shall judge them to be heretics or on any other pretense whatever.

[10] 1 Tim. 2:1-3.

[11] 1 Pet. 2:17.

[12] Matt. 22:21; Rom. 13:6-7.

[13] Rom. 13:5; Tit. 3:1.

[14] 1 Pet. 2:13-16.

[15] Rom. 13:1; Acts 25:9-11; 2 Pet. 2:1, 10-11; Jude 8-11.

[16] Mark 10:42-44; Matt. 23:8-12; 2 Tim. 2:24; 1 Pet. 5:3.

sakramento o ng kapangyarihan ng mga susi ng kaharian ng langit.[5] Hindi rin sila dapat na makialam sa mga bagay tungkol sa pananampalataya.[6] Subali't katulad ng mga amang nagmamahal sa mga anak nila, ang mg awtoridad na sibil ay may tungkulin na ipagtanggol ang iglesia ng Panginoon din nila. Hindi sila dapat kakampi sa anumang denominasyon ng mga Cristiano na higit sa lahat ng iba. Kaya ang lahat ng mga may awtoridad sa iglesia ay dapat na may lubos, malaya, at walang hadlang na isakatuparan ang lahat ng kanilang banal na tungkulin na walang banta ng karahasan o panganib sa kanilang buhay.[7] Dahil sa itinalaga ni Jesu-Cristo ang regular na pamamahala at disiplina sa Kanyang iglesia, walang batas ng anumang bansa ang makikialam, pipigilin, o hahadlangan ang mga nararapat na gawain ng mga kusang-loob na kaanib ng anumang denominasyon ng mga Cristiano, ayon sa kanilang sariling pananampalataya.[8] Tungkulin ng mga awtoridad na sibil na ipagtanggol ang lahat ng kanilang mga mamamayan at ang dangal ng mga ito. Sa pamamagitan ng pinakamabisang paraan, walang sinuman na pahihintulutan na magbanta ng panghihya, karahasan, pagmama-

keys of the kingdom of heaven, nor should they interfere in any way in matters of faith. Yet, as caring fathers, it is the duty of civil authorities to protect the church of our common Lord without giving preference to any denomination of Christians above the rest, doing so in such a way that all church authorities shall enjoy the full, free, and unquestioned liberty of carrying out every part of their sacred functions without violence or danger. As Jesus Christ has appointed a regular government and discipline in his church, no law of any commonwealth should interfere with, prevent, or hinder their proper exercise among the voluntary members of any denomination of Christians, according to their own profession and belief. It is the duty of civil authorities to protect the person and good name of all their people in such an effective manner that no person be allowed, either in the name of religion or of unbelief, to offer any indignity, violence, abuse, or injury to any other person what-

[5] 2 Chr. 26:18; Matt. 18:17; Matt. 16:19; 1 Cor. 12:28-29; Eph. 4:11-12; 1 Cor. 4:1-2; Rom. 10:15; Heb. 5:4.
[6] John 18:36; Acts 5:29; Eph. 4:11-12.
[7] Isa. 49:23; Rom. 13:1-6.
[8] Psa. 105:15.
[9] Rom. 13:4; 1 Tim. 2:2.

5

Tungkol sa Probidensiya

1. Ang dakilang Diyos na lumikha ng lahat ng bagay, ay siya ring umaalalay,[1] namamatnugot, nangangasiwa, at namamahala sa lahat ng mga nilalang, pagkilos, at bagay,[2] mula sa pinakamalaki hanggang sa pinakamaliit.[3] Ginagamit Niya itong sakdal sa karunungan at banal na probidensiya[4] ayon sa Kanyang di-nagkakamaling paunang kaalaman[5] at sa Kanyang malaya at di-nagbabagong kalooban,[6] upang ang Kanyang karunungan, kapangyarihan, kabutihan at kaawaan ay mapapurihan at maluwalhati.[7]

2. Dahil sa paunang kaalaman at pagtatalaga ng Diyos na unang Sanhi, ang lahat ng bagay ay nangyayari ng walang pagbabago at walang kamalian ng Diyos.[8] Gayon man, sa pamamagitan din ng probidensiyang ito, iniuutos ng Diyos ang mga pangyayari na maganap ayon sa pamamaraan ng mga ikalawang sanhi, ito man ay kinakailangan, malaya, or nakabatay sa ibang mga pangyayari.[9]

Of Providence

1. God, the great Creator of all things, upholds, directs, disposes, and governs all creatures, actions, and things, from the greatest even to the least. He exercises this most wise and holy providence according to his infallible foreknowledge and the free and unchangeable counsel of his own will, to the praise of the glory of his wisdom, power, justice, goodness, and mercy.

2. Although, in relation to the foreknowledge and decree of God, the first Cause, all things come to pass unchangeably and infallibly; yet, by the same providence, he orders them to occur according to the nature of second causes, either necessarily, freely, or contingently.

[1] Neh. 9:6; Psa. 145:14-16; Heb. 1:3.
[2] Dan. 4:34-35; Psa. 135:6; Acts 17:25-28; Job 38-41.
[3] Matt. 10:29-31; tn. Matt. 6:26-32.
[4] Prov. 15:3; 2 Chron. 16:9; Psa. 104:24; Psa. 145:17.
[5] Acts 15:18; Isa. 42:9; Ezek. 11:5.
[6] Eph. 1:11; Psa. 33:10-11.
[7] Isa. 63:14; Eph. 3:10; Rom. 9:17; Gen. 45:7; Psa. 145:7.
[8] Acts 2:23; tn. Isa. 14:24, 27.
[9] Gen. 8:22; Jer. 31:35; Isa. 10:6-7; tn. Exod. 21:13 and Deut. 19:5; 1 Kgs. 22:28-34.

3. Sa Kanyang pangkaraniwang probidensiya, ang Diyos ay gumagamit ng mga kasangkapan.[10] Nguni't Siya ay malayang gumagawa ayon sa Kanyang kagustuhan, kahit wala ang mga kasangkapang ito,[11] o higit sa kanilang kakayahan,[12] o salungat sa mga ito.[13]

3. In his ordinary providence, God makes use of means, yet he is free to work without, above, and against them as he pleases.

4. Ang pinakasakdal na kapangyarihan, di-masayod na karunungan, at walang hanggang kabutihan ng Diyos ay nahahayag ng lubusan sa Kanyang probidensiya. Kung kaya't ang pagkahulog ng unang tao sa kasalanan at ang lahat ng kasalanang ginagawa ng mga anghel at mga tao,[14] ay kasama sa Kanyang probidensiya. Hindi ito pagbibigay-pahintulot lamang,[15] kundi sa iba't ibang marunong at makapangyarihang paraan ay Kanyang binibigyang hangganan[16] at pinamamahalaan ang kasamaan, upang mangyari ang Kanyang mga banal na layunin.[17] Gayon man ang kasalanan ay mula lamang sa mga nilalang at hindi sa Diyos, na yamang banal at matuwid, ay hindi maaaring gumawa o sumang-ayon sa

4. The almighty power, unsearchable wisdom, and infinite goodness of God manifest themselves so completely in his providence that it extends even to the first fall and all other sins of angels and men, not by a bare permission, but by a permission which has joined with it a most wise and powerful limiting, and otherwise ordering and governing of them in a varied administration, for his own holy purposes. However, the sinfulness comes from the creatures alone and not from God, who, because he is most holy and righteous, neither is nor can be the author or

[10] Acts 27:24, 31, 44b; Isa. 55:10-11.
[11] Hos. 1:7; Matt. 4:4; Job 34:20.
[12] Rom. 4:19-21.
[13] 2 Kgs. 6:6; Dan. 3:27.
[14] Isa. 45:7; Rom. 11:32-34; 2 Sam. 16:10; Acts 2:23; Acts 4:27-28; tn. 2 Sam. 24:1 and 1 Chr. 21:1; 1 Kgs 22:22-23; 1 Chr. 10:4, 13-14.
[15] John 12:40; 2 Thess. 2:11.
[16] Psa. 76:10; 2 Kgs. 19:28.
[17] Gen. 50:20; Isa. 10:12; tn. Isa. 10:6-7, 13-15.

23

Tungkol sa mga Awtoridad na Sibil

1. Ang Diyos na kataas-taasang Panginoon at Hari ng buong sanlibutan ay nagtalaga ng mga awtoridad na sibil sa ilalim Niya subali't nasa ibabaw ng mga taong bayan para sa Kanyang sariling kaluwalhatian at para sa ikabubuti ng madla. Upang matamo ang mga layuning ito, ibinigay Niya sa kanila ang kapangyarihan ng buhay at kamatayan, para sa pagtatanggol at pagpapalakas-loob sa mga gumagawa ng mabuti, at para sa pagpaparusa sa mga gumagawa ng kasamaan.[1]

2. Matuwid para sa mga Cristiano na tanggapin at tuparin ang mga tungkulin ng awtoridad na sibil kung sila ay inaatasang gawin ito.[2] Sa pagtupad ng ganitong tungkulin, sila ay may pananagutang panatilihin ang kabanalan, katarungan at kapayapaan, ayon sa mabubuting batas ng kanilang bansa.[3] Sa panahon ng New Testament, maaari silang makipagdigma ng naaayon sa batas, sa mga pagkakataong makatarungan at kinakailangan.[4]

3. Ang mga awtoridad na sibil ay hindi dapat hawakan sa kanilang sarili ang pamamahala ng ministro ng Salita at

Of Civil Authorities

1. God, the supreme Lord and King of all the world, has ordained civil authorities to be, under him, over the people for his own glory and the public good. For this purpose he has armed them with the power of the sword for the defense and encouragement of those who are good, and for the punishment of those who do evil.

2. It is lawful for Christians to hold public office when called to it. In such office they ought especially to maintain piety, justice, and peace, according to the wholesome laws of each commonwealth. For that purpose they may now, under the new testament, lawfully wage war upon just and necessary occasion.

3. Civil authorities may not assume to themselves the administration of the Word and sacraments, or the power of the

[1] Rom. 13:1-4; 1 Pet. 2:13-14.
[2] Gen. 41:39-43; Neh. 12:26, 13:15-31; Dan. 2:48-49; Prov. 8:15-16; Rom. 13:1-4.
[3] Psa. 2:10-12; 1 Tim. 2:2; Psa. 82:3-4; 2 Sam. 23:3; 1 Pet. 2:13.
[4] Luke 3:14; Rom. 13:4; Matt. 8:9-10; Acts 10:1-2.

6. Ang panata ay dapat gawin lamang sa Diyos at hindi sa kahit anong nilalang.[13] Upang ito ay maging katanggap-tanggap, ito ay dapat na kusang loob, may pananampalataya at pagtatalaga sa obligasyong ito, at mayroong pasasalamat sa awa o dahil sa kagustuhan na mabigyan ng pangangailangan. Sa pagpapanata, tayo ay napapasakop ng mas mahigpit sa mga tungkuling kailangan, o sa mga ibang bagay na makakatulong sa paggawa ng mga tungkuling ito.[14]

7. Walang sinuman na dapat manumpa sa mga bagay na ipinagbabawal ng Salita ng Diyos o anuman na makapipigil ng pagsunod sa utos nito. Walang sinuman na dapat manumpa na gawin ang anuman na hindi niya kayang gawin, at anuman na hindi ipinangako ng Diyos na kaya niyang gawin.[15] Dahil dito, ang mga panata ng mga mongheng Romano Catolico ng pananatili sa buhay na walang asawa, pagpapakadukha, at walang pasubaling pagsunod ay hindi maaaring maging mga hakbang tungo sa higit na kabanalan. Ang mga ito ay mga pamahiin lamang at mga makasalanang silo na hindi dapat na kakasangkutan ng sinumang tunay na Cristiano.[16]

6. A vow is to be made only to God and not to any created being. In order for it to be acceptable, it is to be made voluntarily, out of faith and conviction of duty, either from thankfulness for mercy or from the desire to obtain what we lack. By taking a vow we bind ourselves more strictly to necessary duties, or to other things to the extent that they contribute to the performance of these duties.

7. No one may vow to do anything forbidden in the Word of God or anything which would hinder the performance of any duty it commands. No one may vow to do anything for which he has no ability and for which he has no promise of ability from God. With respect to these things, Roman Catholic monastic vows of perpetual single life, professed poverty, and regular obedience, far from being steps to higher perfection, are in fact superstitious and sinful snares, in which no Christian may entangle himself.

[13] Psa. 50:14; Psa. 76:11; Psa. 116:14.

[14] Deut. 23:21-23; Gen. 28:20-22; 1 Sam. 1:11; Psa. 66:13-14; Psa. 132:2-5.

[15] Acts 23:12-14; Mark 6:26; Num. 30:5, 8, 12-13.

[16] Matt. 19:11-12; 1 Cor. 7:2, 9; Heb. 13:4; Eph. 4:28; 1 Thess. 4:11-12; 1 Cor. 7:23.

kasalanan.[18]

5. Ang Diyos na pinakamarunong sa lahat, matuwid at mapagbiyaya ay may pagkakataon na pinahihintulutan ang Kanyang mga anak na mahulog sa iba't ibang uri ng tukso, at sa kasalanan ng kanilang mga sariling puso. Ito ay bilang pagdidisiplina sa kanila dahil sa mga ginawang kasalanan, o kayá ay pagtuturo ng kababaang-loob sa pagpapakita sa kanila ng natatagong kasamaan at pangdaraya ng kanilang puso.[19] Layunin din Niya na kanilang makita ang lubos nilang pangangailangan sa Diyos sa lahat ng oras. Makakatulong ito sa kanila na magbantay laban sa pagkakasala sa hinaharap. Sa ganito at sa iba pang mga kaparaanan, ang Kanyang matuwid at mga banal na layunin ay naisasagawa.[20]

6. Ang Diyos na matuwid na hukom ay binubulag at pinapatigas ang puso ng mga masama at di-makadiyos na tao dahil sa kanilang kasalanan.[21] Hindi Niya ipinagkakaloob sa kanila ang biyaya na maaaring magbigay liwanag sa kanilang isip at gumawa sa kanilang puso.[22] May mga pagkakataon din na Kanyang binabawi ang kaloob na

approver of sin.

5. The most wise, righteous, and gracious God often leaves his own children, for a time, to manifold temptations and to the corruption of their own hearts. He does this to chastise them for their past sins, to humble them by making them aware of the hidden strength of the corruption and deceitfulness of their hearts, and then to raise them to a closer, more constant dependence upon himself for their support, to make them more watchful against all future occasions for sinning, and to fulfill various other just and holy purposes.

6. As for those wicked and ungodly men whom God, as a righteous judge, blinds and hardens because of their past sins, God withholds his grace, by which their minds might have been enlightened and their hearts affected. He also sometimes takes away the gifts which they had, and

[18] Jas. 1:13-14, 17; 1 John 2:16; Psa. 50:21.

[19] 2 Chr. 32:25-26, 31; Deut. 8:2-3, 5; Luke 22:31-32; tn. 2 Sam. 32:1, 25.

[20] 2 Cor. 12:7-9; tn. Psa. 73:1-28; 77:1-12; Mark 14:66-72; John 21:15-19.

[21] Rom. 1:24, 26, 28; Rom. 11:7-8.

[22] Deut. 29:4; Mark 4:11-12.

ibinigay sa kanila,[23] at inilalagay sila ng Diyos sa mga kalagayang pumupukaw sa kanilang puso na magkasala.[24] Bukod dito, Kanyang pinababayaan sila sa kanilang sariling kasakiman, sa mga tukso ng sanlibutan, at sa kapangyarihan ni Satanas,[25] na nagbubunga ng kanilang pagmamatigas, sa pamamagitan ng mga paraang katulad ng ginagamit ng Diyos sa pagpapalambot ng mga puso ng iba.[26]

exposes them to such things as their corrupt nature makes into occasions for sinning. Moreover, he gives them over to their own lusts, the temptations of the world, and the power of Satan, by which they harden themselves even under the same means which God uses to soften others.

7. Ang pangkalahatang probidensiya ng Diyos ay sumasaklaw sa lahat na nilikha. Nguni't sa isang tanging paraan, ang Kanyang probidensiya ay nag-iingat sa Kanyang iglesia, at ang lahat ng bagay ay inaayos nito para sa ikabubuti ng Iglesia.[27]

7. As, in general, the providence of God reaches to all creatures, so, in a very special way, it cares for his church and disposes all things for its good.

[23] Matt. 13:12; Matt. 25:29; tn. Acts 13:10-11.
[24] Gen. 4:8; 2 Kgs. 8:12-13; tn. Matt. 26:14-16.
[25] Psa. 109:6; Luke 22:3; 2 Thess. 2:10-12.
[26] Exod. 8:15, 32; 2 Cor. 2:15-16; Isa. 8:14; 1 Pet. 2:7-8; tn. Exod. 7:3; Isa. 6:9-10; Acts 28:26-27.
[27] 1 Tim. 4:10; Amos 9:8-9; Matt. 16:18; Rom. 8:28; Isa. 43:3-5, 14.

3. Dapat pag-isipan ng sinumang sumusumpa ang kabigatan ng malaking kahalagahan ng ganitong taimtim na gawain, at maging lubhang maingat na hindi panindigan ang anuman maliban sa kanyang nalalamang katotohanan.[7] Ang isang tao ay dapat pasakop lamang sa panunumpa sa mga bagay na mabuti at makatarungan, at sa mga bagay na may kakayahan at paninindigan siya na gawin.[8]

3. Whoever takes an oath ought to consider seriously the great importance of such a solemn act, and in doing so should affirm nothing but what he himself is fully convinced is the truth. A person may bind himself by oath only to what is good and just, what he believes to be such, and what he is able and resolved to perform.

4. Ang sumpa ay dapat gamitan ng mga salitang maliwanag at pangkaraniwan, na hindi nagdadalawang kahulugan o may paglilihim. [9]Ito ay hindi makapaguutos sa isang tao na magkasala, datapuwa't sa mga bagay na hindi makasalanan, siya ay may tungkulin na gawin ang sumpa bagama't ito ay makapagbibigay ng pagdurusa.[10] Ang sumpa ay hindi dapat labagin kahit na ang nanumpa ay mga heretiko o hindi mananampalataya.[11]

4. The oath is to be taken in the plain and usual sense of the words, without equivocation or mental reservation. It cannot oblige a person to sin, but when it is taken in matters which are not sinful, it obligates performance of the oath even though it may hurt. The oath is not to be violated even though it is made to heretics or unbelievers.

5. Ang panata ay katulad sa kalikasan ng isang sumpa na may pangako. Ito ay dapat na gawin na may banal na pag-iingat at katapatan ng isang sumpa.[12]

5. A vow is similar in nature to a promissory oath and ought to be made with the same religious care and be performed with the same faithfulness.

[7] Exod. 20:7; Lev. 19:12; Jer. 4:2; Hos. 10:4.
[8] Gen. 24:2-9; Neh. 5:12-13; Eccl. 5:2, 5.
[9] Jer. 4:2; Psa. 24:4.
[10] 1 Sam. 25:22, 32-34; Psa. 15:4.
[11] Ezek. 17:16-19; Josh. 9:18-19; 2 Sam. 21:1.
[12] Num. 30:2; Isa. 19:21; Eccl. 5:4-6; Psa. 61:8; Psa. 66:13-14.

22

Tungkol sa Mga Matuwid na Sumpa at Panata

1. Ang pagsumpa na naaayon sa batas ay isang bahagi ng banal na pagsamba.[1] Ang taong sumusumpa kapag may nararapat na pagkakataon ay taimtim na tumatawag sa Kanya na saksihan ng Diyos ang isinumpa, at hatulan siya ayon sa katotohanan o kasinungalingan ng kanyang sumpa.[2]

2. Ang pangalan ng Diyos lamang ang dapat gamitin sa pagsumpa, at ito ay dapat na gawin na may banal na pagkatakot at paggalang.[3] Samakatuwid, ang manumpa ng walang kabuluhan o walang ingat sa pamamagitan ng maluwalhati at kakila-kilabot na Pangalang yaon, o ang manumpa sa anumang paraan sa pamamagitan ng anumang bagay, ay makasalanan at dapat kasuklaman.[4] Subali't ipinahihintulot ng Salita ng Diyos (sa ilalim ng Old and New Testament[5]) ang pagsumpa tungkol sa mga mabibigat at mahahalagang bagay. Samakatuwid, ang manumpáng naaayon sa batas ukol sa mga ganitong bagay ay dapat na gawin kapag iniaatas ito ng awtoridad na naaayon sa batas.[6]

Of Lawful Oaths and Vows

1. A lawful oath is a part of religious worship, in which, on an appropriate occasion, the person taking the oath solemnly calls upon God to witness what he asserts or promises and to judge him according to the truth or falsehood of what he swears.

2. The name of God is the only name by which men should swear, and they should do so with all holy fear and reverence. Therefore, to swear vainly or rashly by that glorious and fearful name, or to swear at all by any other thing, is sinful and to be abhorred. Yet since, in matters of weight and great importance, an oath is warranted by the Word of God under the new testament as well as under the old, therefore, a lawful oath ought to be taken when imposed in such matters by lawful authority.

[1] Deut. 10:20; Isa. 45:23; Rom. 14:11; Phil. 2:10-11.

[2] Exod. 20:7; Lev. 19:12; Rom. 1:9; 2 Cor. 1:23; 2 Cor. 11:31; Gal. 1:20; 2 Chr. 6:22-23.

[3] Deut. 6:13; Josh. 23:7.

[4] Exod. 20:7; Jer. 5:7; Matt. 5:33-37; Jas. 5:12.

[5] Heb. 6:16; 2 Cor. 1:23; Isa. 65:16.

[6] 1 Kgs. 8:31; Neh. 13:25; Ezra 10:5.

6

Tungkol sa Pagkahulog Ng Tao, sa Kasalanan, at sa Kaparusahan Nito

1. Sapagka't ang ating unang mga magulang ay naakit ng katusuhan at panunukso ni Satanas, sila ay nagkasala sa pagkain ang ipinagbabawal na bunga.[1] Ang Diyos ay nalugod na pahintulutan na maganap ito ayon sa katuparan ng Kanyang matalino at banal na kalooban, dahil ang Kanyang layunin ay maluwalhati Siya sa pamamagitan nito.[2]

2. Dahil sa kasalanang ito ay nawala ang kanilang dating pagkamatuwid at pakikisama sa Diyos.[3] Dahil dito, sila ay naging patay dahil sa kasalanan,[4] at ang kanilang buong katawan at kaluluwa ay lubusang nadungisan.[5]

3. Dahil sa ang lahat ng tao ay nanggaling sa kanila, ang kasalanang ito ay inilagay[6] sa lahat. Ang kamatayang ito sa kasalanan at ang masamang likas ng tao ay namana rin ng lahat ng kanilang mga anak sa sali't salinlahi.[7]

4. Dahil sa unang kasalanang ito, ang

Of the Fall of Man, of Sin, and of Its Punishment

1. Our first parents, being seduced by the subtlety and temptation of Satan, sinned in eating the forbidden fruit. God was pleased to permit this sin of theirs, according to his wise and holy counsel, because his purpose was, through it, to glorify himself.

2. By this sin they fell from their original righteousness and communion with God, and so became dead in sin and wholly defiled in all the parts and faculties of soul and body.

3. Since they were the root of all mankind, the guilt of this sin was imputed to, and the same death in sin and corrupted nature were conveyed to, all their posterity descending from them by ordinary generation.

4. From this original corruption,

[1] Gen. 3:13; 2 Cor. 11:3.

[2] Tn. 5:4.

[3] Gen. 3:6-8; Rom. 3:23.

[4] Gen. 2:17; Eph. 2:1-3; Rom. 5:12.

[5] Gen. 6:5; Jer. 17:9; Tit. 1:15; Rom. 3:10-19.

[6] Acts 17:26;Rom. 5:12, 15-19; 1 Cor. 15:21-22, 49.

[7] Psa. 51:5; John 3:6; Gen. 5:3; Job 15:14.

lahat ng mga tao walang kiling, walang kakayahan, at salungat sa lahat ng mabuti[8] at lubos na nakakiling sa lahat ng masama.[9] Ang lahat ng ginagawang kasalanan ay nanggagaling sa unang kasalanang ito.[10]

5. Sa buhay na ito, ang makasalanang likas (corruption of nature) ay nananatili sa mga may bagong buhay.[11] Bagama't ang mga ito ay pinatawad at pinatay sa pamamagitan ni Cristo, gayon man ang masamang likas na ito at lahat ng kanyang mga gawa ay tunay at totoong kasalanan.[12]

6. Ang bawa't kasalanan, ang orihinal man o ginawa pagkatapos, ay pagsuway at laban sa matuwid na kautusan ng Diyos.[13] Samakatuwid, ang bawa't kasalanan sa kanyang sariling likas ay nagdadala ng kondenasyon sa makasalanan,[14] na dahil dito, siya ay nakatali sa banal na poot[15] at sumpa ng kautusan.[16] Dahil dito, siya ay nasa ilalim ng kamatayan,[17] na kasama nito ang lahat ng pagdurusang espiritwal,[18] sa buhay na ito man[19] o sa buhay na walang hanggan.[20]

by which we are utterly disinclined, disabled, and antagonistic to all that is good and wholly inclined to all that is evil, all actual transgressions proceed.

5. During this life, this corruption of nature remains in those who are regenerated. Even though it is pardoned and put to death through Christ, yet both this corruption of nature and all its expressions are in fact really sin.

6. Every sin, both original and actual, is a transgression of the righteous law of God and contrary to it. Therefore, every sin in its own nature brings guilt upon the sinner, on account of which he is bound over to the holy wrath of God and the curse of the law. Consequently, he is subject to death, with all miseries, spiritual, temporal, and eternal.

[8] Rom. 5:6; Rom. 7:18; Rom. 8:7; Col. 1:21.
[9] Gen. 8:21; tn. Gen. 6:5; Rom. 3:10-12.
[10] Matt. 15:19; Jas. 1:14-15; Eph. 2:2-3.
[11] Prov. 20:9; Eccl. 7:20; Rom. 7:14, 17-18, 21-23; 1 John 1:8, 10.
[12] Rom. 7:7-8, 25; Gal. 5:17.
[13] 1 John 3:4.
[14] Rom. 2:15; Rom. 3:9, 19.
[15] Eph. 2:3.
[16] Gal. 3:10.
[17] Rom. 6:23. [18] Eph. 4:18. [19] Rom. 8:20; Lam. 3:39. [20] Matt. 25:41; 2 Thess. 1:9.

sanlibutan hanggang sa pagkabuhay na mag-uli ni Cristo, ang itinalagang Sabbath ay ang huling araw ng isang linggo. Subali't simula sa pagkabuhay na mag-uli ni Cristo, ang Sabbath ay naging unang araw ng linggo,[35] at tinawag ito sa Banal na Kasulatan na araw ng Panginoon.[36] Ang araw na ito ay nagpapatuloy hanggang sa katapusan ng mundo na Sabbath ng Cristiano.[37]

8. Ang Sabbath na ito ay ipinangingilin ng mga tao sa mga sumusunod na paraan:

(a) kapag taimtim nilang naihanda ang kanilang puso sa pagsamba at naisasaayos ang kanilang karaniwang mga gawain sa buhay;

(b) kapag ipinapahinga nila ang buong araw sa kanilang mga sariling gawa, salita at pag-iisip ukol sa kanilang mga trabaho at mga pagliliwaliw[38]; at

(c) kapag iniuukol nila ang buong araw ng Panginoon sa pangkalahatan at personal na pagsamba sa Diyos at sa mga tungkulin ng kailangan at ng kaawaan.[39]

resurrection of Christ, the appointed Sabbath was the last day of the week. Beginning with the resurrection of Christ, the Sabbath was changed to the first day of the week, which in Scripture is called the Lord's day, a day to be continued until the end of the age as the Christian Sabbath.

8. This Sabbath is then kept holy to the Lord when men, after due preparation of their hearts and arranging of their common affairs beforehand, not only observe a holy rest, all the day, from their own works, words, and thoughts concerning their everyday occupations and recreations, but also devote the whole time to the public and private exercises of God's worship and to the duties of necessity and mercy.

[35] Gen. 2:2-3; 1 Cor. 16:1-2; Acts 20:7.
[36] Rev. 1:10.
[37] Matt. 5:17-18; Mark 2:27-28; Rom. 13:8-10; Jas. 2:8-12.
[38] Exod. 20:8; Exod. 16:23-30; Exod. 31:15-17; Isa. 58:13-14; Neh. 13:15-22.
[39] Isa. 58:13-14; Luke 4:16; Matt. 12:1-13; Mark 3:1-5.

panalangin, ni anumang bahagi ng banal na pagsamba, sa lugar na pinag-dadausan, o sa dako na pinag-uukulan ng pagsamba,[27] kundi ang Diyos ay dapat sambahin sa lahat ng dako[28] sa espiritu at katotohanan.[29] Dapat Siyang sambahin sa mga pami-pamilya,[30] at sa personal na pagsamba sa lihim[31] araw-araw.[32] Gayon din, dapat Siyang sambahin nang taimtim sa mga publikong pagtitipon sa pagsamba. Ang mga ganitong pananambahan ay hindi dapat pabayaan o kusang talikuran ng mga mananampalataya kapag sila ay tinawag ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita o probidensiya na magtipon sa pananambahan.[33]

7. Itinuturo ng batas ng kalikasan na ang isang bahagi ng panahon na itinakda ng Diyos ay dapat italaga sa pagsamba sa Diyos. Gayundin, ayon sa Kanyang Salita, sadyang itinalaga ng Diyos ang isang araw sa pito na ipangilin bilang isang banal na Sabbath sa Kanyang sarili.[34] Ang utos ukol dito ay morál, tiyak at walang hanggan, at sinasaklaw nito ang lahat ng mga tao sa lahat ng mga panahon. Mula sa pasimula ng

religious worship is now limited to, or made more acceptable by, any particular place where it is performed or toward which it is directed. On the contrary, God is to be worshiped everywhere in spirit and truth. He should be worshiped daily in families, and privately by individuals, and with greater solemnity in public worship services. Such worship services are not to be carelessly or willfully neglected or forsaken when God by his Word or his providence calls people to them.

7. As it is the law of nature that, in general, a proper proportion of time ought to be set apart for the worship of God, so God in his Word, by a positive, moral, and perpetual commandment binding all men in all ages, has specifically appointed one day in seven for a Sabbath to be kept holy to him. From the beginning of the world to the

[27] John 4:21.
[28] Mal. 1:11; 1 Tim. 2:8.
[29] John 4:23-24.
[30] Jer. 10:25; Deut. 6:6-7; Job 1:5; 2 Sam. 6:18, 20.
[31] Matt. 6:11; tn. Job 1:5.
[32] Matt. 6:6, 16-18; Neh. 1:4-11; Dan. 9:3-4a.
[33] Isa. 56:6-7; Heb. 10:25; Psa. 100:4; Psa. 122:1; Psa. 84:1-12; Luke 4:16; Acts 13:42, 44; Acts 2:42.
[34] Exod. 20:8-11; Isa. 56:2-7.

7

Tungkol sa Covenant Ng Diyos sa Tao

1. Ang agwat ng Diyos at tao ay napakalayo. Bagama't may isip na nilikha ay dapat siyang sumunod sa kanyang Manlilikha, sa kanyang sarili ay hindi niya kayang maranasan ang lugod ng gantimpala at pagpapala Niya. Tanging sa kusang pagpapakababa ng Diyos at sa Kanyang pagtatatag ng covenant maaaring maganap ang pakikipagugnayan sa Diyos.[1]

2. Ang unang covenant na ginawa sa tao ay ang covenant of works.[2] Dito ay ipinangako ang buhay kay Adan at sa kanyang mga sumusunod na inapo,[3] sa kondisyon ng kanyang sariling lubos na pagsunod.[4]

3. Dahil sa ang tao, sa kanyang pagkahulog sa kasalananan, ay hindi maaaring magkaroon ng buhay sa pamamagitan ng covenant na iyon, kinalugdan ng Panginoon na gumawa ng pangalawang covenant,[5] na karaniwang tinatawag na covenant of grace. Dito ay malaya Niyang iniaalok ang buhay at kaligtasan sa mga makasalanan sa pamamagitan ni JesuCristo.

Of God's Covenant with Man

1. The distance between God and the creature is so great that, even though rational creatures are responsible to obey him as their Creator, yet they could never experience any enjoyment of him as their blessing and reward except by way of some voluntary condescension on his part, which he has been pleased to express by way of covenant.

2. The first covenant made with man was a covenant of works in which life was promised to Adam and, in him, to his posterity, upon condition of perfect and personal obedience.

3. Since man, by his fall, made himself incapable of life by that covenant, the Lord was then pleased to make a second covenant, commonly called the covenant of grace. In it God freely offers life and salvation by Jesus Christ to sinners, requiring of them faith in him, that they may be saved, and

[1] Isa. 40:13-17; Job 9:32-33; Psa. 113:5-6; Job 22:2-3; Job 35:7-8; Luke 17:10; Acts 17:24-25.
[2] Gen. 2:16-17; Hos. 6:7; Gal. 3:12.
[3] Gen. 3:22; Rom. 10:5; Rom. 5:12-14; tn. Rom. 5:15-20.
[4] Gen. 2:17; Gal. 3:10.
[5] Gal. 3:21; Rom. 3:20-21; Rom. 8:3; Gen. 3:15; tn. Isa. 42:6.

Hinihingi ng Panginoon na sila'y sumampalataya kay Cristo upang maligtas,[6] at ipinangako Niya na ibibigay ang Kanyang Banal na Espiritu sa lahat ng Kanyang hinirang sa buhay na walang hanggan, upang sila'y magkaroon ng kalooban at kakayahang sumampalataya.[7]

4. Ang covenant of grace na ito ay kadalasang tinatawag sa Kasulatan na isang testamento na tinutukoy ang kamatayan ni Jesu-Cristo na siyang gumawa ng testamento. Ito rin ay tinutukoy ang walang hanggang mana, na kasama ang lahat ng bagay na naaayon sa manang ito.[8]

5. Ang pamamahala ng covenant na ito sa panahon ng Kautusan ay kaiba sa pamamahala noong panahon ng ebanghelyo.[9] Sa ilalim ng Kautusan, ito ay pinamahalaan sa pamamagitan ng mga pangako, mga hula, mga pag-aalay, pagtutuli, Kordero ng Passover, at mga iba pang mga halimbawa at ordenansa na ibinigay sa bayan ng mga Hudyo. Ang lahat ng mga ito ay inilarawan si Cristong darating,[10] at ang mga ito ay sapat at mabisa noong panahong iyon, sa pamamagitan ng gawa ng Espiritu, sa pagtuturo at pagpapatibay sa pananampalataya ng mga hinirang sa ipinangakong

promising to give his Holy Spirit to all those who are ordained to eternal life, to make them willing and able to believe.

4. This covenant of grace is sometimes presented in the Scriptures by the name of a will or testament, with reference to the death of Jesus Christ (the testator) and to the everlasting inheritance, with all that belongs to it, bequeathed in it.

5. In the time of the law, this covenant was administered differently than in the time of the gospel. Under the law, it was administered by promises, prophecies, sacrifices, circumcision, the passover lamb, and other types and ordinances given to the Jewish people, all of which foreshadowed Christ to come. These were, for that time, sufficient and efficacious, through the work of the Spirit, to instruct and build up the elect in their faith in the promised Messiah, by whom they

[6] John 3:16; Rom. 10:6-9; Rev. 22:17.
[7] Acts 13:48; Ezek. 36:26-27; John 6:37, 44-45; 1 Cor. 12:3.
[8] Heb. 9:15-17.
[9] 2 Cor. 3:6-9.
[10] Heb. 8-10; Rom. 4:11; Col. 2:11-12; 1 Cor. 5:7.

nagkasala ng kasa-lanang humahantong sa kamatayan.[16]

5. Ang lahat ng bahagi ng pangkaraniwang banal na pagsamba sa Diyos[17] ay ang mga sumusunod: ang pagbabasa ng Banal na Kasulatan ng may paggalang[18]; ang tamang pangangaral[19] at masikap na pakikinig ng Salita ng Diyos sa pagsunod sa Kanya, ng may pag-unawa, pananampalataya at paggalang[20]; ang pag-awit ng mga salmos ng taos-puso[21]; ang nararapat na pamamahala ng mga sakramentong itinatag ni Cristo, at ang karapat-dapat na pagtanggap ng mga ito. Bukod doon, sa mga tanging pagkakataon at mga panahong nararapat ay may mga ibang bahagi na maaaring isama sa pananambahan: ang mga panunumpang Cristiano[22] at panata[23] solemneng pag-aayuno,[24] at pagpapasalamat.[25] Ang mga ito ay dapat gamitin sa banal at magalang na paraan.[26]

6. Ayon sa ebanghelyo, hindi nakasalalay ang pagiging katanggap-tanggap ng

5. The various elements of the ordinary religious worship of God are the reading of the Scriptures with reverence; the sound preaching and conscientious hearing of the Word in obedience to God, with understanding, faith, and reverence; the singing of psalms with grace in the heart; and the proper administration and worthy receiving of the sacraments instituted by Christ. Also, on special occasions and at appropriate times, there are other elements of worship, namely, religious oaths, vows, solemn fasts, and thanksgivings. These are to be used in a holy and devout manner.

6. Under the gospel, neither prayer nor any other part of

[16] 1 John 5:16.
[17] Matt. 28:19; 1 Cor. 11:23-29; Acts 2:42.
[18] Luke 4:16-17; Acts 15:21; Col. 4:16; 1 Thess. 5:27; Rev. 1:3.
[19] 2 Tim. 4:2; Acts 5:42.
[20] Jas. 1:22; Acts 10:33; Matt. 13:19; Heb. 4:2; Isa. 66:2.
[21] Col. 3:16; Eph. 5:19; Jas. 5:13; 1 Cor. 14:15.
[22] Deut 6:13; Neh. 10:29; 2 Cor. 1:23.
[23] Psa. 116:14; Isa. 19:21; Eccl. 5:4-5.
[24] Joel 2:12; Est. 4:16; Matt. 9:15; Acts 14:23.
[25] Exod. 15:1-21; Psa. 107:1-43; Neh. 12:27-43; Est. 9:20-22.
[26] Heb. 12:28.

walang ibang tagapamagitan kundi si Cristo lamang.[5]

3. Ang panalanging may kasamang pasasalamat ay isang natatanging bahagi ng pananambahan,[6] at ito ay hinihingi ng Diyos sa lahat ng mga tao.[7] Datapuwa't upang ito'y maging katanggap-tanggap, dapat itong gawin sa Pangalan ng Anak ng Diyos,[8] sa tulong ng Banal na Espiritu,[9] at ayon sa Kanyang kalooban.[10] Ang panalangin ay dapat ding mayroong pag-unawa, maging magalang, at may pagpapakumbaba, alab, pananampalataya, pag-ibig at pagtitiyaga.[11] Kung nananalangin na kasama ng iba, dapat itong nasa wikang nauunawaan ng lahat.[12]

4. Ang panalangin ay dapat gawin para sa mga bagay na ayon sa kalooban ng Diyos,[13] at para sa lahat ng uri ng tao na nabubuhay ngayon at mabubuhay sa hinaharap.[14] Nguni't mali na manalangin para sa mga patay,[15] at para sa mga taong maliwanag na

through any mediator other than Christ.

3. Prayer with thanksgiving is a special part of religious worship and is required by God of all men. In order that prayer may be accepted, it is to be made in the name of the Son, by the help of his Spirit, and according to his will. Prayer is to be offered with understanding, reverence, humility, fervency, faith, love, and perseverance. If vocal, it must be offered in a language that is understood.

4. Prayer is to be made for things that are lawful and for all kinds of men now alive or who will live at a later time. But it is wrong to pray for the dead or for those known to have committed the sin unto death.

[5] John 14:6; 1 Tim. 2:5; Eph. 2:18; Col. 3:17.
[6] Phil. 4:6; 1 Tim. 2:1; Col. 4:2.
[7] Psa. 65:2; Psa. 67:3; Psa. 96:7-8; Psa. 148:11-13; Isa. 55:6-7.
[8] John 14:13-14; 1 Pet. 2:5.
[9] Rom. 8:26; Eph. 6:18.
[10] 1 John 5:14.
[11] Psa. 47:7; Eccl. 5:1-2; Heb. 12:28; Gen. 18:27; Jas. 5:16; Jas. 1:6-7; Mark 11:24; Matt. 6:12, 14-15; Col. 4:2; Eph. 6:18.
[12] 1 Cor. 14:14.
[13] 1 John 5:14, 16; John 15:7.
[14] 1 Tim. 2:1-2; John 17:20; 2 Sam. 7:29; 2 Chr. 6:14-42.
[15] Luke 16:25-26; Isa. 57:1-2; Psa. 73:24; 2 Cor. 5:8, 10; Phil. 1:21-24; Rev. 14:13.

Mesias.[11] Sila ay nakatanggap ng buong kapatawaran ng kasalanan at walang hanggang kaligtasan sa pamamagitan ng Mesias na ito. Ang pamamahalang ito ng covenant ay tinawag na Old Testament.[12]

6. Sa ilalim ng ebanghelyo, si Cristo na siyang katuparan ng pangako[13] ay inihayag. Dahil dito, ang mga ordenansang namamahala sa covenant na ito ay ang pangangaral ng Salita ng Diyos at ang pamamahagi ng mga sakramento ng bautismo at Banal na Hapunan ng Panginoon.[14] Bagama't ang mga ito ay kaunti sa bilang, simple, at hindi marangya, ang covenant ay nahahayag ng may mas malawak na kapunuan, kaliwanagan, at espiritual na bisa[15] para sa lahat ng mga bansa, Hudyo o Hentil man.[16] Ang tawag dito ay ang New Testament.[17] Samakatuwid, hindi dalawa ang covenant of grace na magkaiba ang substansya, kundi iisa lamang covenant of grace, bagama't ang pamamahala nito ay magkakaiba sa iba't ibang panahon.[18]

received complete forgiveness of sins and eternal salvation. This covenant administration is called the old testament.

6. Under the gospel, Christ (the reality) having been revealed, the ordinances by which this covenant is dispensed are the preaching of the Word and the administration of the sacraments of baptism and the Lord's supper. Although these are fewer in number and are administered with more simplicity and less outward glory, yet in them the covenant is set forth in greater fullness, clarity, and spiritual efficacy to all nations, both Jews and Gentiles, and is called the new testament. Therefore, there are not two covenants of grace differing in substance, but only one, under various administrations.

[11] 1 Cor. 10:1-4; Heb. 11:13; John 8:56.
[12] Gal. 3:7-9, 14; Psa. 32:1-2, 5.
[13] Col. 2:17.
[14] 1 Cor. 1:21; Matt. 28:19-20; 1 Cor. 11:23-25.
[15] Heb. 12:22-24; 2 Cor. 3:9-11; Jer. 31:33-34.
[16] Luke 2:32; Acts 10:34; Eph. 2:15-19.
[17] Luke 22:20.
[18] Gal. 3:8-9, 14, 16; Rom. 3:21-22, 30; Rom. 4:3, 6-8; tn. Gen. 15:6; Psa. 32:1-2; Rom. 4:16-17, 23-24; Heb. 4:2; tn. Rom. 10:6-10; 1 Cor. 10:3-4.

8

Tungkol kay Cristo, ang Tagapamagitan

1. Ikinalugod ng Diyos sa Kanyang walang hanggang layunin na piliin at italaga ang Panginoong Jesus, ang Kanyang bugtong na Anak, na maging Tagapamagitan sa Diyos at sa tao.[1] Bilang Tagapamagitan, siya ay Propeta,[2] Saserdote,[3] at Hari,[4] at Puno at Tagapagligtas ng Kanyang Iglesia.[5] Siya rin ang Tagapagmana ng lahat ng bagay[6] at Hukom ng sanlibutan.[7] Ibinigay ng Ama sa Kanya mula sa walang hanggan ang isang bayan upang maging mga anak Niya,[8] at upang sa takdang panahon ay tubusin, tawagin, ipahayag na matuwid, banalin at luwalhatiin sa pamamagitan Niya.[9]

2. Ang Anak ng Diyos, ang ikalawang Persona sa Trinidad, ay ang tunay at walang hanggang Diyos. Siya ay isa sa substansya at kapantay ng Ama. Siya, sa takdang panahon, ay nagkatawang-tao,[10] taglay ang lahat ng mahalagang katangian at karaniwang kahinaan nito,

Of Christ the Mediator

1. God was pleased, in his eternal purpose, to choose and ordain the Lord Jesus, his only begotten Son, to be the mediator between God and man. As the mediator, he is the prophet, priest, and king, the Head and Savior of the church, the heir of all things, and the judge of the world. God gave to him, from all eternity, a people to be his seed and to be by him, in time, redeemed, called, justified, sanctified, and glorified.

2. The Son of God, the second person of the Trinity, being truly and eternally God, of one substance and equal with the Father, did, when the fullness of time had come, take upon himself man's nature, with all

[1] Isa. 42:1; 1 Pet. 1:19-20; John 3:16; 1 Tim. 2:5.
[2] Acts 3:20, 22; tn. Deut. 18:15.
[3] Heb. 5:5-6.
[4] Psa. 2:6; Luke 1:33; tn. Isa. 9:5-6; Acts 2:29-36; Col. 1:13.
[5] Eph. 5:23.
[6] Heb. 1:2.
[7] Acts 17:31.
[8] John 17:6. Psa. 22:30; Isa. 53:10; Eph. 1:4.
[9] 1 Tim. 2:6; Isa. 55:4-5; 1 Cor. 1:30; Rom. 8:30.
[10] John 1:1, 14; 1 John 5:20; Phil. 2:6; Gal. 4:4.

21

Tungkol sa Pananambahan at Araw ng Panginoon

1. Ipinakikita ng liwanag ng kalikasan na mayroong isang Diyos na may kapamahalaan at kapangyarihan sa ibabaw ng lahat. Siya ay mabuti, at gumagawa Siya ng mabuti sa lahat. Kaya dapat Siyang katakutan, mahalin, purihin, tawagan sa panalangin, pagtiwalaan at paglingkuran ng buong puso, kaluluwa at lakas.[1] Datapuwa't ang tanging katanggap-tanggap na paraan ng pagsamba sa tunay na Diyos ay itinatag mismo Niya ayon sa Kanyang sariling ipinahayag na kalooban. Hindi Siya maaaring sambahin ayon sa mga likhang-isip at mga paraan ng tao, ni sa mga mungkahi ni Satanas, ni sa pamamagitan ng mga nakikitang simbolo, o anumang paraan na hindi iniuutos sa Banal na Kasulatan.[2]

2. Ang banal na pagsamba ay dapat ibigay sa Diyos Ama, Anak at Banal na Espiritu, at sa Kanya lamang.[3] Hindi ito dapat ibigay sa mga anghel, sa mga santo, o sa alin mang nilalang.[4] Mula nang mahulog ang tao sa pagkakasala, ang pagsamba ay hindi maaaring ibigay sa Diyos na walang tagapamagitan, at

Of Religious Worship and the Sabbath Day

1. The light of nature shows that there is a God who has lordship and sovereignty over all, that he is good and does good to all, and that he ought therefore to be feared, loved, praised, prayed to, trusted in, and served with all the heart, and with all the soul, and with all the might. But the acceptable way of worshiping the true God has been instituted by himself, and so limited by his own revealed will, that he may not be worshiped according to the imaginations or devisings of men, or the suggestions of Satan, or under any visible representation, or any other way not commanded in Holy Scripture.

2. Religious worship is to be given to God alone, Father, Son, and Holy Spirit. It is not to be given to angels, saints, or any other creature. And since the Fall, worship is not to be given except through a mediator, nor is it to be given

[1] Rom. 1:20; Psa. 19:1-4a; Psa. 50:6; Psa. 97:6; Psa. 145:9-12; Acts 14:17; Psa. 104:1-35; Psa. 86:8-10; Psa. 95:1-6; Psa. 89:5-7; Deut. 6:4-5.
[2] Deut. 12:32; Matt. 15:9; Acts 17:23-25; Matt. 4:9-10; Deut. 4:15-20; Exod. 20:4-6; John 4:23-24; Col. 2:18-23.
[3] John 5:23; Matt. 28:19; 2 Cor. 13:14; Eph. 3:14; Rev. 5:11-14; Acts 10:25-26.
[4] Col. 2:18; Rev. 19:10; Rom. 1:25.

layuning ito ay upang tayo ay maglilingkod sa Panginoon ng walang takot, sa kabanalan at katuwiran sa harap Niya sa lahat ng mga araw ng ating buhay, sapagka't tayo ay pinalaya Niya sa kamay ng ating mga kaaway.[14]

4. Ang mga kapangyarihan na itinalaga ng Diyos, at ang kalayaan na binili ni Cristo, ay hindi Niya nilayon na magpawalang-bisa sa isa't isa. Ang layunin Niya sa mga ito ay upang itaguyod at ingatan yaong mga sumusuway sa kautusan ng Diyos sa ngalan ng kalayaang Cristiano, at yaong mga sumasalungat sa kapangyarihang itinatag ng batas o sa paggamit ng kapangyarihang ito, pangbayan man o pang-iglesia.[15]

Ang mga kabilang sa iglesia na gumagawa ng mga sumusunod ay maaaring ipatawag upang magbigay-sulit sa iglesia, o disiplinahin ng iglesia:

(a) nagpapahayag ng mga palagay o gumagawa ng mga bagay na salungat sa liwanag ng kalikasan, o sa mga tuntunin ng Cristianismo (ito man ay tungkol sa pananampalatay, pananambahan, o sa buhay-Cristiano), o sa kapangyarihan ng buhay na maka-Diyos;

(b) nagpapahayag ng mga palagay, at gumagawa at naninindigan sa mga bagay na nakapagwawasak ng kapayapaan at kaayusan na itinatag ni Cristo sa iglesia.[16]

is that, having been delivered out of the hand of our enemies, we may serve the Lord without fear, in holiness and righteousness before him all the days of our life.

4. Because the powers which God has ordained and the liberty which Christ has purchased are not intended by God to destroy each other, but mutually to uphold and preserve one another, those who, in the name of Christian liberty, oppose any lawful power or any lawful exercise of it, whether civil or ecclesiastical, resist the ordinance of God. Those who declare opinions or maintain practices contrary to the light of nature, or to the known principles of Christianity (whether concerning faith, worship, or manner of life), or the power of godliness; or who are guilty of such erroneous opinions or practices, as either in their own nature, or in the manner of publishing or maintaining them, are destructive of the external peace and order which Christ has established in the church, may lawfully be called to account, and proceeded against, by the censures of the church.

[14] Gal. 5:13; 1 Pet. 2:16; 2 Pet. 2:19; Rom. 6:15; John 8:34; Luke 1:74-75.
[15] 1 Pet. 2:13-14, 16; Rom. 13:1-8; Heb. 13:17; 1 Thess. 5:12-13.
[16] Rom. 1:32; 1 Cor. 5:1, 5, 11-13; 2 John 10-11; 2 Thess. 3:6, 14; 1 Tim. 6:3-4; Tit. 1:10-11, 13-14; Tit. 3:10; Rom. 16:17; Matt. 18:15-17; 1 Tim. 1:19-20; Rev. 2:2, 14-15, 20.

nguni't walang kasalanan.[11] Siya ay ipinaglihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu sa sinapupunan ng Birheng Maria, galling sa substansya niya.[12] Sa ganitong paraan, ang dalawang kalikasan (nature) – ang pang-Diyos (divine) at ang pantao – ganap at magka-iba, ay pinag-isa na hindi maaaring paghiwalayin sa iisang Persona. Ang dalawang kalikasang ito hindi nagbabago, hindi dapat paghaluin, at hindi dapat pagpapalit-palitin (confused).[13] Ang Personang ito ay tunay na Diyos at tunay na tao rin, nguni't isang Cristo, ang tanging Tagapamagitan sa Diyos at sa tao.[14]

3. Sa Kanyang pantaong kalikasan na pinag-isa sa pang-Diyos na kalikasan, ang Panginoong Jesus ay ibinukod at pinahiran ng puspos ng Banal na Espiritu.[15] Nasa Kanya ang lahat ng kayamanan ng karunungan at kaalaman.[16] Ikinalugod ng Ama na ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos ay manahan sa Kanya.[17] Palibhasa'y banal, walang sala, walang dungis, at puno ng biyaya at katotohanan,[18] Siya ay mayroong hustong kakayahan na tumupad ng katungkulan ng isang

its essential properties and common frailties, yet without sin. He was conceived by the power of the Holy Spirit in the womb of the virgin Mary and of her substance. In this way, two whole natures, the divine and the human, perfect and distinct, were inseparably joined together in one person without being changed, mixed, or confused. This person is truly God and truly man, yet one Christ, the only mediator between God and man.

3. In his human nature, united to the divine nature, the Lord Jesus was set apart and anointed with the Holy Spirit beyond measure, having in him all the treasures of wisdom and knowledge. In him the Father was pleased to have all fullness dwell, so that, being holy, blameless, and undefiled, full of grace and truth, he might be completely equipped to fulfill the office of a mediator and

[11] Phil. 2:7; Heb. 2:14, 16-17; Heb. 4:15.
[12] Luke 1:27, 31, 35; Gal. 4:4; tn. Matt. 1:18, 20-21.
[13] Matt. 16:16; Col. 2:9; Rom. 9:5; 1 Tim. 3:16.
[14] Rom. 1:3-4; 1 Tim. 2:5.
[15] Psa. 45:7; John 3:34; tn. Isa. 61:1; Luke 4:18; Heb. 1:8-9.
[16] Col. 2:3.
[17] Col. 1:19.
[18] Heb. 7:26; John 1:14.

tagapamagitan at tagapanagot.[19] Hindi Niya itinalag ang sarili Niya sa tungkuling ito, kundi Siya'y tinawag ng Kanyang Ama para dito.[20] Ang Kanyang Ama ay nagkaloob sa kanya ng buong kapangyarihan at paghatol sa Kanyang kamay at inatasan Siya na gawin ito.[21]

4. Kusang-loob na ginanap ng Panginoong Jesus[22] ang tungkulin ng isang tagapamagitan. Upang matupad Niya ito, Siyaay ipinanganak sa ilalim ng kautusan[23] na Kanyang lubusang ginanap.[24] Tiniis Niya ang lubhang kalungkutan sa Kanyang kaluluwa,[25] at pinakamasakit na pagdurusa sa Kanyang katawan.[26] Siya'y ipinako sa krus, namatay,[27] at inilibing. Siya ay nanatili sa ilalim ng kapangyarihan ng kamatayan, nguni't hindi nabulok ang Kanyang katawan.[28] Sa ikatlong araw, Siya ay bumangon mula sa patay[29] sa gayon ding katawan na dumanas ng hirap.[30] Taglay ang katawan ding ito, Siya ay umakyat sa langit at umupo sa

guarantor. He did not take this office to himself but was called to it by his Father, who put all power and judgment into his hand and commanded him to execute it.

4. This office the Lord Jesus most willingly undertook, and in order to discharge its obligations he was born under the law and perfectly fulfilled it. He endured most grievous torments in his soul and most painful sufferings in his body; he was crucified, died, and was buried; he remained under the power of death, yet his body did not undergo decay; and he arose from the dead on the third day with the same body in which he had suffered. In this body he ascended into heaven, where

19 Acts 10:38; Heb. 12:24; Heb. 7:22.
20 Heb. 5:4-5.
21 John 5:22, 27; Matt. 28:18; Acts 2:36.
22 Psa. 40:7-8; tn. Heb. 10:5-10; John 4:34; John 10:18; Phil. 2:8.
23 Gal. 4:4.
24 Matt. 3:15; Matt. 5:17; Heb. 5:8-9.
25 Matt. 26:37-38; Luke 22:44; Matt. 27:46.
26 Matt. 26:67-68; Matt. 27:27-50.
27 Mark 15:24, 37; Phil. 2:8.
28 Matt. 27:60; Acts 2:24, 27; Acts 13:29, 37; Rom. 6:9.
29 1 Cor. 15:3-4.
30 Luke 24:39; John 20:25, 27.

sa panahon ng New Testament, ang kalayaan ng mga Cristiano ay lalong malawak: sial ay may kalayaang mula sa pamatok ng mga kautusang pang-seremonya na kinapapailaliman ng iglesia ng mga Hudyo[7]; sila ay higit na may lakas ng loob na lumapit sa luklukan ng biyaya ng Diyos[8]; sila ay may mas higit na bahagi ng mga kaloob ng malayang Espiritu ng Diyos kaysa sa mga mananampalataya sa ilalim ng kautusan ng Old Testament.[9]

2. Ang Diyos lamang ang Panginoon ng budhi.[10] Pinalaya Niya ang budhi sa lahat ng mga tungkulin sa anumang pagtuturo o kautusan ng mga tao, kung ito ay salungat sa Salita ng Diyos, o mga bagay tungkol sa pananam-palataya o pagsamba na hindi nakasu-lat dito.[11] Samakatuwid, ang maniwala sa mga ganitong pagtuturo at sumu-nod sa mga ganitong kautusan dahil sa budhi ay isang pagtataksil sa tunay na kalayaan ng budhi.[12] Ang paghingi ng lubos na pananampalataya at ganap at bulag na pagsunod ay pagwasak sa kalayaan ng budhi at laban din sa lahat ng pangangatwiran.[13]

3. Ang paggawa ng anumang kasalanan o pagtatanim ng masamang pagnanasa na idinadahilan ang paggamit ng kalayaang Cristiano ay winawasak ang layunin ng kalayaang Cristiano. Ang

they are free from the yoke of the ceremonial law to which the Jewish church was subjected; they have greater boldness of access to the throne of grace; and they experience in greater measure the gifts of God's free Spirit than believers under the law ordinarily partook of.

2. God alone is Lord of the conscience and has left it free from the doctrines and commandments of men which are, in anything, contrary to his Word, or which, in matters of faith or worship, are in addition to it. Therefore, anyone who believes such doctrines or obeys such commands out of conscience betrays true liberty of conscience. The requiring of an implicit faith, and an absolute and blind obedience, destroys both liberty of conscience and reason.

3. Those who, on the pretext of Christian liberty, practice any sin or cherish any evil desire destroy the purpose of Christian liberty. This purpose

10 Jas. 4:12; Rom. 14:4, 10; 1 Cor. 10:29.
11 Acts 4:19; Acts 5:29; 1 Cor. 7:22-23; Matt. 15:1-6; Matt. 23:8-10; 2 Cor. 1:24; Matt. 15:9.
12 Col. 2:20-23; Gal. 1:10; Gal. 2:4-5; Gal. 4:9-10; Gal. 5:1.
13 Rom. 10:17; Isa. 8:20; Acts 17:11; John 4:22; Rev. 13:12, 16-17; Jer. 8:9; 1 Pet. 3:15.

20

Tungkol sa Kalayaang Cristiano At Kalayaan ng Budhi

1. Binili ni Cristo ang kalayaang nasa ebanghelyo para sa lahat ng mga mananampalataya. Ito ay binubuo ng kalayaan mula sa pagiging maysala, sa paghatol at sa kapootan ng Diyos, at sa sumpa ng kautusang moral.[1] Kasama rin nito ang pagliligtas mula sa kasalukuyang masamang sanlibutang ito, at mula sa pagkaalipin kay Satanas at sa paghahari ng kasalanan sa kanila,[2] ng samâ ng mga pagdurusa, ng sugat ng kamatayan, ng pagtatagumpay ng libingan, at ng walang hanggang kapahamakan.[3] Bukod dito, mayroon ding malayang paglapit sa Diyos[4] at kusang pagsunod sa Kanya, hindi tulad ng aliping natatakot sa kanyang panginoon, kundi tulad ng isang anak na may pag-ibig at pagkukusa. [5]

Ang lahat ng mga pagpapalang ito ay tinamasa rin ng mga mananampalataya sa panahon ng Old Testament.[6] Nguni't

Of Christian Liberty and Liberty of Conscience

1. The liberty which Christ purchased for believers under the gospel consists in their freedom from the guilt of sin, from the condemning wrath of God, and from the curse of the moral law. Furthermore, it consists in their being delivered from this present evil age, from bondage to Satan and the dominion of sin, from the evil of afflictions, from the sting of death, from the victory of the grave, and from everlasting damnation. It consists also in their free access to God and in yielding obedience to him, not out of slavish fear, but out of a childlike love and willing mind. All of these things were common to believers also under the law. Under the new testament, however, the liberty of Christians is further enlarged:

[1] Tit. 2:14; 1 Thess. 1:10; Gal. 3:13.

[2] Gal. 1:4; Col. 1:13; Acts 26:18; Rom. 6:14.

[3] Rom. 8:28; Psa. 119:71; 2 Cor. 4:15-18; 1 Cor. 15:54-57; Rom. 5:9; Rom. 8:1. tn. 1 Thess. 1:10.

[4] Rom. 5:1-2.

[5] Rom. 8:14-15; Gal. 4:6; 1 John 4:18.

[6] Gal. 3:8-9, 14; Rom. 4:6-8; 1 Cor. 10:3-4; Heb. 11:1-40.

[7] Gal. 4:1-7; Gal. 5:1; Acts 15:10-11.

[8] Heb. 4:14-16; Heb. 10:19-22.

[9] 1 John 7:38-39; Acts 2:17-18; 2 Cor. 3:8, 13, 17-18; tn. Jer. 31:31-34.

kanan ng Kanyang Ama,[31] at namamagitan Siya para sa mga hinirang.[32] Sa katapusan ng sanglibutan, babalik Siya upang hukuman ang mga tao at mga anghel.[33]

5. Binigyan ng Panginoong Jesus ng buong kasiyahan ang katarungan ng Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang lubusang pagsunod, at sa isang tanging paghahandog ng Kanyang sarili sa Diyos sa pamamagitan ng walang hanggang Espiritu.[34] Hindi lamang ang pagkakasundo ang binili Niya; binili rin Niya ang walang hanggang mana sa kaharian ng langit para sa lahat ng ibinigay sa Kanya ng Ama.[35]

6. Kahit na ang gawain ng katubusan ay hindi talagang natupad ni Cristo kundi pagkatapos na Siya ay nagkatawang-tao, gayon pa man, ang halaga, bisa at pakinabang ng Kanyang pagtubos ay ibinigay sa lahat ng panahon mula pa nang lalangin ang sanlibutan. Ito ay naganap sa pamamagitan ng mga pangako, halimbawa at pag-aalay, na sa mga ito Siya ay nahahayag. Ang binhi ng babae na dudurog sa ulo ng ahas (ang Diablo) ay tumutukoy sa Kanya. Siya rin ang kordero na pinatay mula pa noong nilikha ang sanlibutan. Siya ay walang pagba-

he sits at the right hand of his Father, making intercession, and he shall return to judge men and angels at the end of the age.

5. The Lord Jesus, by his perfect obedience and sacrifice of himself, which he through the eternal Spirit once offered up to God, has fully satisfied the justice of his Father. He purchased not only reconciliation but also an everlasting inheritance in the kingdom of heaven for all those whom the Father has given to him.

6. Although the work of redemption was not actually accomplished by Christ until after his incarnation, yet the power, efficacy, and benefits of it were applied to the elect in all ages successively from the beginning of the world, in and by those promises, types, and sacrifices by which Christ was revealed and signified to be the seed of the woman who would bruise the serpent's head, and to be the Lamb slain from the beginning of the world. He is

[31] Luke 24:50-51; 1 Pet. 3:22.

[32] Rom. 8:34; Heb. 7:25; tn. Heb. 9:24.

[33] Acts 1:11; John 5:28-29; Rom. 14:10b; Acts 10:42; Matt. 13:40-42; Jude 6; tn. 2 Pet. 2:4.

[34] Rom. 5:19; Heb. 9:14; Heb. 10:14; Eph. 5:2; Rom. 3:25-26.

[35] Dan. 9:24; 2 Cor. 5:18; Col. 1:20; Eph. 1:11, 14; Heb. 9:12, 15; John 17:2.

bago mula sa kahapon, hanggang ngayon at magpakailanman.[36]

7. Si Cristo, bilang tagapamagitan sa Diyos at sa tao, ay gumagawa ayon sa Kanyang dalawang kalikasan. Ang bawa't kalikasan ay gumaganap ng nararapat sa kalikasang iyon.[37] Gayon man, sa Banal na Kasulatan, dahil sa pagkakaisa ng Kanyang Persona, ang bagay na nararapat sa isang kalikasan, kung minsan ay iginagawad sa Persona sa ikalawang kalikasan.[38]

8. Tiyak at mabisang ibinigay at ipinahayag ni Cristo ang katubusan sa lahat ng Kanyang tinubos.[39] Siya ay namamagitan para sa kanila,[40] at inihahayag Niya sa kanila ang mga hiwaga ng kaligtasan.[41] Mabisa Niyang hinihikayat sila na sumampalataya at sumunod sa pamamagitan ng Espiritu. Pinamamahalaan Niya ang kanilang mga puso ng Kanyang Salita at Espiritu.[42] Pinananagumpayan Niya ang lahat ng kanilang mga kaaway sa pamamagitan ng Kanyang lubos na kapangyarihan at karunungan. Ginagamit Niya ang mga pamamaraang ito na ayon sa Kanyang kahanga-hanga at di-malirip na pamamahala.[43]

the same yesterday, today, and forever.

7. In the work of mediation, Christ acts according to both natures. Each nature does what is proper to itself; yet, by reason of the unity of his person, that which is proper to one nature is in Scripture sometimes attributed to the person designated by the other nature.

8. To all those for whom Christ purchased redemption, he certainly and effectually applies and communicates it. He makes intercession for them and reveals to them, in and by the Word, the mysteries of salvation. He effectually persuades them by his Spirit to believe and obey, and governs their hearts by his Word and Spirit. He overcomes all their enemies by his almighty power and wisdom in such a manner, and by such ways, as are most agreeable to his wonderful and unsearchable administration.

[36] Gal. 4:4-5; Gen. 3:15; 1 Cor. 10:4; Rev. 13:8; Heb. 13:8; tn. Rom. 3:25; Heb. 9:15.
[37] John 10:17-18; 1 Pet. 3:18; Heb. 1:3; tn. Heb. 9:14.
[38] Acts 20:28; Luke 1:43; tn. Rom. 9:5.
[39] John 6:37, 39; John 10:15-16, 27-28.
[40] 1 John 2:1; Rom. 8:34.
[41] John 15:15; Eph. 1:9; John 17:6.
[42] John 14:26; 2 Cor. 4:13; Rom. 8:9, 14; Rom. 15:18-19; John 17:17.
[43] Psa. 110:1; 1 Cor. 15:25-26; Col. 2:15; Luke 10:19.

kautusan sa kanila kung ano ang nararapat na parusa ng kanilang mga kasalanan. Bukod dito, ipinapakita din sa kanila ang mga pagdurusa na maaaring idulot sa kanila sa buhay na ito dahil sa kanilang pagsuway kahit sila ay ligtas sa sumpa ng kautusan.[17]

Ang mga pangakong kaugnay ng kautusan ay ipinapakita rin sa mga may bagong buhay ang pagsang-ayon ng Diyos sa pagsunod at ang mga pagpapala na kanilang maaasahan sa pagtupad ng kautusan.[18] Nguni't ang mga pagpapalang ito ay hindi dumarating sa kanila dahil natupad nila ang kautusan bilang covenant of works.[19] Samakatuwid, kung ang tao ay gumagawa ng mabuti at hindi ng masama dahil hinihimok siya ng kautusan na gumawa ng mabuti at umiwas sa masama, ay hindi katibayan na ang tao ay nasa ilalim ng kautusan at hindi nasa ilalim ng biyaya.20

7. Ang mga naunang binanggit na paggamit ng kautusan ng Diyos ay hindi salungat sa biyaya ng ebanghelyo kundi lubos na kasang-ayon nito.[21] Sapagka't ang Espiritu ni Cristo ang nagpapasuko at nagbibigay ng kakayahan sa kalooban ng tao na gumawa ng kusa at may kagalakan ng mga hinihingi ng kalooban ng Diyos na nahahayag sa kautusan.[22]

shows the afflictions that they may expect because of them in this life. The promises of the law likewise show to the regenerate God's approval of obedience and the blessings they may expect as they obey the law, although these blessings are not due to them by the law as a covenant of works. Therefore, the fact that a man does good rather than evil because the law encourages good and discourages evil is no evidence that the man is under the law rather than under grace.

7. These uses of the law do not conflict with the grace of the gospel, but are in complete harmony with it; for it is the Spirit of Christ who subdues and enables the will of man to do freely and cheerfully those things which the will of God, revealed in the law, requires.

[21] Rom. 3:31; Gal. 3:21; Tit. 2:11-14.
[22] Ezek. 36:27; Heb. 8:10; Jer. 31:33; Psa. 119:35, 47; Rom. 7:22.

ng kautusan bilang covenant of works na sa pamamagitan nito sila ay inihayag na matuwid o hinahatulan,[11] ang kautusan ay makabuluhan sa kanila sa ibang mga paraan na sumusunod:

(a) Bilang tuntunin ng buhay, ito ay nagtuturo sa kanila ng kalooban ng Diyos at ng kanilang tungkulin. Tinuturuan at inaatasan sila na sumunod dito.[12]

(b) Ipinapakita din nito sa kanila ang makasalanang karumihan ng kanilang mga likas, mga puso at mga buhay.[13] Kaya't habang sinisiyasat nila ang kanilang sarili sa liwanag ng kautusan, sila ay higit na masusumbatan sa kanilang kasalanan, at lalong magpapakumbaba at higit na kapopootan ang kasalanan.[14] Dahil dito, makikita nila ng higit na maliwanag ang kanilang pangangailangan kay Cristo at ng lubos na pagsunod ni Cristo sa kautusan.[15]

(c) Dahil sa pagbabawal ng kautusan sa kasalanan, ito ay nakatutulong sa mga may bagong buhay na pigilin ang kanilang mga kasamaan.[16] Sa pamamagitan ng mga babala, ipinapakita ng

covenant of works by which they are justified or condemned, nevertheless the law is of great use to them as well as to others. By informing them, as a rule of life, both of the will of God and of their duty, it directs and binds them to walk accordingly. It also reveals to them the sinful pollutions of their nature, hearts, and lives. Therefore, when they examine themselves in the light of the law, they may come to further conviction of, humiliation for, and hatred of their sin, together with a clearer view of their need of Christ and the perfection of his obedience. The law is also useful to the regenerate because, by forbidding sin, it restrains their corruptions. By its threats it shows them what their sins deserve, and, although they are free from the curse threatened in the law, it

[11] Rom. 6:14; Rom. 7:4; Gal. 2:16; Gal. 3:13; Gal. 4:4-5; Acts 13:38-39; Rom. 8:1, 33.
[12] Rom. 7:12, 22, 25; Psa. 119:1-6; 1 Cor. 7:19; Gal. 5:14-23.
[13] Rom. 7:7, 13; Rom. 3:20.
[14] Jas. 1:23-25; Rom. 7:9, 14, 24.
[15] Gal. 3:24; Rom. 7:24-25; Rom. 8:3-4.
[16] Jas. 2:11-12; Psa. 119:101, 104, 128.
[17] Ezra 9:13-14; Psa. 89:30-34; Gal. 3:13.
[18] Exod. 19:5-6; Deut. 5:33; Lev. 18:5; Matt. 19:17; Lev. 26:1-13; 2 Cor. 6:16; Eph. 6:2-3; Psa. 19:11; Psa. 37:11; Matt. 5:5.
[19] Gal. 2:16; Luke 17:10.
[20] Rom. 6:12-15; 1 Pet. 3:8-12 kasama ang Psa. 34:12-16; Heb. 12:28-29.

9

Tungkol sa Kalayaan Ng Kalooban Ng Tao

1. Nilikha ng Diyos ang tao na may likas na kalayaan ng kalooban. Hindi siya mapipilit ng anumang likas at kinakailangang kondisyon na gumawa ng mabuti o masama.[1]

2. Sa orihinal na kabanalan ng tao, siya ay may kalayaan at kapangyarihan na loobin at gawin ang mabuti at kalugud-lugod sa Diyos.[2] Nguni't, yamang ang kaloobang ito ay maaaring magbago, maaari siyang mahulog sa kasalanan.[3]

3. Sa kanyang pagkahulog sa kasalanan, lubusang nawala ang kakayahan ng tao na piliin ang anumang espirituwal na kabutihan na kailangan sa kaligtasan.[4] Dahil dito, ang taong walang bagong buhay ay pawang laban sa anumang mabuti[5] at patay dahil sa kasalanan.[6] Wala siyang kakayahan, sa kanyang sariling lakas, na magbagong-loob sa Diyos o ihanda man lamang ang kanyang sarili sa pagbabagong-loob sa Diyos.[7]

4. Kapag binago ng Diyos ang isang makasalanan at dinala siya sa kalagayan

Of Man's Free Will

1. God has endowed the will of man with such natural liberty that it is neither forced nor, by any absolute necessity of nature, determined to good or evil.

2. Man, in his state of innocence, had freedom and ability to will and to do what was good and well-pleasing to God, and yet not unalterably, so that he might fall from it.

3. Man, by his fall into a state of sin, has completely lost all ability to choose any spiritual good that accompanies salvation. Therefore, an unregenerate man, because he is opposed to that good and is dead in sin, is unable by his own strength to convert himself or to prepare himself to be converted.

4. When God converts a sinner and brings him into the state of

[1] Jas. 1:13-14; Deut. 30:19; Isa. 7:11-12; Matt. 17:12; John 5:40; Jas. 4:7.
[2] Eccl. 7:29; Gen. 1:26, 31; Col. 3:10.
[3] Gen. 2:16-17; Gen. 3:6, 17.
[4] Rom. 8:7-8; John 6:44, 65; John 15:5; Rom. 5:5.
[5] Rom. 3:9-10, 12, 23.
[6] Eph. 2:1, 5; Col. 2:13.
[7] John 6:44, 65; John 3:3, 5-6; 1 Cor. 2:14; Tit. 3:3-5.

ng biyaya, pinalalaya siya ng Diyos sa kanyang likas na pagkaalipin sa kasalanan.[8] Sa pamamagitan ng Kanyang biyaya lamang, binibigyan Niya siya ng kakayahan na loobin at gawin ang espirituwal na kabutihan.[9] Gayon pa man, may nananatili pang kasalanan sa kanya, kung kaya't wala siyang kalooban na lubusang gumawa ng mabuti, kundi mayroon pa rin siyang kalooban na gumawa ng masama.[10]

grace, he frees him from his natural bondage to sin, and by his grace alone he enables him freely to will and to do what is spiritually good. Yet, because of his remaining corruption, he does not perfectly nor only will what is good, but also wills what is evil.

5. Ang kalooban ng tao ay nagiging ganap at walang pagbabago at malayang gumawa ng mabuti lamang pagpasok lamang niya sa kalagayan ng kaluwalhatian.[11]

5. The will of man is made perfectly and unchangeably free to do good alone, only in the state of glory.

[8] Col. 1:13; tn. John 8:34, 36; Rom. 6:6-7.

[9] Phil. 2:13; Rom. 6:14, 17-19, 22.

[10] Gal. 5:17; Rom. 7:14-25; 1 John 1:8, 10.

[11] Heb. 12:23; 1 John 3:2; Jude 24; Rev. 21:27.

yang mga katangian, gawa, pagdurusa, at mga pagpapala sa atin.[4] Bukod dito, ang mga seremonyang ito ay nagbibigay rin ng iba't ibang tagubilin ukol sa mabuting asal. [5]Ang mga pang-seremonyang utos na ito ay wala ng bisa ngayon sa ilalim ung New Testament.[6]

graces, actions, sufferings, and benefits, and partly of various instructions of moral duties. All these ceremonial laws are now abrogated under the new testament.

4. Ibinigay ng Diyos sa bayan ng Israel, bilang isang bayang sibil, ang mga iba't ibang kautusang pangmamamayan. Ang mga ito ay nagwakas nang nawala na ang pagkabansa ng Israel. Samakatuwid, wala ng tungkulin ang sinuman ngayon sa ilalim ng mga kautusang ito, maliban doon sa mga pang-kalahatang tuntunin ng katarungan.[7]

4. To the people of Israel, as a civil entity, he also gave various judicial laws which expired at the time their State expired. Therefore, these judicial laws place no obligation upon anyone now, except as they embody general principles of justice.

5. Nasasaklaw ng kautusang morál sa lahat ng panahon ang pagsunod ng lahat ng tao, sila man ay ipinahayag na matuwid o hindi.[8] Ang tungkulin na sumunod sa kautusang moral ay hindi lamang dahil sa nilalaman nito kundi gayon din dahil sa awtoridad ng Diyos na Manlilikha na nagbigay nito.[9] Hindi pinawalang-bisa ni Cristo ang kautusan, kundi pinatibay pa Niya ang tungkulin sa pagsunod dito.[10]

5. The moral law binds all people at all times to obedience, both those who are justified and those who are not. The obligation to obey the moral law is not only because of its content, but also because of the authority of God the Creator, who gave it. In the gospel, Christ in no way dissolves this obligation, but greatly strengthens it.

6. Bagama't ang mga tunay na mananampalataya ay hindi nasasakop

6. Although true believers are not under the law as a

[4] Heb. 10:1; Gal. 4:1-3; Heb. 9:1-28.

[5] Lev. 19:9-10, 19, 23, 27; Deut. 24:19-21; tn. 1 Cor. 5:17; 2 Cor. 6:17; Jude 23.

[6] Col. 2:14, 16-17; Dan. 9:27; Eph. 2:15-16; Heb. 9:10; Acts 10:9-16; Acts 11:2-10.

[7] Exod. 21:1-23:19; tn. Gen. 49:10 kasama ang 1 Pet. 2:13-14; 1 Cor. 9:8-10.

[8] Rom. 13:8-10; Rom. 3:31; Rom. 7:25; 1 Cor. 9:21; Gal. 5:14; Eph. 6:2-3; 1 John 2:3-4, 7; tn. Rom. 3:20; Rom. 7:7-8 at 1 John 3:4 kasama ang Rom. 6:15.

[9] Deut. 6:4-5; Exod. 20:11; Rom. 3:19; Jas. 2:8, 10-11; Matt. 19:4-6; Gen. 17:1.

[10] Matt. 5:17-19; Rom. 3:31; 1 Cor. 9:21; Luke 16:17-18.

19

Tungkol sa Kautusan ng Diyos

1. Ibinigay ng Diyos kay Adan ang kautusan sa covenant of works. Siya at ang lahat ng kanyang lahi ay nasasakop nito at dapat na sumunod dito ng personal, lubos, wasto, at habang buhay. Ipinangako ng Diyos ang buhay sa pagtupad at ibinabala ang kamatayan sa pagsuway nito. Bukod dito, ibinigay Niya kay Adan ang kapangyarihan at kakayahan na tuparin ang kautusang ito.[1]

2. Ang kautusang ito ay nagpatuloy na maging ganap na tuntunin ng katuwiran pagkahulog ni Adan sa kasalanan. Ibinigay ito ng Diyos sa Bundok ng Sinai sa sampung utos na nakasulat sa dalawang bato.[2] Ang unang apat na utos ay ukol sa ating tungkulin sa Diyos, at ang nalalabing anim ay tungkulin sa tao.[3]

3. Bukod sa sampung utos na ito na karaniwang tinatawag na kautusang moral, malugod na ibinigay rin ng Diyos sa murang bayan ng Israel ang mga pang-seremonyang utos. Ang mga pang-seremonyang utos na ito ay naglalarawan ng mga bagay na darating. Ang mga ito ay may kaugnayan sa pagsamba na naglalarawan kay Cristo at ang kani-

Of the Law of God

1.God gave Adam a law, in the form of a covenant of works, by which he bound him and all his descendants to personal, entire, exact, and perpetual obedience. He promised life if Adam kept the law and threatened death if he broke it. Moreover, he endowed Adam with power and ability to keep that law.

2. This law, after Adam fell, continued to be a perfect rule of righteousness and, as such, was given by God upon Mount Sinai in ten commandments written on two stone tablets. The first four commandments contain our duty to God, the other six our duty to man.

3. In addition to this law, commonly called the moral law, God was pleased to give the people of Israel, as the church under age, ceremonial laws, which contained several typological ordinances. These ordinances consisted partly of worship, prefiguring Christ, his

[1] Gen. 1:26-27; Gen. 2:17; Eph. 4:24; Rom. 2:14-15; Rom. 10:5; Rom. 5:12, 19; Gal. 3:10, 12; Eccl. 7:29.

[2] Jas. 1:25; Jas. 2:8, 10-12; Rom. 3:19; Rom. 13:8-9; Deut. 5:32; Deut. 10:4; Exod. 34:1.

[3] Exod. 20:3-17; Matt. 22:37-40.

10

Tungkol sa Mabisang Pagtawag

1. Ang lahat ng mga itinalaga ng Diyos sa buhay, sa takda at katanggap-tanggap na panahon, ay mabisang tinatawag[1] ng may kasiyahan ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita at Espiritu.[2] Tinatawag Niya sila mula sa dating likas nilang kalagayan sa kasalanan at kamatayan tungo sa biyaya at kaligtasan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo.[3] Ang kanilang isipan ay binigyan ng espirituwal na kaliwanagan tungo sa kaligtasan at sila ay nakauunawa na ng mga bagay tungkol sa Diyos.[4] Inaalis Niya ang kanilang matitigas na puso at binibigyan sila ng malalambot na puso.[5] Binabago Niya ang kanilang kalooban at sa pamamagitan ng Kanyang dakilang kapangyarihan, pinagnanais Niya sila na hanapin ang mabuti.[6] Makapangyarihang inilalapit Niya sila kay Jesu-Cristo.[7] Kung magkagayon, maluwag sa kalooban at malaya silang lumalapit sa Diyos dahil sa Kanyang biyaya.[8]

2. Ang mabisang pagtawag na ito ay galing sa malaya at natatanging biyaya

Of Effectual Calling

1. All those, and only those, whom God has predestined to life, he is pleased to call effectually in his appointed and accepted time, by his Word and Spirit. He calls them from the state of sin and death, in which they are by nature, to grace and salvation by Jesus Christ. In this calling, God enlightens their minds spiritually and savingly, so that they understand the things of God. He takes away their hearts of stone and gives them hearts of flesh, renews their wills, and by his almighty power turns them to what is good and effectually draws them to Jesus Christ. Yet he does this in such a way that they come most freely, being made willing by his grace.

2. This effectual call is from God's free and special grace

[1] Acts 13:48; Rom 8:28, 30; 11:7; Eph 1:5, 11; 2 Tim 1:9-10

[2] 2 Thess 2:13-14; Jas 1:18; 2 Cor 3:3, 6; 1 Cor 2:12

[3] 2 Tim 1:9-10; 1 Pet 2:9; Rom 8:2; Eph 2:1-10

[4] Acts 26:18; 1 Cor 2:10, 12; Eph 1:17-18; 2 Cor 4:6

[5] Ezek 36:26

[6] Ezek 11:19; Deut 30:6; Ezek 36:27; John 3:5; Tit 3:5; 1 Pet 1:23

[7] John 6:44-45; Acts 16:14

[8] Psa 110:3; John 6:37; Matt 11:28; Rev 22:17; Rom 6:16-18; Eph 2:8; Phil 1:29

lamang ng Diyos, at hindi batay sa anumang nakita ng Diyos sa tao.[9] Ang tao ay lubos na walang bahagi sa pagtawag na ito hanggang sa siya ay bigyan ng buhay at baguhin ng Banal na Espiritu[10] na nagbibigay kakayahan sa kanya na tumugon sa tawag ng Diyos, at tanggapin ang biyayang ipinagkakaloob at dinadala Niya.[11]

3. Ang mga hinirang na namatay sa kanilang pagka-sanggol ay binibigyan ng bagong buhay at inililigtas ni Cristo sa pamamagitan ng Espiritu.[12] Ang Espiritu ay gumagawa saanman, kailanman, at sa anumang paraang naisin Niya.[13] Ang gayon ay totoo ito sa lahat ng hinirang na tao na hindi kayang matawag ng panlabas na pangangaral ng Salita ng Diyos.[14]

4. Ang mga taong hindi hinirang ay maaaring matawag sa pamamagitan ng pangangaral ng Salita ng Diyos.[15] Maaari rin silang makaranas ng karaniwang paggawa ng Banal na Espiritu.[16] Gayon ma'y hindi sila tunay na lalapit sa Kanya, kung kaya't hindi sila maaaring maligtas.[17] At lalong hindi maaari na sila'y maliligtas sa ibang pamamaraan

alone, and not from anything at all that God foresees in man, who is entirely passive in it, until, being made alive and renewed by the Holy Spirit, he is enabled to answer the call and embrace the grace offered and conveyed in it.

3. Elect infants who die in infancy are regenerated and saved by Christ through the Spirit, who works when, where, and how he pleases. So also are all other elect persons who are incapable of being outwardly called by the ministry of the Word.

4. Although other persons who are not elected may be called by the ministry of the Word and may experience some common operations of the Spirit, yet they never really come to Christ and therefore cannot be saved. Much less can men not professing to be Christians be

[9] 2 Tim 1:9; Eph 2:8-9; Rom 9:11
[10] 1 Cor 2:14; Rom 8:7-9; Tit 3:4-5
[11] John 6:37; Ezek 36:27; tn 1 John 3:9
[12] Gen 17:7; Luke 18:15-16; Acts 2:39; 1 John 5:12; tn Luke 1:15
[13] John 3:8
[14] John 16:7-8; 1 John 5:12; Acts 4:12
[15] Matt 13:14-15; Acts 28:24; tn Acts 13:48; Matt 22:14
[16] Matt 13:20-21; Matt 7:22; Heb 6:4-5
[17] John 6:37, 64-66; John 8:44; John 13:18; tn John 17:12

ng katiyakan ng kaligtasan.[13] Kaya nga ang katiyakang ito ay hindi nag-aakay sa mga tao na magkasala.[14]

Maaaring matigatig, manghina o pansamantalang mawala ang katiyakan ng kaligtasan ng mga tunay na mananampalataya dahil sa mga sumusunod:

(a) kapabayaan sa pag-iingat nito;

(b) pagkahulog sa isang kasalanan na sumusugat sa kanilang budhi at pumipighati sa Espiritu;

(c) isang biglaan at mahigpit na pagsubok;

(d) pagkubli ng Diyos sa Kanyang mukha at pahintulutan Niya kahit na ang mga natatakot sa Kanya na lumakad sa kadiliman at mawalan ng liwanag.[15]

Subali't ang mga bagay na ito ay hindi kahit kailan ay mawawala ng lubusan sa kanila: ang binhing mula sa Diyos at ang buhay ng pananampalataya; ang pag-ibig kay Cristo at sa mga kapwa mananampalataya; ang katapatan ng puso at kaalaman ng kanilang tungkulin. Dahil dito at sa pamamagitan ng gawa ng Banal na Espiritu sa kanila, ang katiyakang ito ay maaaring manumbalik sa takdang panahon.[16] Samantala, sa pamamagitan ng mga ito sila ay tinutulangan sa kanilang kawalang pag-asa.[17]

of this assurance. Thus it is far from inclining men to carelessness.

True believers may have the assurance of their salvation shaken, diminished, or temporarily lost in various ways: as by negligence in preserving it, by falling into some special sin which wounds the conscience and grieves the Spirit, by some sudden or violent temptation, or by God's withdrawing the light of his countenance and allowing even those who reverence him to walk in darkness and have no light. Yet, true believers are never completely deprived of that seed of God and life of faith, that love for Christ and fellow believers, that sincerity of heart and conscience concerning duty, out of which, by the operation of the Spirit, this assurance may in due time be revived; and by which, in the meantime, they are supported from utter despair.

[13] Rom. 5:1-2, 5; Rom. 14:17; Rom. 15:13; Eph. 1:3-4; Psa. 4:6-7; Psa. 119:32.
[14] 1 John 2:1-2; Rom. 6:1-2; Tit. 2:11-12, 14; 2 Cor. 7:1; Rom. 8:1, 12; 1 John 3:2-3; Psa. 130:4; 1 John 1:6-7.
[15] Psa. 51:8, 12, 14; Eph. 4:30-31; Psa. 77:1-10; Psa. 31:22; tn. Matt. 26:69-72 at Luke 22:31-34.
[16] 1 john 3:9; Luke 22:32; Psa. 51:8, 12; Psa. 73:15.
[17] Mic. 7:7-9.

ipinangakong biyaya ay nasa sa atin[7]; at sa katunayan na ang Espiritu ng pagkukupkop ay nagpapatotoo sa ating espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos.[8] Ang Banal na Espiritu ay tinatakan tayo para sa araw ng kaligtasan, at Siya ang garantiya ng ating mana.[9]

3. Ang walang kamaliang katiyakan ng kaligtasan ay hindi isang kailangang esensya ng pananampalataya. Maaaring maghintay ng matagal ang tunay na mananampalataya at makipaglaban sa maraming pagsubok bago niya makamtan ang katiyakang ito.[10] Gayun man, maaari niyang makamtan ang katiyakang ito sa pamamagitan ng tamang paggamit ng mga paraan ng biyaya kahit walang tanging pagpapahayag.[11] Binibigyan siya ng Espiritu ng kakayahan na malaman ang mga bagay na tinatanggap na walang bayad ng mga mananampalataya ng Diyos.

Samakatuwid, tungkulin ng bawa't isang pagsikapan na maging tiyak siya sa kanyang pagkatawag at pagkahirang.[12] Sa pamamagitan ng pagsisikap na ito, siya ay lalago sa kapayapaan at kagalakan sa Banal na Espiritu, sa pagmamahal at pagpapasalamat sa Diyos, at sa kalakasan at kaligayahan sa mga tungkulin ng pagsunod sa Diyos. Ang mga ito ay nararapat na bunga

promised graces are present, and on the fact that the Spirit of adoption witnesses with our spirits that we are God's children. The Holy Spirit, by whom we are sealed for the day of redemption, is the pledge of our inheritance.

3. This infallible assurance does not so belong to the essence of faith but that a true believer may wait long and contend with many difficulties before he partakes of it. Yet, because he is enabled by the Spirit to know the things which are freely given to him by God, he may, without any extraordinary revelation, attain this assurance by a proper use of the ordinary means. It is therefore the duty of everyone to be very diligent in making certain that God has called and chosen him. By such diligence his heart may grow in peace and joy in the Holy Spirit, in love and thankfulness to God, and in strength and cheerfulness in the duties which obedience to God requires, the proper fruits

[7] 2 Pet. 1:4-11; 1 John 2:3; 1 John 3:14; 2 Cor. 1:12.

[8] Rom. 8:15-16.

[9] Eph. 1:13-14; Eph. 4:30; 2 Cor. 1:21-22.

[10] 1 John 5:13.

[11] 1 Cor. 2:12; 1 John 4:13; Heb. 6:11-12; Eph. 3:17-18.

[12] 2 Pet. 1:10.

kundi sila magpapahayag na sila ay Kristiyano.[18] Anumang pagsisikap ang gawin nila upang mabuhay ayon sa kanilang sariling pagkaunawa at sa pagtuturo ng relihiyong kanilang pinaniniwalaan, hindi sila maliligtas. Ang manindigan na mayroong kaligtasan sa ibang pamamaraan ay lubhang nakakapinsala at dapat kamuhian.[19]

saved in any other way, no matter how carefully they may order their lives by the light of nature and by the laws of whatever religion they profess. To assert and maintain that they may be saved in some other way is very pernicious and is to be detested.

[18] Acts 4:12; 1 John 4:2-3; 2 John 9; John 14:6; Eph 2:12-13; John 4:22; John 17:3; Rom 10:13-17

[19] 2 John 9-11; 1 Cor 16:22; Gal 1:6-8

11

Tungkol sa Pagpapahayag na Matuwid

1. Ang mabisa at makapangyarihang mga tinatawag ng Diyos ay Kanya ring ipinapahayag na matuwid na walang bayad,[1] hindi sa pamamagitan ng pagsasalin ng pagkamatuwid sa kanila, kundi sa pagpapatawad nang kanilang mga kasalanan, at pagbibilang at pagtanggap sa kanila na matuwid. Hindi ito dahil sa anumang ginawa sa kanila, o ginawa nila, kundi alang-alang kay Cristo lamang na sila ay ipinahayag na matuwid. Ito ay hindi sa pananampalataya mismo nila, ni hindi sa gawa ng pagsampalataya, ni anumang pagsunod na maka-Kristiyano. Kundi sila ay ipinahayag na matuwid ng lubusan sa pamamagitan ng pagtuturing sa kanila na sila ay sumunod at nagbigay-kasiyahan sa Diyos katulad ni Cristo.[2] Ito ay ibinibigay sa mga tao na tumatanggap at nagpapahinga sa Kanya at sa Kanyang pagkamatuwid sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang pananampalatayang ito ay hindi galing sa kanilang sarili, kundi ito ay kaloob ng Diyos.[3]

2. Ang pananampalataya na tuma-tanggap at nananalig kay Cristo at sa Kanyang pagkamatuwid ay ang tanging

Of Justification

1. Those whom God effectually calls he also freely justifies, not by infusing righteousness into them, but by pardoning their sins and by accounting and accepting them as righteous. It is not for anything wrought in them, or done by them, but for Christ's sake alone that they are justified. It is not by imputing faith itself, the act of believing, or any other act of Christian obedience to them, as their righteousness, but by imputing the obedience and satisfaction of Christ to them who receive and rest on him and his righteousness by faith. Men do not have this faith of themselves; it is the gift of God.

2. Faith, receiving and resting on Christ and his righteousness, is the only

[1] Rom. 8:30; Rom. 3:24; Rom. 5:15-16.

[2] Rom. 4:5-8; 2 Cor. 5:19, 21; Rom. 3:22-28; Tit. 3:5, 7; Eph. 1:7; Jer. 23:6; 1 Cor. 1:30-31; Rom. 5:17-19.

[3] John 1:12; Acts 10:43; Acts 13:38-39; Phil. 3:9; Eph. 2:7-8; John 6:44-45, 65; Phil. 1:29.

18

Tungkol sa Katiyakan ng Biyaya ng Kaligtasan

1. Maaaring dayain ng mga ipokrito at mga ibang di-binigyan ng bagong buhay ang kanilang sarili ng maling pag-asa. Maaari rin silang magkaroon ng makalamang pag-aakala na sila ay nasa kagandahang-loob ng Diyos at kalagayan ng kaligtasan.[1] Ang ganyang pag-asa nila ay mawawala.[2] Subali't ang lahat ng tunay na nananampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo, matapat na umiibig sa Kanya, at nagsisikap na mamuhay ng may malinis na budhi sa harapan Niya, ay maaaring makatiyak sa buhay na ito na sila ay nasa kalagayan ng biyaya.[3] Sila ay maaaring magalak sa pag-asa ng kaluwalhatian ng Diyos. Dahil sa pag-asang ito, sila ay hindi mapapahiya kailanman.[4]

2. Ang katiyakang ito ay hindi palapalagay lamang at pag-aakalang batay sa maling pag-asa,[5] subali't ito ay isang walang kamaliang katiyakan ng pananampalataya salig sa maka-Diyos na katotohanan ng mga pangako ng kaligtasan[6]; sa panloob na katunayan sa ating mga puso na ang mga

Of the Assurance of Grace and Salvation

1. Although hypocrites and other unregenerate men may vainly deceive themselves with false hopes and fleshly presumptions that they are in God's favor and in a state of salvation, this hope of theirs will perish. Nevertheless, those who truly believe on the Lord Jesus, love him sincerely, and strive to live in all good conscience before him, may in this life be certainly assured that they are in the state of grace and may rejoice in the hope of the glory of God, a hope that shall never make them ashamed.

2. This certainty is not merely a conjectural and probable persuasion grounded on a fallible hope, but an infallible assurance of faith, founded on the divine truth of the promises of salvation, on the evidence in our hearts that the

[1] Mic. 3:11; Deut. 29:19; John 8:41.

[2] Amos 9:10; Matt. 7:22-23.

[3] 1 John 5:13; 1 John 2:3; 1 John 3:14, 18-19, 21, 24.

[4] Rom. 5:2, 5.

[5] Heb. 6:11, 19.

[6] Heb. 6:17-18.

3. Datapuwa't maaaring mahulog ang mga banal sa mga kakila-kilabot na kasalanan[7] at pansamantalang magpatuloy sa mga ito.[8] Ito ay dahil sa mga tukso ni Satanas at ng sanlibutan, ang pagtatagumpay ng nananatiling kasalanan sa kanila, at ang pagpapabaya sa mga paraan ng kanilang pag-iingat. Sa ganito nagagalit ang Diyos sa kanila[9]; pinipighati nila ang Kanyang Banal na Espiritu[10]; tinatanggal ang bahagi ng biyaya at kaaliwan na ibinigay sa kanila[11]; ang kanilang puso ay tumitigas[12] at ang kanilang budhi ay nasusugatan[13]; nana-nakit at nagbibigay-tisod sa kapuwa[14]; at dinadala ng mga ito ang mga pansamantalang kaparusahan ng Diyos sa kanilang sarili.[15]	3. Nevertheless, they may, through the temptations of Satan and of the world, the pervasiveness of the corruption remaining in them, and the neglect of the means by which they are to be preserved, fall into grievous sins and for a time continue in them. In so doing they incur God's displeasure and grieve his Holy Spirit; some measure of God's graces and comforts is taken from them; they have their hearts hardened and their consciences wounded; they harm others and give them occasion to sin, and bring temporal judgments upon themselves.

6 John 6:38-40; John 10:28; 2 Thess. 3:3; 1 John 2:19.
7 Exod. 32:21; Jonah 1:3, 10; Psa. 51:14; Matt. 26:70, 72, 74.
8 2 Sam. 12:9, 13; Gal. 2:11-14.
9 Num. 20:12; 2 Sam. 11:27; Isa. 64:7, 9.
10 Eph. 4:30.
11 Psa. 51:8, 10, 12; Rev. 2:4; Matt. 26:75.
12 Isa. 63:17.
13 Psa. 32:3-4; Psa. 51:8.
14 Gen. 12:10-20; 2 Sam. 12:14; Gal. 2:13.
15 Psa. 89:31-32; 1 Cor. 11:32.

paraan ng pagpapahayag na matuwid.[4] Gayon ma'y hindi ito nag-iisang biyaya sa taong ipinahayag na matuwid, kundi laging may kasamang ibang mga biyaya ng kaligtasan. Hindi ito patay na pananampalataya, sapagka't ito ay gumagawa sa pamamagitan ng pag-ibig.[5]

instrument of justification; yet it is not the only grace in the person justified, but is always accompanied by all other saving graces. Justifying faith is not dead, but works by love.

3. Binayaran ni Cristo ng buo ang pag-kakautang ng lahat ng mga ipinahayag na matuwid sa pamamagitan ng Kanyang pagsunod at kamatayan. Nabigyan Niya ng nararapat, tunay, at lubos na kasiyahan ang lahat ng mga hinihingi ng katarungan ng Diyos sa kanila.[6] Gayon pa man, ang kanilang pagpapahayag na matuwid ay sa pamamagitan ng walang bayad na biyaya lamang[7]: una, dahil sa ipinagkaloob Siya ng Ama sa kanila[8]; pangalawa, dahil tinanggap ng Diyos ang pagsunod ni Cristo at ang Kanyang pagbibigay-kasi-yahan sa mga hinihingi ng kautusan para sa kanila,[9] at hindi dahil sa anuman na nasa kanila. Layunin ng Diyos sa pagpapahayag na matuwid ng mga maka-salanan na maluwalhati ang Kanyang hustong katarungan at ang Kanyang masaganang biyaya.[10]

3. Christ, by his obedience and death, fully discharged the debt of all those who are justified. He made a proper, real, and full satisfaction to his Father's justice in their behalf. Yet, because he was freely given by the Father for them, and because his obedience and satisfaction were freely accepted in their stead, and not for anything in them, their justification is only of free grace. It was God's purpose in the justification of sinners to glorify both his exact justice and his rich grace.

4. Itinakda ng Diyos mula sa walang hanggang pasimula na ipahayag na

4. God, from all eternity, decreed to justify all the elect.

4 John 3:18, 36; Rom. 3:28; Rom. 5:1.
5 Jas. 2:17, 22, 26; Gal. 5:6.
6 Mark 10:45; Rom. 5:8-10; 18-19; Gal. 3:13; 1 Tim. 2:5-6; Heb. 1:3; Heb. 10:10, 14; Dan. 9:24, 26; tn. 52:13-53:12.
7 Rom. 8:32; John 3:16.
8 2 Cor. 5:21; Eph. 5:2; Phil. 2:6-9; Isa. 53:10-11.
9 Rom. 3:24; Eph. 1:7.
10 Rom. 3:26; Eph. 2:7; Zech. 9:9; Isa. 45:21.

matuwid ang lahat ng mga hinirang.[11] Sa takdang panahon, si Cristo ay namatay para sa kanilang mga kasalanan at nabuhay na mag-uli upang sila ay maipahayag na matuwid.[12] Gayon pa man, hindi pa sila maipapahayag na matuwid hanggang sa tamang panahon na bigyang-bisa ng Banal na Espiritu ang gawa ni Cristo sa kanila.[13]

In the fullness of time, Christ died for their sins and rose again for their justification. Nevertheless, they are not justified until, in due time, the Holy Spirit actually applies Christ to them.

5. Patuloy na pinatatawad ng Diyos ang mga kasalanan ng lahat ng mga ipinahayag na matuwid.[14] Hindi kailanman mahuhulog sila mula sa kanilang pagiging matuwid,[15] subali't dahil sa kasalanan ay maaari silang mapasailalim sa pagkagalit ng Diyos bilang Ama. Dahil sa kasalanan, hindi ibabalik ng Diyos ang liwanag ng Kanyang mukha sa kanila hangga't hindi sila nagpapakumbaba sa kanilang sarili, magpahayag ng kanilang kasalanan, makiusap sa pagpapatawad ng Diyos, at ibalik ang kanilang pananampalataya at pagsisisi.[16]

5. God continues to forgive the sins of those who are justified. Although they can never fall from the state of justification, yet they may by their sins fall under God's fatherly displeasure and not have the light of his countenance restored to them until they humble themselves, confess their sin, plead for pardon, and renew their faith and repentance.

6. Kung papaano ipinahayag na matuwid ang mga mananampalataya sa ilalim ng Old Testament ay gayon din ang mga mananampalataya sa ilalim ng New Testament.[17]

6. The justification of believers under the old testament was, in all these respects, one and the same with the justification of believers under the new testament.

[11] Rom. 8:29-30; Gal. 3:8; 1 Pet. 1:2, 19-20.
[12] Gal. 4:4; 1 Tim. 2:6; Rom. 4:25.
[13] Eph. 2:3; Tit. 3:3-7; Gal. 2:16; tn. Col. 1:21-22.
[14] Matt. 6:12; 1 John 1:7, 9; 1 John 2:1-2.
[15] Rom. 5:1-5; Rom. 8:30-39; Heb. 10:14; tn. Luke 22:32; John 10:28.
[16] Psa. 89:30-33; Psa. 51; Psa. 32:5; Matt. 26:75; Luke 1:20; 1 Cor. 11:30, 32.
[17] Gal. 3:9, 13-14; Rom. 4:6-8, 22-24; Rom. 10:6-13; Heb. 13:8.

17

Tungkol sa Pananatili ng mga Banal	Of the Perseverance of the Saints
1. Ang mga banal ay yaong tinanggap ng Diyos sa Kanyang Minamahal, na mabisang tinawag at pinababanal sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu. Hindi sila maaaring lubusan o sa wakas ay mahulog mula sa kalagayan ng biyaya, kundi sila ay tiyak na mananatili sa biyaya hanggang sa katapusan at maliligtas magpakailanman.[1]	1. Those whom God has accepted in his Beloved, effectually called, and sanctified by his Spirit, can neither totally nor finally fall away from the state of grace, but shall certainly persevere in it to the end and be eternally saved.
2. Ang pananatiling ito ng mga banal ay hindi nakasalalay sa kanilang malayang kalooban, kundi sa mga sumusunod: (a) sa di-nagbabagong pagtatakda ng paghirang na nagmumula sa walang bayad at di-nagbabagong pag-ibig ng Diyos Ama[2]; (b) sa mabisang kagalingan at pamamagitan ni Jesu-Cristo[3]; (c) sa pananahan ng Espiritu at ng binhi ng Diyos sa mga banal[4]; at (d) sa kalikasan ng covenant of grace.[5] Ang lahat ng mga ito ay nagpapatibay sa katiyakan at di-maaaring magkamaling pananatili ng mga banal.[6]	2. The perseverance of the saints does not depend upon their own free will, but on the unchangeableness of the decree of election, flowing from the free and unchangeable love of God the Father; on the efficacy of the merit and intercession of Jesus Christ; on the continuing presence of the Spirit and the seed of God within them; and on the nature of the covenant of grace. These are grounds of the certainty and infallibility of their perseverance.

[1] Phil. 1:6; 2 Pet. 1:10; Rom. 8:28-30; John 10:28-29; 1 John 3:9; 1 John 5:18; 1 Pet. 1:5, 9.
[2] Psa. 89:3-4, 28-33; 2 Tim. 2:18-19; Jer. 31:3.
[3] Heb. 10:10, 14; Heb. 13:20-21; Heb. 9:12-15; Rom. 8:33-39; John 17:11, 24; Luke 22:32; Heb. 7:25.
[4] John 14:16-17; 1 John 2:27; 1 John 3:9.
[5] Jer. 32:40; Psa. 89:34-37; tn. Jer. 31:31-34.

12

Tungkol sa Pagkukupkop

1. Ang lahat ng mga ipinahayag na matuwid ay ginarantiyahan ng Diyos na may kaawaan na makasama sa biyaya ng pagkukupkop[1] sa pamamagitan ng Kanyang bugtong na Anak na si Jesu-Cristo. Sa gawaing ito, sila ay ibinilang na anak ng Diyos,[2] at nagtatamasa ng mga kalayaan at karapatan ng relasyong ito. Tinatawag silang mga anak ng Diyos.[3] Tinatanggap nila ang Espiritu ng pagkukupkop[4] at nakalalapit sila sa luklukan ng biyaya nang may pagtitiwala.[5] Maaari silang tumawag ng "Abba, Ama!"[6] Sila ay kinahahabagan,[7] iniingatan,[8] pinagkakalooban ng mga pangangailangan,[9] at dinidisiplina Niya bilang isang Ama.[10] Gayon ma'y hindi sila kailanman maitataboy[11] kundi tinatakan hanggang sa araw ng katubusan,[12] at magmamana sila ng mga pangako[13] bilang mga tagapagmana ng walang hanggang kaligtasan.[14]

Of Adoption

1. All those who are justified God graciously guarantees to make partakers of the grace of adoption in and for his only Son, Jesus Christ. By this act they are taken into the number of God's children and enjoy the liberties and privileges of that relationship; they are given his name; they receive the Spirit of adoption; they have access to the throne of grace with boldness; and they are enabled to cry, Abba, Father. Like a father, God has compassion on, protects, provides for, and chastens them; yet, they will never be cast off, but are sealed to the day of redemption, and will inherit the promises as heirs of everlasting salvation.

[1] Eph. 1:5; Gal. 4:4-5.
[2] Rom. 8:17; John 1:12.
[3] Num. 6:24-26; Jer. 14:9; Amos 9:12; Acts 15:17; 2 Cor. 6:18; Rev. 3:12.
[4] Rom. 8:15.
[5] Eph. 3:12; tn. Heb. 4:16.
[6] Rom. 8:15; tn. Gal. 4:6; Rom. 8:16.
[7] Psa. 103:13.
[8] Prov. 14:26.
[9] Matt. 6:30, 32; 1 Pet. 5:7.
[10] Heb. 12:6.
[11] Lam. 3:31-32; tn. Psa. 89:30-35.
[12] Eph. 4:30.
[13] Heb. 6:12. [14] 1 Pet. 1:3-4; Heb. 1:14.

Anak. Dahil dito, kinalulugdan silang tanggapin at gantimpalaan ang kanilang gawang matapat, kahit na ito ay may kasamang maraming kahinaan at kasiraan.[22]

7. Ang mga gawa ng mga hindi ipinahayag na matuwid ay nananatili pa ring gawang makasalanan, kahit na ang mga ito ay iniutos ng Diyos at kapaki-pakinabang sa kanilang sarili at sa mga iba.[23] Ito ay dahil sa ang mga ito ay hindi nanggaling sa pusong nilinis ng pananampalataya,[24] hindi sila ginawa sa tamang paraang ayon sa Salita ng Diyos,[25] at hindi sila ginawa sa tamang layunin na upang luwalhatiin ang Diyos.[26] Kaya hindi sila makapagbibigay lugod sa Diyos, ni hindi sila maaaring maging marapat na tumanggap ng biyaya.[27] Gayon pa man, ang hindi paggawa ng mga ito ay higit na makasalanan at di-makapagbibigay lugod sa Diyos.[28]

sincere, even though it is accompanied by many weaknesses and imperfections.

7. Although the works done by unregenerate men may in themselves be things which God commands and things which are useful to themselves and others, yet, because they do not come from a heart purified by faith, are not done in a right manner according to the Word, and are not done for the right purpose, which is to glorify God, they are therefore sinful, and cannot please God or make one suitable to receive his grace. Yet, neglecting them is even more sinful and displeasing to God.

[22] Heb. 13:20-21; 2 Cor. 8:12; Heb. 6:10; Matt. 25:21, 23; 1 Cor. 3:14; 1 Cor. 4:5.
[23] 2 Kgs. 10:30-31; 1 Kgs. 21:27, 29; Luke 6:32-34; Luke 18:2-7; tn. Rom. 13:4
[24]. Heb. 11:4, 6; tn. Gen. 4:3-5.
[25] 1 Cor. 13:3; Isa. 1:12.
[26] Matt. 6:2, 5, 16; 1 Cor. 10:31.
[27] Prov. 21:27; Hag. 2:14; Tit. 1:15; Amos 5:21-22; Mark 7:6-7; Hos. 1:4; Rom. 9:16; Tit. 3:5.
[28] Psa. 14:4; Psa. 36:3; Matt. 25:41-45; Matt. 23:23; tn. Rom. 1:21-32.

13

Tungkol sa Pagpapabanal

1. Ang mga mabisang tinawag at kalakip kay Cristo, na mabisa at makapangyarihang tinawag at binigyan ng bagon buhay, ay may bagong puso at bagong espiritu na nilikha sa kanila. Ang kasunod nito ay sila ay tunay at personal na pinababanal sa pamamagitan ng Kanyang Salita at Espiritu na nananahan sa kanila[1] dahil sa mga kagalingan ng pagkamatay at pagkabuhay na mag-uli ni Cristo.[2] Ang lubos na paghahari ng kanilang kalikasang makasalanan ay nawasak na.[3] Ang mga masasamang pita ay patuloy na pinahihina at pinapatay.[4] Ang mga tinawag at binigyan ng bagong buhay ay patuloy na pinasisigla at pinatitibay sa lahat ng biyaya ng kaligtasan.[5] Ang mga ito ay tungo sa paggawa ng tunay na kabanalan, na kung wala ito ay walang sinumang makakakita sa Panginoon.[6]

2. Ang pagpapabanal na ito ay mabisa sa buong pagkatao,[7] subali't hindi pa ganap sa buhay na ito. Ang labi ng kasamaan ng kasalanan ay patuloy na nananatili sa

Of Sanctification

1. Those who are effectually called and regenerated, having a new heart and a new spirit created in them, are further sanctified, truly and personally, through the power of Christ's death and resurrection, by his Word and Spirit dwelling in them. The dominion of the whole body of sin is destroyed, its various lusts are more and more weakened and put to death, and those called and regenerated are more and more enlivened and strengthened in all saving graces, leading to the practice of true holiness, without which no man shall see the Lord.

2. This sanctification, although imperfect in this life, is effected in every part of man's nature. Some remnants

[1] John 17:17, 19; Eph. 5:26; Rom. 8:13-14; 2 Thess. 2:13.

[2] 1 Thess. 5:23-24; 2 Thess. 2:13-14; Ezek. 36:22-28; Tit. 3:5; Acts 20:32; Phil. 3:10; Rom. 6:5-6.

[3] Rom. 6:6, 14.

[4] Gal. 5:24; Rom. 8:13.

[5] Col. 1:10-11; Eph. 3:16-19.

[6] 2 Cor. 7:1; Col. 1:28; Col. 4:12; Heb. 12:14.

[7] 1 Thess. 5:23; Rom. 12:1-2.

mula sa kamay ng Diyos sa pamamagitan ng ating mga pinakamabuting gawa sapagka't ang mga gawang yaon ay hindi sapat sa kaluwalhatiang darating. Bukod pa roon, mayroong walang hanggang agwat sa pagitan natin at ng Diyos. Wala tayong mga gawa na nakapagbibigay sa Kanya ng kapakinabangan o kabayaran sa pagkakautang ng ating mga dating kasalanan.[16] Tunay nga na kapag nagawa na natin ang lahat ng ating magagawa ay atin lamang ginawa ang ating tungkulin at nananatili pa rin tayong mga walang kabuluhang alipin.[17] Dahil sa ang ating mabubuting gawa ay mabuti lamang kung ang mga ito ay galing sa Banal na Espiritu.[18] Subali't kung ang mga ito ay gawa natin, ang mga ito ay narurumihan at nahahaluan ng labis na kahinaan at kasiraan na hindi matagalan ng mga ito ang kabigatan ng paghatol ng Diyos.[19]

6. Gayon pa man, kung paanong tinatanggap ng Diyos kay Cristo ang mga mananampalataya, gayon din tinatanggap ang kanilang mga gawa kay Cristo.[20] Sila ay tinatanggap hindi dahil sila sa buhay na ito ay walang kasalanan at walang kapintasan sa paningin ng Diyos,[21] kundi dahil sa ang nakikita Niya sa mga mananampalataya ang Kanyang

eternal life at the hand of God. This is true because of the great disproportion between our best works and the glory to come, and because of the infinite distance between us and God. We cannot benefit God by our best works nor render satisfaction for the debt of our former sins, for when we have done all we can, we have done merely our duty and are unprofitable servants. This is because, insofar as they are good, these deeds proceed from the Spirit; and, insofar as they are done by us, they are defiled and mixed with so much weakness and imperfection that they cannot endure the severity of God's judgment.

6. Nevertheless, because believers are accepted through Christ, their good works are also accepted in him. They are accepted not because believers are in this life unblamable and unreprovable in God's sight, but because he, looking upon them in his Son, is pleased to accept and reward that which is

[16] Rom. 3:20; Rom. 4:2, 4, 6; Eph. 2:8-9; Tit. 3:5-7; Rom. 8:18, 22-24; Psa. 16:2; Job 22:2-3; Job 35:7-8.

[17] Luke 17:10.

[18] Rom. 8:13-14; Gal. 5:22-23.

[19] Isa. 64:6; Gal. 5:17; Rom. 7:15, 18; Psa. 143:2; Psa. 130:3.

[20] Eph. 1:6; 1 Pet. 2:5; tn. Exod. 28:38; Gen. 4:4; Heb. 11:4.

[21] Job 9:20; Psa. 143:2; 1 John 1:8.

munga ng kabanalan na ang kalalabasan ay buhay na walang hanggan.[11]

3. Ang kakayahan nila na gumawa ng mabuti ay hindi galing sa kanilang sarili kundi galing lamang sa Espiritu ni Cristo.[12] Bukod sa mga kaloob ng biyaya na tinanggap nila sa pasimula, kailangan pa nila ang tunay na panghikayat ng Banal na Espiritung ito upang mabigyan sila ng pagnanais at kakayahang makaganap ng mga gawang ayon sa Kanyang mabuting kalooban.[13] Datapuwa't ang katotohanang ito ay hindi dapat sanhi ng pagpapabaya ng mga mananampalataya na kung wala ang tanging pagpapakilos ng Espiritu ay malaya na nilang ipagwalang-bahala ang kanilang tungkulin, sapagka't dapat silang maging masipag sa pagpapasigla ng biyaya ng Diyos na nasa kanila.[14]

4. Gaano man kataas ang maabot ng mananampalataya sa kanyang pagsunod sa Diyos sa buhay na ito ay hindi pa rin ito labis na pagtupad sa tungkulin kundi ito'y kulang na kulang pa sa kanilang nararapat na gawin.[15]

5. Hindi tayo marapat sa kapatawaran ng kasalanan o buhay na walang hanggan

unto holiness, they may attain the outcome, which is eternal life.

3. Their ability to do good works is not at all from themselves, but entirely from the Spirit of Christ. And, in order that they may be enabled to do these things, besides the graces believers have already received, there must also be an actual influence of the same Holy Spirit working in them both to will and to do God's good pleasure. This truth, however, should not cause believers to become negligent, as though they were not bound to perform any duty without a special moving of the Spirit; rather, they ought to be diligent in stirring up the grace of God that is in them.

4. Those who attain the greatest heights of obedience possible in this life are so far from being able to go beyond duty and to do more than God requires, that they fall short of much that is their duty to do.

5. We cannot, by our best works, merit forgiveness for sin or

[11] Rom. 6:22.
[12] John 15:4-6; Rom. 8:4-14; Ezek. 36:26-27.
[13] Phil. 2:13; Phil. 4:13; 2 Cor. 3:5; Eph. 3:16.
[14] Phil. 2:12; Heb. 6:11-12; 2 Pet. 1:3, 5, 10-11; Isa. 64:7; 2 Tim. 1:6; Acts 26:6-7; Jude 20-21.
[15] Luke 17:10; Neh. 13:22; Rom. 8:21-25; Gal. 5:17.

buong kalikasan ng tao.[8] Kaya't mayroong nagpapatuloy na labanan sa kanila na hindi maaaring pagkasunduin. Ang dahilan ay ang laman ay nagnanasa laban sa Espiritu, at ang Espiritu ay laban sa laman.[9]

3. Sa pakikipaglabang ito, ang labi ng kasalanan ay maaaring pansamantalang magtagumpay ng may kalakasan.[10] Datapuwa't sa pamamagitan ng patuloy na pagpapalakas ng nagpapabanal na Espiritu ni Cristo, ang binigyan ng bagong buhay ay nagtatagumpay laban sa kasalanan.[11] At sa gayon, ang mga banal ay lumalago sa biyaya,[12] na pinasasakdal ang kabanalan sa takot sa Diyos.[13]

of corruption still persist in every part, and so there arises a continual and irreconcilable war, the flesh warring against the Spirit, and the Spirit against the flesh.

3. Although in this war the remaining corruption may strongly prevail for a time, yet, through the continual supply of strength from the sanctifying Spirit of Christ, the regenerate nature overcomes, and so the saints grow in grace, perfecting holiness in the fear of God.

[8] 1 John 1:8-10; Rom. 7:14-25; Phil. 3:12.
[9] Gal. 5:17.
[10] Rom. 7:23.
[11] Rom. 6:14; 1 John 5:4; Eph. 4:15-16; tn. Rom. 8:2.
[12] 2 Pet. 3:18; 2 Cor. 3:18.
[13] 2 Cor. 7:1.

14

Tungkol sa Pananampalatayang Nakapagliligtas

1. Ang biyaya ng pananampalataya ay gawa ng Espirituni Cristo sa puso ng mga hinirang.[1] Sa pamamagitan nito, sila ay maaaring manampalataya sa ikaliligtas ng kanilang kaluluwa.[2] Ito ay karaniwang nangyayari sa pamamagitan ng pangangaral ng Salita ng Diyos.[3] Ang pananampalatayang ito ay napalalago at napagtitibay sa pamamagitan ng gawain ng Salita ng Diyos, at gayon din sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga sakramento at sa panalangin.[4]

2. Sa pamamagitan ng pananampalatayang ito, pinaniniwalaan ng isang Cristiano na totoo ang anumang inihahayag sa Salita ng Diyos sapagka't ito ay may awtoridad ng Diyos mismo na nagsasalita sa pamamagitan nito. [5]Naglilingkod siya ayon sa mga hinihingi ng iba't ibang bahagi ng Banal na Kasulatan. Nagpapasakop at sumusunod siya sa mga utos.[6] Nanginginig siya sa mga babala nito.[7] Tinatanggap niya ang

Of Saving Faith

1.The grace of faith, by which the elect are enabled to believe to the saving of their souls, is the work of the Spirit of Christ in their hearts, and is ordinarily produced through the ministry of the Word. This faith is increased and strengthened by the same means, and also by the administration of the sacraments and prayer.

2. By this faith, a Christian believes to be true whatever is revealed in the Word, because of the authority of God himself speaking in it. He also responds differently to what each particular passage contains, obeying the commands, trembling at the threatenings, and embracing the promises of God for this

[1] Titus 1:1; Heb. 10:39.
[2] 1 Cor. 12:3; John 3:5; Tit. 3:5; John 6:44-45, 65; Eph. 2:8; Phil. 1:29; 2 Pet. 1:1; tn. 1 Pet. 1:2.
[3] Matt. 28:19-20; Rom. 10:14, 17; 1 Cor. 1:21.
[4] 1 Pet. 2:2; Acts 20:32; Rom. 1:16-17; Matt. 28:19; tn. Acts 2:38; 1 Cor. 10:16; 1 Cor. 11:23-29; Luke 17:5; Phil. 4:6-7.
[5] 2 Pet. 1:20-21; John 4:42; 1 Thess. 2:13; 1 John 5:9-10; Acts 24:14.
[6] Psa. 119:10-11, 48, 97-98, 167-168; John 14:15.
[7] Ezra 9:4; Isa. 66:2; Heb. 4:1.

16

Tungkol sa Mabubuting Gawa

1. Ang mabubuting gawa ay yaon lamang mga gawaing iniutos ng Diyos sa Kanyang Banal na Salita.[1] Ang mga gawaing kinatha ng tao mula sa bulag na pagsisikap o sa pagpapanggap lamang ng mabuting layon ay hindi mabuti, sapagka't walang pahintulot ang mga ito ng Banal na Kasulatan.[2]

2. Ang mga mabubuting gawa na ginanap sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos ay ang mga bunga at katibayan ng isang tunay at buhay na pananampalataya.[3] Sa pamamagitan nito inihahayag ng mga mananampalataya ang kanilang pasasalamat,[4] pinalalakas ang katiyakan ng kaligtasan,[5] pinatitibay ang mga kapatiran,[6] pinabubuti ang kanilang patotoo,[7] pinatatahimik ang mga kaaway,[8] at niluluwalhati ang Diyos.[9] Sila ay ginawa ng Diyos kay Cristo-Jesus para sa mabubuting gawa,[10] upang sila ay ma-

Of Good Works

1. Good works are only such as God has commanded in his holy Word, and not such as, without the warrant of Scripture, are devised by men out of blind zeal or any pretense of good intention.

2. These good works, done in obedience to God's commandments, are the fruits and evidences of a true and living faith. By them believers show their thankfulness, strengthen their assurance, build up their fellow believers, adorn the profession of the gospel, shut the mouths of the adversaries, and glorify God. They are his workmanship, created in Christ Jesus for good works, so that, bearing fruit

[1] Mic. 6:8; Rom. 12:2; Heb. 13:21.
[2] Matt. 15:9; Isa. 29:13; 1 Pet. 1:18; John 16:2; Rom. 10:2; 1 Sam. 15:21-23; Deut. 10:12-13; Col. 2:16-17, 20-23.
[3] Jas. 2:18, 22.
[4] Psa. 116:12-14; Co. 3:15-17; 1 Pet. 2:9.
[5] 1 John 2:3, 5; 2 Pet. 1:5-10.
[6] 2 Cor. 9:2; Matt. 5:16; 1 Tim. 4:12.
[7] Tit. 2:5, 9-12; 1 Tim. 6:1.
[8] 1 Pet. 2:15.
[9] 1 Pet. 2:12; Phil. 1:11; John 15:8.
[10] Eph. 2:10.

mga pangako ng Diyos ukol sa buhay na ito at sa darating pa.[8] Datapuwa't ang pangunahing mga gawain ng pananampalatayang nakapag-liligtas ay ang pagsang-ayon, pagtanggap at pananalig kay Cristo lamang para sa pagpapahayag na matuwid, pagpapa-banal, at buhay na walang hanggan. Ang mga ito ay dahil sa bisa ng covenant of grace.[9]

life and that which is to come. But the principal acts of saving faith are accepting, receiving, and resting upon Christ alone for justification, sanctification, and eternal life, by virtue of the covenant of grace.

3. Ang pananampalatayang ito, bagama't may iba't ibang antas, ay maaaring maging mahina o malakas.[10] Dahil dito, kahit na ito ay malimit na tinutuligsa at pinahihina, magtatagumpay pa rin ito.[11] Sa maraming Cristiano, lumalago ito hanggang sa maabot nito ang lubos na katiyakan sa pamamagitan ni Cristo[12] na Siyang maylikha at sumakdal ng ating pananampalataya.[13]

3. This faith varies in degrees. It may be weak or strong. It may often, and in many ways, be assailed and weakened, but it gains the victory. It matures in many to the attainment of a full assurance through Christ, who is both the author and the perfecter of our faith.

[8] Heb. 11:13; 1 Tim. 4:8.
[9] John 1:12; Acts 16:31; Gal. 2:20; Acts 15:11; 2 Tim. 1:9-10.
[10] Heb. 5:13-14; Rom. 14:1-2; Matt. 6:30; Rom. 4:19-20; Matt. 8:10.
[11] Luke 22:31-32; Eph. 6:16; 1 John 5:4-5.
[12] Heb. 6:11-12; Heb. 10:22; Col. 2:2.
[13] Heb. 12:2.

gapin ang nagkasala na may pag-ibig.[14]

receive him in love.

[14] 2 Cor. 2:7-8; tn. Gal. 6:1-2.

15

Tungkol sa Pagsisisi Tungo sa Buhay

1. Ang pagsisisi tungo sa buhay ay isang biyaya ng ebanghelyo.[1] Ang doktrinang ito ay dapat na ipahayag ng bawat ministro ng ebanghelyo, katulad ng doktrina ng pananampalataya kay Cristo.[2]

2. Sa pamamagitan nito, ang isang makasalanan ay nakikita at nararamdaman hindi lamang ang panganib kundi pati ang karumihan at kamuhian ng kanyang mga kasalanan na saliwa sa banal na kalikasan ng Diyos at sa Kanyang matuwid na batas. Ang makasalanan ay tatalikuran ang lahat ng kanyang kasalanan at haharap sa Diyos[3] sa kanyang pagkaunawa na ipinangangako ng Diyos ang awa kay Cristo sa mga nagsisisi. Siya ay nagdadalamhati dahil sa kanyang kasalanan at napopoot siya sa mga ito, at nagpapasiya at nagsisikap na lumakad kasama ang Diyos sa landas na ipinaguutos Niya.[4]

3. Ang pagsisisi ay hindi maaaring panghawakan na kabayaran ng kaparusahan sa kasalanan o sanhi ng kapatawaran ng kasalanan.[5] Ang kapatawaran ay gawa ng Diyos sa Kanyang walang

Of Repentance unto Life

1. Repentance unto life is a gospel grace, the doctrine of which is to be preached by every minister of the gospel, just as is the doctrine of faith in Christ.

2. By it a sinner, seeing and sensing not only the danger but also the filthiness and hatefulness of his sins, because they are contrary to God's holy nature and his righteous law, turns from all his sins to God in the realization that God promises mercy in Christ to those who repent, and so grieves for and hates his sins that he determines and endeavors to walk with God in all the ways that he commands.

3. Although repentance is not to be relied on as any payment of the penalty for sin, or any cause of the pardon of sin

[1] Acts 11:18; 2 Cor. 7:10; Zech. 12:10.

[2] Luke 24:47; Mark 1:15; Acts 20:21.

[3] Ezek. 18:30-31; Ezek. 36:31; Isa. 30:22; Psa. 51:4; Jer. 31:18-19; Joel 2:12-13; Amos 5:15; Psa. 119:128; 2 Cor. 7:11; 1 Thess. 1:9.

[4] Psa. 119:6, 59, 106; 2 Kgs. 23:25; tn. Luke 1:6.

[5] Ezek. 36:31-32; Ezek. 16:61-63; Isa. 43:25.

bayad na biyaya kay Cristo.[6] Datapwa't ang pagsisisi ay lubhang kailangan ng lahat ng makasalanan na walang sinumang dapat umasa na mapapatawad siya ng wala ito.[7]

4. Walang kasalanan na napakaliit na ito ay hindi nararapat na maghatid ng kapahamakan.[8] Wala ring kasalanan na napakalaki na makapagdadala ito ng kapahamakan doon sa tunay na nagsisisi.[9]

5. Walang sinuman na dapat masiyahan sa pagsisisi na ukol sa pangkalahatang kasalanan. Subali't ang lahat ay may katungkulan na magsikap na magsisi sa bawa't isang kasalanan na nagagawa niya.[10]

6. Tungkulin ng bawat isa na magsisi sa kanyang mga kasalanan sa harapan ng Diyos at manalangin na patawarin siya sa kanyang mga kasalanan.[11] Sapagka't sinuman ang nagsisisi sa kanyang mga kasalanan, humingi ng tawad, at iwanan ang mga iyon ay makakatanggap ng awa.[12] Gayundin, sinuman ang nakatisod sa isang kapatid o sa iglesia ni Cristo ay kailangang nakahanda na magsisi ng hayagan sa publiko o kaya ay doon sa mga natisod niya.[13] Pagkatapos nito, sila ay kailangang magkasundo at tang-

(which is God's act of free grace in Christ); yet repentance is so necessary for all sinners, that no one may expect pardon without it.

4. No sin is so small that it does not deserve damnation. Nor is any sin so great that it can bring damnation upon those who truly repent.

5. No one should be satisfied with a general repentance; rather, it is everyone's duty to endeavor to repent of each particular sin, particularly.

6. It is the duty of each one to make private confession of his sins to God, praying for pardon (and whoever confesses his sins, prays for forgiveness, and forsakes those sins shall find mercy). Similarly, anyone who has scandalized a brother, or the church of Christ, ought to be willing by private or public confession, and sorrow for his sin, to declare his repentance to those that are offended, who are then to be reconciled to him and

[6] Hos. 14:2, 4; Rom. 3:24; Eph. 1:7.

[7] Luke 13:3, 5; Mark 1:4; Acts 17:30-31.

[8] Rom. 6:23; Gal. 3:10; Matt. 12:36.

[9] Isa. 55:7; Rom. 8:1; Isa. 1:16-18.

[10] Psa. 19:13; Matt. 26:75; Luke 19:8; 1 Tim. 1:13, 15.

[11] Psa. 32:5-6; Psa. 51:1-14.

[12] Prov. 28:13; Isa. 55:7; 1 John 1:9.

[13] Jas. 5:16; Luke 17:3-4; Josh. 7:19; tn. Matt. 18:15-18.